Marso 2011

Centre for Humanitarian Dialogue

Mediation for peace

Gawaing pangkapayapaan sa Asya at Pasipiko: Partisipasyon, Pananaw, at Prioridad ng Kababaihan

Women at the Peace Table **Asia Pacific**

Copyright

Centre for Humanitarian Dialogue
114, rue de Lausanne
Geneva 1202
Switzerland

t + 41 22 908 11 30
f +41 22 908 11 40
e info@hdcentre.org
w www.hdcentre.org

© Centre for Humanitarian Dialogue, 2011

Ang reproduksyon ng ilan o lahat ng bahagi ng publikasyong ito ay maaaring payagan kung may nakasulat na pahintulot at akmang pagkilala sa mga may akda.

Patnugot: Cate Buchanan (cateb@hdcentre.org)

Design at layout: Rick Jones (rick@studioexile.com)

Pagsalin mula sa Ingles: Jimmuel C. Naval, Ph.D., Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City (Pebrero 6, 2012)

Contents

Talaan ng mga ilustrasyon 4

Pagpapasalamat 5

Paunang Salita 6

1. Introduksiyon Cate Buchanan 8

2. Mindanao Irene Morada Santiago 24

3. Sri Lanka Kumudini Samuel 38

4. Indonesia Rohaiza Ahmad Asi, Cate Buchanan, Irine Hiraswari Gayatri, Akiko Horiba, Lidya Christin Sinaga, Septi Satriani and Shienny Angelita 47

5. Timor Leste Rebecca Peters 60

6. Northeast India Rita Manchanda 69

7. Solomon Islands Rebecca Peters 92

8. Nepal Reecha Upadhyay 103

9. Mga Mungkahi 117

Annex 1 Pangunahing Internasyunal na Kalakaran 124

Annex 2 Mga Batis para sa kaguluhan ng mga partido at tagapamagitan 130

Annex 3 Mga Gabay para sa mga grupong tagapamagitan 134

Talaan ng mga ilustrasyon

Figure 1
Porsiyento ng gender na nakapuwesto sa pangunahing UN posisyon kaugnay ng paglutas ng kaguluhan 11

Box 1
Kasaysayan ng Kaguluhan
Ouseph Tharakan, HD Centre 26

Box 2
Kasaysayan ng Kaguluhan
Ouseph Tharakan, HD Centre 40

Box 3
Kasaysayan Ng Mga Bagong Kaguluhan Sa Indonesia 48

Box 4
Kasaysayan ng Kaguluhan 62

Box 5
Kasaysayan sa kaguluhan sa Northeast India
Ouseph Tharakan, HD Centre 70

Box 6
Kasaysayan ng Kaguluhan 94

Box 7
Kasaysayan ng Kaguluhan
Ouseph Tharakan, HD Centre 104

Box 8
A Pananaw ng isang Tagapamagitan
Ambassador Gunther Baechler, dating Swiss Special Adviser para sa Pagsusulong ng Kapayapaan sa Nepal sa pagitan ng 2005-2007 108

Pagpapasalamat

Nagpapasalamat ang HD Centre sa suportang ibinigay ng *Australian Agency for International Development* at ng *Open Society Institute* sa proyektong 'Women at Peace Table – Asya Pasipiko. Patuloy ang mahahalagang ambag ng mga kawani ng organisasyon para sa pagtatagumpay ng proyektong ito.

Ilang indibidwal ang tumulong para sa kritikal na rebyu at dagdag na kaalaman. Ito ay sina Seema Kakran, Karin Landgren, Rita Manchanda, Rama Mani, Ian Martin, Bandana Rana, at Irene Santiago.

Pinasasalamatan din sina Adam Cooper at Antonia Potter para sa detalyadong pag eedit at pagsasaayos ng burador. Malaki ang ambag nina Susanne Risser, Ouseph Tharakan, at Reecha Upadhyay sa pagwawasto ng mga impormasyon, batayang saliksik, at pagsasaayos ng mga sanggunian.

Malugod na pasasalamat ay naayon din sa mga nagsalin ng gawaing ito – si Jimmuel C. Naval ng Unibersidad ng Pilipinas at ang Women and Gender Institute ng Miriam College.

Paunang Salita

Isang kagalakan at karangalan na sulatin ang panimula ng napakahalagang publikasyong ito ng HD center ang Peacemaking in Asya Pasipiko: Women's participation, perspectives and priorities. Ang maikli at magagamit na publikasyong ito ay nagbibigay ng mga bagong ebidensyang kapakipakinabang sa mga nasa gawaing pangkapayapaan, hindi lamang para sa implementasyon ng UN Security Council Resolution 1325 at ang mga kapatid na resolusyon nito, maging sa simpleng paglikha ng isang mahusay na prosesong pangkapayapaan.

Habang ang isyu ng pakikilahok ng kababihan sa prosesong pangkapayapaan ay patuloy bilang tunay at nagliliyab na isyu sa ating mga nasa Nepal, ito ay isa ring gawaing global. Ang pagpapakita ng pamumuno upang makamit ang pantay na representasyon ng mga lalaki at babae sa mga makapangyarihang posisyon ay patuloy na nagiging isang hamong global, hindi nalalayo ang ganitong kalagayan sa organisasyong aking kinakatawan – ang United Nation (UN).

Ang pagtatalaga kay Margaret Joan Anstee (Special Representative ng Secretary General sa Angola 1992-93) bilang unang babae na naging puno ng anomang misyong pangkapayapaan o politikal sa UN ay naganap limampung taon pagkatapos nitong maitatatag. At labingpitong taon matapos italaga si Bb. Antsee, pangwalo pa lamang ako sa mga babae na itinalagang puno ng misyon nitong maagang bahagi ng 2009. Gayunpaman, nangangailangan pa ring makapagtalaga ang UN ng babae bilang tagapamagitan sa isang pangunahin at komprehensibong proseo at pagkakamit ng Gayunpamankasunduang pangkapayapaan.

Ang pagpapakita ng lumalaking saklaw ng saliksik kaugnay ng impluwensya ng kababaihan sa kasunduang pangkapayapaan ay nagpatunay ng mga benepisyo nito at kabutihang dulot sa lahat. Subalit ang pag-uugnay ng pakikilahok ng kababaihan sa negosasyong pangkapayapaan at mga mga dinanas nila, mahihinuhang nanatili pa ring sila bilang biktima. Ang publikasyong ito ay tumutulong upang ipaalaala sa atin ang karapatan ng mga kababaihan na

maupo sa negosasyon bilang pangunahing tagaganap kung saan nakataya ang kinabukasan ng kanilang bansa at pandaigdigang kapayapaan at seguridad. Ang mga kababaihan ay nabibilang rin doon bilang tagalikha ng desisyon at tagalutas ng mga problema.

Ang aming pagkakaluklok bilang mga babae sa matataas na posisyon sa nasyunal at internasyunal na antas ay isa nang tagumpay, subalit nananatiling kulang at nangangailangan ng dagdag na suporta. Noong Hunyo 2010 ay nakibahagi ako sa pandaigdigang open day campaign para sa Resolution 1325 sa Katmandu. Sa araw na iyon ay naalala kong lahat ang mga karanasan ng kababaihang dala at resulta ng kaguluhan sa Nepal, gayundin ang napakalaking resources mula sa pakikilahok ng kababaihan ng Nepal bilang kasapi ng Constituent assembly, aktibo sa civil society, o maging pagtugon sa isyu mula sa pananaw ng akademya. Ako ay naniniwala na ang mga tulad na kakayahan ay hindi lamang sa Nepal. Kailangan nating makita ang marami pang kababaihan dito at sa buong mundo na kalahok sa mga prosesong pormal at di pormal kung saan ang mga desisyon sa kapayapaan at seguridad ay ginagawa

Para sa katuparan nito, mahalagang magkaroon ng isang tukoy na stratehiya. Ang UN Department of Political Affairs at ang UNIFEM (ngayon ay UN Women) ay nagtakda ng estratehiya na higit na susuporta sa mas epektibong partisipasyon ng kababaihan sa lahat ng antas ng resolusyon ng tunggalian at mediyasyon. Kabilang dito ang pagbubuo ng kasanayang panggender kaugnay ng prosesong medyasyon – upang maunawaan ng mga mediator at lahat ng partidong kasangkot, ang implikasyon sa karapatan ng mga kababaihan ng mga bubuuing kasunduanIkalawa, layunin nitong magtatag ng isang mabuting balaseng gender sa hanay ng mga mediator, na may pagdidiin sa aspektong ito bilang integral sa negosasyon at hindi dagdag na katagian lamang. At ikatlo, layon nitong palahukin ang mas maraming kababaihan sa labas ng mga negosasyon upang iparating ang kanilang mga prioridad sa pangunahing tagaganap sa pag-uusap pangkapayapaan.

Ang publikasyong ito ay napakahusay na kontribusyon sa pagkakamit ng mga nabanggit na layunin, hatid ang kaalaman hindi lamang kaugnay sa benepisyo at sagka sa partisipasyon ng kababaihan, kundi mga estratehiyang maaaring isagawa para maisakatupran ang mga ito. Isa itong mahalagang babasahin para sa lahat ng may seryosong interes hindi lamang sa prosesong pangkapayapaan sa Asya Pasipiko kundi sa mga prosesong pangkapayapaan sa buong mundo.

Karin Landgren
Kinatawan ng Secretary-General, United Nations Mission sa Nepal,
Kathmandu, Enero 2011

1. Introduksiyon

Cate Buchanan, HD Centre

." . . sa digmaan at kapayapaan, kung saan ang kamatayan ay hindi pumipili ayon sa kasarian, nagsimula na ang isang pagbabago sa tradisyong pinananatili ang mga kababaihan sa kanilang mga tahanan at pamayanan samantalang ang malawak na pamamalakad ng pamahalaan ay nakalaan sa mga kalalakihan."[1]

Noong Oktubre 2010, ipinagdiwang ang ika-10 anibersaryo ng paglulunsad ng UN Security Council Resolution (SCR 1325). Mula sa mga karanasan ng mga babaing tagapagtaguyod ng kapayapaan sa iba-ibang mga bansa, ay inilalahad ng publikasyong ito kung bakit nananatiling mababa ang bilang ng kinatawan ng kababaihan sa prosesong pangkapayapaan, at alamin ang mga kongkretong opsyon para palawakin ang kontribusyon ng mga kababaihan sa pagtataguyod ng kapayapaan sa parehong usapin ng kantidad at substantibo.

Bilang unang resolusyon ng Security Council para kilalanin ang mga pangangailangan at kontribusyon ng mga kababaihan sa iba't ibang mga isyu kaugnay ng kapayapaan at seguridad, ang SCR 1325 ay nabuo a mula sa mga dekada ng mga gawain mula CEDAW (Convention to End Discrimination Against Women) noong 1979 hanggang sa Beijing Platform for Action noong 1995 kasama ang iba pang resolusyon ng UN at karagdagang internasyunal na mga batas upang siguraduhin at palawakin ang karapatan ng kababaihan.[2]

---

1 Zoll, Miriam H., "Women start taking their places at the peace table," *American News Service,* January 25, (2001), p.1. www.peacewomen.org/assets/file/Resources/Academic/Disp-PartPP-Rep_PeaceTable_Zoll.pdf. Accessed September 12, 2010.

2 Para sa mas maikli ngunit kumpletong tala ng kasaysayan nito tingan ang, Gierycz, Dorota, "Women, Peace and the United Nations: Beyond Beijing" in Skjelsbaek, Inger and Smith, Dan (Eds.), *Gender, Peace and Conflict* (London: International Peace Research Institute, Oslo and Sage Publications, 2001), pp.14-31. Tingan rin ang, Mesa, Manuela, "Women, Peace and Security: Resolution 1325 on its Tenth Anniversary," in, *Yearbook Peace Culture 2010. Culture of Peace: A concept and a campaign revisited,* Ratkovic, Viktorija and Wintersteiner, Werner (Eds), (Austria: Centre for Peace Research and Peace Education, 2010), pp.104-125.

Ginamit ang SCR 1325 sa maraming pagkakataon upang patingkarin at isulong ang pagkikibahagi ng kababaihan upang wakasan ang digmaan at karahasan, mapanatili ang kapayapaan, at muling maitayo ang lipunang winasak ng digmaan. Bahagi sa pagsusulong ng mga gawaing ito ay ang partikular na pagbibigay halaga ng resolusyong sa atensyon para sa mga karapatan at pangangailangan ng kababaihan at mga batang babae, at ang pagpigil sa karahasang nakabatay sa gender sa panahon na nagaganap ang labanan at pagkatapos nito. Lalo pang kinakitaan ng pagsusulong ang mga usaping ito nitong mga nagdaang taon, kaugnay ng pagpasa ng mga SCR 1820 (2008), 1888 (2009), at 1960 (2010) mga resolusyong binuo at pinalakas na SCR 1325. (Tingnan ang Annex 1, Key International norm, para sa iba pang detalye.)

Ang momentum at ekspektasyon sa ganitong kalakarang ito ay kailangan sa kung saan dala-dala ng prosesong pangkapayapaan ang pagsasama ng mga makapangyarihang posisyong politikal at militar-na karamiha'y lalaki – upang magsagawa ng negosasyon na kumakatawan sa partidong sangkot sa kaguluhan at hindi ng mga taong apektado nito. Hindi nakapagtataka na ang mga resolusyon sa kaguluhan ay sumasalamin sa lalo pang pagbabalewala sa kababaihang patuloy na nakararanas nito sa usaping sosyal, kultural, politikal, at ekonomikal sa buong mundo.Samakatuwid, intensyon ng mga kalakaran na nabuo mula sa mga usaping ito ang pagtitiyak na ang perspektibong pangkasarian ay naisasagawa sa lahat ng mga gawain sa prosesong pangkapayapaan. Taliwas sa mali at popular na paniniwala, hindi ito kumplikado, teknikal na pang agham panlipunan; ang simpleng pakahulugan lamang nito ay ang pagbibigay atensyon sa iba't ibang paraan kung papaanong ang mga lalaki at babae, batang lalaki at batang babae, ay naaapektuhan ng karahasan ng kaguluhan at kung paano makatutulong sa sustinableng resolusyon nito. Ang mulat na aplikasyon ng mga 'lenteng' pangkasarian sa 'mga tool kit' ng resolusyong pangkaguluhan ay mahalaga dahil bihira sa mga kalalakihan (kung di lahat) na tinatanong ang kanilang identidad sa pamamagitan ng "mga lente," subalit para sa maraming babae, hindi ito maiiwasan dala na rin ng marginalisasyon at opresyon sa kanila.

Ang ibig sabihin nito ay ang ang pagsasagawa ng resolusyon sa kaguluhan sa pamamagitan ng dalawang anggulo:

- ang anggulo ng mga bilang – pagtugon sa mababang antas ng pakikilahok ng mga kababaihan sa direktang pagtataguyod ng kapayapaan bilang negosyador, tagapamagitan, kinatawan, at nakatatandang tagapayo, sa pamamagitan ng sistematikong pagtatalaga ng competent, kwalipikado, at committed na kababaihang sinusuportahan ng ibat' ibang grupo.

- ang anggulo ng nilalaman – pagtugon sa kakulangan ng masigasig na mga hakbang sa kasuduang pangkapayapaan na magpapalakas sa karapatan ng kababaihan at pagtitiyak na nailalapat ang perspektibang pangkasarian.

Ang introduksiyong ito ay nagbibigay ng pangkalahatang pananaw sa mga mahalagang isyu kaugnay sa paggampan sa dalawang anggulong ito at pagtatampok sa mga nilalamang nakabatay sa datos ng bansa sa publikasyong ito at magtatapos sa isang set ng praktikal na rekomendasyon. Layunin nito na tumulong sa mga tagapagpadaloy ng prosesong pangkapayapaan na makalampas sa mga potensyal na nakabibigong mga konsepto at semantika upang gawing makatotohanan kapwa ang mga internasyunal na kalakaran at inaasahang pagturing sa kababaihan bilang kapantay at maaasahang pinuno at kalahok sa mga gawaing pangkapayapaan.

Ang anggulo ng mga bilang: representasyon ng kababaihan sa Pag-uusap pangkapayapaan

Malinaw na sinasabi sa SCR 1325 at SCR 1889 ang pagtatalaga ng maraming kababaihan bilang espesyal na kinatawan at sugo, at sa mga partido sa kaguluhan na isama ang kababaihan sa mga deliberasyon para wakasan ang digmaan. Ang panawagang ito ay di pa gaanong nabibigyan na kaukulang hakbang.

Ayon sa pananaliksik noong 2009 ng 21 pangunahing kasunduang pangkapayapaan mula 1982, lampas lamang sa dalawang porsyento ng mga pumipirma sa mga kasunduang pangkapayapaan ang babae; wala pang babaing itinatalagang puno o pangunahing tagapamagitan sa mga usaping pangkapayapaan na itinaguyod ng UN; at sa 10 kaso kung saan may makukuhang impormasyon, mababa pa sa anim na porsiyento ang bilang ng babaing kalahok sa delegasyong nakikipagnegosasyon.[3]

Nagpalala pa sa mababang representasyon ng mga babae sa negosasyon ng kapayapaan ay ang katotohanan na ang propesyon ng Track One mediation ay halos eksklusibong panlalaki. Ang 66 sa 91 bilang ng mataas naposisyong itinalaga sa UN ay may mandato na may partikular na kaugnayan sa kaguluhan, sa loob man ng isang bansa o tungkol sa mga isyu at paksa.[4] Sa

3 UNIFEM, *Women's Participation in Peace Negotiations: Connections between Presence and Influence,* (New York: UNIFEM, 2009).

4 Meodolohiya: 60 na bansa na may kanya-kanyang papel (DRSG, SRSG etc) ang pinag-aralan kasama ang 31 pang itinalaga. Ang mga, SRSGs para sa mga sumusunod: Children and Armed Conflict; Human rights for IDPs: Prevention of Genocide; Sexual Violence in Conflict; and, Violence against Children, at ang Special Adviser to the SG on the Prevention of Genocide ay isinama, www.un.org/en/peacekeeping/sites/srsg/table.htm. Accessed February 25, 2011.

Figure 1: Porsiyento ng gender na nakapuwesto sa pangunahing UN posisyon kaugnay ng paglutas ng kaguluhan

○ Hinahawakan ng kababaihan (17%) ○ Bakante (2%) ● Hinahawakan ng kalalakihan (81%)

mga ito, 11 ay hawak ng kababaihan (17%) at isa ang bakante. Mula Enero 1, 2010 hanggang Enero 31 2011, 23 sa mga posisyong iyon ay napunuan na. Sa mga itinalagang iyon, apat ay babae (17% na muli).

Ang ganitong kalagayan ay mas lalong hindi kaaya-aya sa European Union. Sa 11 na espesyal na kinatawan sa mga lugar na may kaguluhan, isa ang lang ang babae (Rosalind Marsden, Sudan) at sya ang kauna-unahang babae na naitalaga.[5] Ang mataas na kinatawan ng EU sa Gawaing Panlabas at Polisiyang Pangseguridad na si Lady Catherine Ashton ay sumang-ayon na iulat ang balanse ng kasarian (at heograpikal) sa European External Action Service sa 2013, gayunpaman, tiyak na walang kaparusahan sa pagkabigong makapagtala ng mga pagbabago tungkol dito.[6]

Wala ring babaing kinatawan sa African Union Peace at Security Council, maliban sa Uganda at Kenya, ang mga tagapamagitan sa pangunahing pag-poproseso ng kapayapaan sa Africa ay puro lalaki (halimbawa sa Hilaga/Timog Sudan, Darfur, Burundi, Liberia, Sierra Leone, Cote d'Ivoire, Central African Republic, Zimbabwe, at ang Democratic Republic ng Congo).[7] Mababa rin ang porsyento ng pagtatalaga ng babae sa Organisation of American States (OAS) at lumalabas na hindi sila nagtalaga ng babae bilang tagapamagitan bagamat may mga babae naman sa ilang kaugnay na posisyong tungkol sa pamumuno.[8]

---

5 www.consilium.europa.eu/showpage.aspx?id=263&lang=EN
At the AU more generally there is one female Commissioner (out of 8) and two of the five AU Panel of the Wise are women.

6 Partikular ang Foreign Ministry of the European Union, tingnan www.eeas.europa.eu/index_en.htm. Tingnan din ang www.deljpn.ec.europa.eu/modules/media/news/2010/101020c.html? ml_lang=en

7 Sa AU karaniwan may isang babaeng Komisyoner (isa sa 8) at dalawa sa limang panel ng AU of the Wise ay babae.

8 Diskusyon sa pagitan nina Maria Fernanda Trigo, Deputy Director of the OAS Department of Democratic Sustainability and Special Missions at Rebecca Peters, HD Centre consultant, iba't ibang petsa ng Pebrero 2011. Claudia Vargas de Peréz ang Deputy Chief of Mission of the OAS project to support the Colombian peace process: www.mapp-oea.net/. Elizabeth Spehar ang siyang nag-koordineyt ng Technical Electoral Assistance Program na nagresulta sa eleksiyon noong 2006 Haiti. Itinalaga ng OAS Secretary General si Hilda Solis, US Secretary of Labor, bilang isa sa dalawang kinatawan niya sa Verification Commission on the Honduran crisis noong 2009. Tingnan www.oas.org/en/media_center/press_release.asp?sCodigo=E-360/09. Accessed 21 February 2011.

Maging sa hanay ng mga organisasyong di-gobyerno (NGO), na nagbibigay resolusyon sa kaguluhan, at mga operasyunal na programa, ay madalang din na pinamumunuan ng kababaihan (halimbawa sa HD Centre, Crisis Management Initiative, Carter Center, Communita di Sant'Egidio at Concilliation Resources).

Nasaan kung gayon ang kababaihan? Ang madalas na sagot ay ang kakulangan ng mga kwalipikadong babae. Gayunpaman, hindi ito sinusuportahan ng tunay na kalagayan at pagkukumpara sa mga lalaking tagapagtaguyod ng kapayapaan. Ang pinakaangkop na paliwanag marahil ay ang kakulangan sa 'kumpyansa at opurtunidad.' Noong 2010, nagsagawa ng maraming roundatable discussion ang HD Centre sa rehiyong Asya at Pasipiko: isang pulong sa Jakarta, Indonesia noong Marso; isang pulong sa Aceh noong Hulyo; at buong-rehiyong pulong sa Nepal noong Setyembre.[9] Hindi naging mahirap ang paghahanap ng mga babaeng may karanasan, mga naging kalahok sa prosesong kapayapaan at mga analyst sa mga pulong na iyon. Tinipon sa mga nasabing pulong ang mga kababaihang nagnilay sa kanilang mga karanasan, tagumpay, at pagkabigo kaugnay ng pagtataguyod ng kapayapaan. Tatlo ang madalas na dahilang nakikita bilang mga hadlang: ang kawalang kakayahang mapasok ang network ng kalalakihan; pagdududa at kakulangan ng tiwala sa sarili; at ang kakulangan sa pagkilala na ang kakayahan at abilidad ng kababaihan ay maaaring ilipat sa pagtataguyod ng kapayapaan (kaiba sa bilang ng kalalakihan na marami sa lugar subalit kakaunti o wala namang pormal na kasanayan). Habang nasisimulan nang makilala ang pakikilahok ng mga kababaihan sa lahat ng antas ng usaping sa kaguluhan at kapayapaan sa grassroots, ang argumentong nagsasabi na hindi sila kwalipikado para sa aktuwal na negosasyon ay unti-unting napapawalan ng katotohanan.

Hindi nakatutulong sa *kumpyansa* ng kababaihan o sa kanilang presensya na hindi pa rin empirikal na napapatunayan ang magiging epekto kung magkakaron ng ciritical mass na 40 porsiyentong kababaihan sa negosasyong pangkapayapaan. Tunay nga na ang mayamang bilang ng babasahin na nagmumungkahi ng impluwensya ng kasarian sa negosasyon ay malalim na.[10]

---

9 Tingnan www.hdcentre.org/projects/gender-amp-mediation/issues/women-peace-table-–-Asya-Pasipiko

10 Hindi kumpletong Mungkahi: Babcock, Linda and Lashever, Sara, *Women Don't Ask: The High Cost of Avoiding Negotiation and Positive Strategies for Change,* (New York: Bantam Books, 2007); Alvesson, Mats and Due Billing, Yvonne, *Understanding Gender and Organizations,* Second edition, (London: Sage, 2009); Putnam, Linda L and Kolb, Deborah M., "Rethinking Negotiation: Feminist Views of Communication and Exchange," *Center for Gender in Organizations, Working Paper Number 7,* (Boston: Simmons School of Management, 2000, January); Bowles, Hannah Riley, Babcock, Linda and McGinn, Kathleen L., "Constraints and Triggers: Situational Mechanics of Gender in Negotiation," *Kennedy School of Government Faculty Research Working Paper Series RWP05-051,* (Boston: Harvard University, 2005); Kolb, Deborah M and Coolidge, G.G, "Her place at the Table," in JW Breslin and JZ Rubin (Eds), *Negotiation Theory and Practice, The Program on Negotiation,* (Massachusetts: Harvard Law School, 1991), pp.261-277.

Gayunpaman, ang pagpilit na sumang-ayon sa kalakaran sa mga proseso ay nananatiling napakalakas. Halimbawa, ang pakikilahok ni Shadia Marhaban, ang tanging babae sa usapin ng kapayapaan sa Aceh noong 2005, ay nagbigay duda sa resulta ng negosasyon.[11] Sabi nga ng mga babae na nagkaroon ng ganitong karanasan "kailangan naming pumasok sa ganitong proseso bilang lalaki at hindi bilang babae."[12] Sa kabuuan, lumalabas na "ang mga babae ay naghihintay na tanungin upang maging bahagi ng proseso ng kapayapaan, samantalang ang mga lalaki ay isinisiksik nila ang kanilang sarili."[13]

Ang sosyalisasyon at opresyon na nararanasan ng maraming kababaihan ay isang kabalintunaang malimit nagbibigay sa kanila ng pangunahing kakayahan para maging matagumpay sa pagbibigay resolusyon sa kaguluhan: pagkonsidera sa "iba;" pagkilala sa mga usapin ng kompromiso; pakikisimpatiya; aktibong pakikinig; pagbibigay atensyon sa detalye; at pagbubuo ng consensus. Ang mga kakayahang ito ay malimit itinuturing na pambabae (minsan itinutukso pa), subalit kailangan ring gamitin ng mga lalaking tagapamagitan upang makausad sa negosasyon. Sabi nga ng isa sa pinakamatandang babae sa larangan ng medyasyon na si Teresita Quintos Deles na "kapag ang kababaihan ay nasa mataas na posisyon, mas malawak ang pananaw nila sa negosasyon, pinalalawak ang mga espasyo, kinokonsider ang mga posibilidad para sa kalagayan ng "iba".[14]

Ang iba pang mga dahilan ng ekslusyon – eksternal at sariling-tulak – ay maaaring iugnay sa palagiang di pantay na responsibilidad ng mga babae at lalaki bilang tagapag-alaga ng mga bata at nakatatanda. Karaniwang ang negosasyong pangkapayapaan ay ginaganap sa isang neutral na lugar at malayo sa labanan. Para sa maraming babae, ang mahal na halaga ng pasahe, ang mga gawaing bahay na hindi maiwan at ang usapin ng seguridad ay nangangahulugan nang hindi nila pakikilahok. Ang mga negosyador mula sa grupo ng mga rebelde at armadong kilusan ay masyadong delikado. Tulad nga ng sinabi ni Shadia Marhaban: "Noong nagkikipag- negosasyon ako sa Aceh, nasa

---

11 Repleksiyong nabuo sa Experts Meeting: Women at the Peace Table – Asya Pasipiko, Kathmandu, Nepal - September 27-30, 2010. Organised by the Centre for Humanitarian Dialogue in collaboration with Women in Security, Conflict Management and Peace and the Alliance for Social Dialogue.

12 Mga Komento sa Experts Meeting noong Setyembre 2010 sa Nepal sa ilalim ng batas ng the Chatham House.

13 Mga Komento sa Experts Meeting noong Setyembre 2010 sa Nepal sa ilalim ng batas ng the Chatham House. Para sa mas interesanteng eksplorasyon ng ganitong reyalidad tingnan ang Babcock, Linda and Lashever, Sara, *Women Don't Ask: The High Cost of Avoiding Negotiation and Positive Strategies for Change,* (New York: Bantam Books, 2007).

14 Pakikipag-usap kay Cate Buchanan, HD Centre sa Manila, July 2010.

panganib ang aking seguridad. Dapat itong mabigyan ng pansin ng mga tagapamagitan at ng ikatlong partido. Kung ako ay nakatira sa Aceh noong panahong iyon, magdadalawang isip akong sumali sa usapang pangkapayapaan para sa kaligtasan ng aking pamilya."[15]

Gayunpaman, ang karamihan sa mga tagapamagitan at tagapagpadaloy ay matatandang lalaki na ang edad ay 50 hanggang 75 na taong gulang. Kung ang mga babaing tagapamagitan ay manggagaling din sa ganoong mga edad, tapos na sila sa yugto ng pag-aalaga ng mga bata at matatanda kaya hindi na ito malaking hadlang sa kanilang pakikilahok sa negosasyon.[16] Samantala, para sa mas nakababatang kababaihan na may kaparehong papel din sa proseso ng kapayapaan (halimbawa bilang tagapayo) subalit mga nanay at tagapag-alaga pa, isang malaking hamon ang pagbibiyahe at pagsuporta sa kanila.

Subalit kung gagamitan ng imahinasyon, pagiging malikhain, kabatirang politikal at sapat na pinansya – na lahat ay pananda ng matagumpay na resolusyong pangkapayapaan – ang lahat ng mga isyung ito ay madaling hawakan. Kabilang rito ang pagbibigay ng pondo, alternatibong pagsasaayos ng pangangalaga sa maiiwan, maayos na pagpaplano ng seguridad at iba pang probisyon sa proseso ng kapayapaan.

Kahit pa nalampasan nang mga kababaihan ang iba't ibang kahingian tulad ng kakayanan, kwalipikasyon at pisikal na kakayahan, kakaharapin pa rin nila ang mga problema ng maling pagpapalagay o tokenismo. Dahil kadalasang naisansantabi ang isyu ng kasarian sa ganitong usapin, ang ilang kababaihan sa prosesong ito ay mabilis na tinitignan lamang bilang 'isyu ng kababaihan' o isyung pangkawanggawa.' May ilang kababaihang sinubok ang kabaligtaran nito upang baguhin ang persepsyon. Tulad ng sinabi ng isang kalahok sa isang pulong sa Nepal noong 2010: "Bilang isang negosyador sa proseso ng kapayapaan, natatandaan kong hindi ko masyadong tinalakay ang isyu ng gender upang hindi ako maisaisantabi. Baka kasi tatakan nila ako bilang isang 'gender person' at wala nang makinig sa akin." Kaya dinebelop ko na lang ang kahusayan ko sa ibang sangkay ng proseso ng kapayapaan tulad ng kakayahan ko sa ceasefire kung saan pwede ko rin naman ipasok doon ang isyu ng kasarian o gender."[17]

Saan hahanapin kung gayon ang kababaihang may kakayahan? Kung ang mga parliamento at asamblea ay hindi na nagluluwal ng mga babaeng may

15 Repleksiyon sa Experts Meeting noong Setyembre 2010 sa Nepal.

16 Potter, Antonia, "We the Women: Why conflict mediation is not just a job for men," *Opinion Piece* (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2005).

17 Mga Komento sa Experts Meeting noong Setyembre 2010 sa Nepal sa ilalim ng batas ng the Chatham House.

> “Ang participasyon ng mga kababaihan sa mga gawaing ito ay hindi lamang dahil ito ang ‘mabuting gawain’ Hindi natin ginagawa ito upang bigyang pabor ang ating mga sarili o silang mga kababaihan na nasa gawaing pangkapayapaan. Ito ay isang kahingian para sa global na seguridad.”
>
> United States Secretary of State, Hilary Rodham Clinton, ika-16 ng Oktubre, 2010

potensyal, ipinapakita ng karanasan na walang dudang ang pinakamalaki at may kakayahang mapagkunan ng may gantiong kasanayan at ang hanang ng civil society. Ang mga kinatawan ng civil society ay unti-unti nang natatanggap ng mga tagapamagitan (bagama’t hindi gusto ng iba) upang maging kritikal na tagaganap sa pamamahala at kailangan nang maging sistematikong kalahok sa prosesong pangkapayapaan. Paliwanag nina Christine Bell at Catherine O’Rouke: “Ang promosyon ng partisipasyon ng lokal na kababaihan ay tumatayo rin sa pagiging lehitimo at samakatuwid tumutulong sa implementasyon ng mga resulta kung saan hindi ito ipipilit ng mga tagapamagitan. Ang pagtatakda ng mga mekanismo na isama ang mga lokal na kababaihan sa proseso ng kapayapaan ay kasing halaga rin ng paggamit sa mga babae bilang tagapamagitan.”[18]

Sa konklusiyon, walang kakulangan ng mga babae na may kakayahan, kwalipikado, at higit na komited upang tumaya sa kapayapaan sa lahat ng bansa na nababalot ng kaguluhan. Subalit ang mga hadlang ay patuloy pa rin pumipigil sa kanilang paglahok, at kailangan na sistematikong itulak ang lokal na kababaihang negosyador at tagapamagitan ng kapayapaan na makasama sa usapan at kasunduan sa kapayapaan at dapat silang bigyan ng ispesipikong suporta upang matiyak ito. Magkakaroon ito ng mapanghikayat na epekto sa kapwa internasyunal na babaeng kinatawan at sugo, at sa lokal na negosyador ng kapayapaan kung ang bilang nila ay makikitang tumataas sa minimum na 40%. Tulad din ng sinabi ng Kalihim ng Estados Unidos na si Hilary Rodham Clinton na: “ang partisipasyon ng mga kababaihan sa mga gawaing ito ay hindi lamang para sa “paggawa ng mabuti.’ At hindi rin natin ginagawa ito upang

18 Bell, Christine and O’Rourke, Catherine, “Peace Agreements or Pieces of Paper? The Impact of UNSC Resolution 1325 on Peace Processes and Their Agreements,” *International and Comparative Law Quarterly,* Vol. 59, October (2010), p.39.

bigyang pabor ang ating mga sarili o silang mga kababaihan san a nasa gawaing pangkapayapaan. Ito ay isang kahingian para sa global na seguridad."[19]

Ang anggulong substance: nilalamang pangkasarian sa kasunduang pangkapayapaan

Ang kasuduang pangkapayapaan ay may iba't ibang estilo at sukat: mula sa pinakamaliit (hal. Aceh 2005) sa pinakamalaki (hala. Darfur 2005) at sa tatlong susing anyo: tigil-putukan, balangkas at implementasyon ng kasunduan. Sa pagitan ng mga pagkakaibang ito ay may konsistensi sa mahina o hindi nakikitang nilalaman tungkol sa pagkakapantay-pantay at katarungan kaugnay ng kasarian o gender. Binanggit nga nina Bell at O'Rourke: *"Ang partikualr na pagsaalang-alang sa kababaihan ay mahalaga sa lahat ng tatlong yugto… Lalo pa at hindi natitiyak ng mga term ng kasunduang pangkapayapaan ang implementasyon ng mga probisyon nito, ang pagtanggal sa isang isyu ay hindi nangangahulugan na hindi ito mabibigyan ng solusyon sa tunay na kalagayan, at ang mga isyu na hindi partikular na binanggit sa kasunduan ay mahirap unahin matapos ang kasunduan kung saan ang internasyunal na mekanismo sa implementasyon at daloy ng donasyong pondo ay mula sa mga prioridad na nakasaad sa kasunduan."*[20]

Ang mga karanasan ng kababaihan sa digmaan sa halos lahat ng kaso ay naiiba sa mga lalaki batay sa kanilang pangangailangan, depinisyon ng seguridad at pagkatapos nito. Kadalasang sa isang usapang pangkapayapaan (at sa resulta ng kasunduan), ang perspektiba ng kababaihan ay 'nagiging isang eupemismo para sa lipunan o isyung pangkawanggawa' o isinasama sa mga usapin tungkol sa mga bata, mga matatanda at iba pang grupong biktima o marginalized.[21] Ang ilan sa tiyak na kahingian ng mga kababaihan na hindi natutugunan sa mga kasunduang pangkapayapaan maliban kung may mga babae at sensitibong mga lalaki na kalahok ay ang: proteksyon at hustisya para sa karahasang nakabatay sa gender at karahasang sekwal, makabuluhang representasyon sa kaayusan ng pagbabahagian ng kapangyarihan; karapatan sa lupa, serbisyong sosyal at pagkakataong magbigyan ng trabaho para sa mga balo at nagbabalik-loob sa pamahalaan; at pagbibigay-pansin sa mga ispesipikong pangangailangan ng lahat ng lumalaban o armado at ang mga komunidad na kanilang babalikan.

19 Secretary Clinton's speech sa UN on Women, Peace and Security, 26 October 2010. Makikita sa: www.america.gov/st/texttrans-english/2010/October/20101026152400su0.3725353.html#ixzz14NGnpq1n. Accessed 25 February 2011.

20 Bell, Christine and O'Rourke, Catherine (2010), p.7.

21 Mga Komento sa Experts Meeting noong Setyembre 2010 sa Nepal sa ilalim ng batas ng the Chatham House.

Mali ang palagay na ang kasunduang pangkapayapaan ay neutral kaugnay ng kasarian at kung gayon ay hindi problematiko o progresibo. At tulad ng sinabi ni Donald Steinberg: ." . . ang isang kasunduang pangkapayapaan na pinagpapalagay ang sarili na neutral sa usapin ng kasarian, ayon sa depinisyon, ay nagpapakita ng diskriminasyon laban sa kababaihan at maaaring bumagsak"[22]. Dagdag na ebidensya sa pagbagsak nito dahil sa hindi maingat na pagbibigay halaga sa usaping gender ay ipinapakita sa mga sumusunod:

- Apat na porsyento lamang sa mga kasunduan ay nagbibigay pansin sa karahasang sekwal o nakabatay sa gender;
- Ang mga may pagpapatungkol sa kababaihan o sa gender ay matatagpuan lamang sa 16 na porsyento ng mga kasunduang pangkapayapaan;
- Tumaas mula 11% patungong 27% ng kasunduang pangkapayapaan ang nagbibigay-pansin sa kababaihan mula nang nagkarooon ng kasunduang SCR 1325;
- Ang mga kasunduang nagtapos bago at pagkatapos ng SCR 1325 ay may mas malaking posibilidad na maglagay ng usaping kababaihan kung ang kasunduan ay may mataas na antas ng pakikilahok at control mula sa lokal.[23]

Mahalaga ba?

Kung ang magiging resulta ay ang pagtatapos ng karahasan at bagong anyo ng kapayapaan, mahalaga pa ba kung sino ang nakipaa-ayos para sa kasunduan? Tiyak naman na ang pinakamahalaga sa lahat ay magtapos ang karahasan at kung ang ibig sabihin nito ay dodominahan ng kalalakihan ang proseso ng kapayapaan, hayaan na lamang na ganito. Mahalaga ba kung ang mga pahayag ay walang ispesipikong pagtukoy sa gender? Maraming iba pang isyu na hindi pa nabibigyan ng pansin. Nitong mga nakaraang taon, ang sinikong pangangatwiran na tulad nito ay naging tampulan ng pagtatalo dala ng pagdami ng kababaihan at ilang kalalakihan ang nagpapahayag ng kanilang boses kaugnay ng naging bunga at pangmatalagang epekto sa di pagsali at pagsasantabi sa kababaihan sa iba't ibang proseso na nagaganap upang wakasan ang digmaan at karahasan. Sapagkat hindi isinama ang mga tinig ng kalahati ng populasyon, sinasabi ng mga kritiko na ang mga kasunduang pangkapayapaan na dinomina ng kalalakihan ay hindi ganap na makakapagbahagi

22 Steinberg, Donald, *Beyond Words and Resolutions: An Agenda for UNSCR 1325,* (Brussels: International Crisis Group, 2010, June 30), p.4.

23 Bell, Christine and O'Rourke, Catherine (2010).

> Sa hindi pagsasama sa tinig ng kalahati ng populasyon, sinasabi ng mga kritiko na ang mga kasunduang pangkapayapaan na dinomina ng kalalakihan ay hindi ganap na makakapagbahagi sa isang makatarungang lipunan.

sa isang makatarungang lipunan. Ayon sa obserbasyon ni Satbeer Chhabra, *"Kapag lumalahok ang mga kababaihan sa negosayon para sa kapayapaan at sa pagsasaayos at paghuhulma ng isang kasunduan pangkapayapaan, nasa kanilang isipan ang pag-iingat sa kinabukasan ng kanilang pamayanan at mga komunidad. Ang inaalala nila ay kung papaano makakapamuhay ang kanilang mga anak at apo sa kanilang bayan at ano ang mapapakinabangan nila sa kasunduang ito."*[24] Ang mga kasunduang dinominahan ng kalalakihan ay may tendensyang nakatutok sa isyu ng kapangyarihan, at lumiliit ang pagbanggit sa mga pangunahing isyu ng ekslusyon/inklusyon, panlipunan at katarungan na dala-dala ng digmaan. Kapag hindi sistematikong isinama ang kababaihan, ang palagiang mga isyu sa proseso ng kapayapaan tulad ng pagbabahagian sa kapangyarihan, debolusyon, awtonomiya, repormang konstitusyonal, repormang parlyamentaryo, pagkakaroon ng lupa at ari-arian, reporma sa sistema ng seguridad- ay bahagi lamang na natutugunan kapag nagagawa ang isang kasunduang gender-blind.

Ipinapakita ng ilan sa mga halimbawa ng negosasyon sa kapayapaan, mula sa Sudan at Northern Ireland na ang mga isyung isinusulong ng kababaihan ay may pagkiling (kasama ang karapatang pantao, kabayaran sa biktima, kalusugan at edukasyon) para sa benepisyo ng buong populasyon. Sabi nga ni Antonia Potter habang "hindi pa lahat ng isyu at lahat ng nuance" ay naisasaayos, ang paglalapat ng perspektibang nagsasaalang-alang sa gender ay nagpapayaman ng bisyon, mga diskusyon at marahil mga kasunduan tungkol sa kaaayusan matapos ang digma, kapayapaan at pag-unlad.[25]

---

24 Chhabra, Satbeer, Gender Perspective in Peace Initiatives, Women Development Division, NIPCCD New Delhi: NIPCCD, 2005), p.4.

25 Potter, Antonia (2008), p.58. Tinukoy ni Potterna sa Liberia, El Salvador at Sri Lanka ang mga kababaihang kinatawan sa usapang pangkapayapaan ay nakapaghain ng mga ispesipikong mungkahi sa isyu ng pag-aalis ng armas, demobilisasyon at reintegrasyon mula sa pananaw ng mga komunidad, karaniwang pinamumunuan ng kababaihan, na silang tatanggap ng mga nagbabalik lob. Kung kaya ang isyu ng mga sundalo ay tiningnan mula sa dalawang perspektibo, sa halip na mula lamang sa pangangailangang ng mga sundalo. Tingnan din, Bell, Christine, "Women Address The Problem of Peace Agreements," in Coomaraswamy, Radhika and Fonseka, Dilrukshi (Eds), *Peace Work: Women, Armed Conflict and Negotiation,* (India: Women Unlimited, 2004), pp.96-126.

Pokus sa Asya at Pasipiko

Ang publikasyong ito ay nagbibigay ng maikli at nangangailangang mapili na paglalahad ng kontribusyon ng mga kababaihan bilang tagapagtaguyod ng kapayapaan sa Asya at Pasipiko sa loob ng mahigit 10 taon. Ang rehiyon ay isa sa may pinakamalayong gap sa usapin ng gender o kasarian sa konteksto ng talaan ng pagsulong ng humanidad sa buong mundo. Halimbawa, isa ito sa may pinakamababang politikal na representasyon ng kababaihan at halos kalahati ng mga matandang babae sa Timog Asya ay di nakapag-aral.[26] Nananatili pa ang ibang kabalintunaan. Sa kabila ng ganitong nakapanlulumong estadistika, halos lahat ng bansa sa Timog Asya ay may babae sa pangunahing posisyon sa kanilang pamahalaan kabilang ang Pangulo at Punong Ministro, samantalang bihira ito sa Europa, at hindi pa nangyayari sa Amerika. Bagama't ayon sa iba, naging possible ang ganito dahil ang mga naturang mga babae ay asawa o anak ng isang makapangyarihang lider na lalaki. Marami ring kababaihan sa Asya ang humahawak ng mga posisyong ministerial tulad ng Foreign Minister. Mayroon ding ilang nakapupukaw na pag-unlad sa rehiyon kaugnay ng pagsulong ng representasyon ng kababaihan sa parlyamento sa pamamagitan ng mga quota.[27]

Sa isang mapanuring pagtingin, ang pandaigdigang kalakaran sa isyu ng "kababaihan, kapayapaan at seguridad" sa rehiyon ay nagbabahagi ng mahalagang kaisipan sa gitna ng kakaunting ebidensya subalit kapansin pansing integrasyon sa proseso ng paglikha ng polisiya. Sa maliit na grupong 25 UN Member State na lumikha ng National Action Plans (NAPs) para sa implementasyon ng SCR 1325 sa huling 10 taon, kapansin-pansing dalawa lamang bansa ang nagmula sa Asya at Pasipiko (ang Pilipinas noong Marso 2010 at Nepal noong Oktubre 2010).[28] Mula sa rehiyon, ang Australia, Indonesia, Timor-Leste at Solomon Islands ay nasa estado pa lamang ng paghahanda. Kailangan pang makita kung mayroong nakalaang politikal na pagsisikap at pinansiya na kailangan upang ang NAPs na ito ay maging isang realidad.

Gayunpaman, mayroon din namang mga empirikal na kadahilanan upang maging optimistiko. Tulad ng ipinapakita ng mga dumarami at kapansin-pansing

---

26 UN Development Programme, *Power, Voice and Rights: A Turning Point for Gender Equality in Asya and the Pasipiko,* (New York: UNDP, 2010).

27 Tingnan Halibawa ang, British Broadcasting Corporation, "Indian Upper House Approves Women's Quota Bill," March 9, (2010). http://news.bbc.co.uk/2/hi/8557237.stm. Accessed 22 February, 2011.

28 Batay sa mga mensahe sa email sa pagitan nina Cate Buchanan and Malika Bhandarkar, Peace and Security Cluster, UN Women, February 25, 2011. Tingnan din www.peacewomen.org/pages/about-1325/national-action-plans-naps#National_Implementation_Overview para sa iba pang ugnay sa iba' ibang NAPs.

Ratna Maya (80 taong gulang) ng Central Region ng Nepal, pinapakita ang kanyan voter's registration card pagkatapos maglakad ng isa't kalahating oras para bumoto sa eleksyon ng Nepalese Constituent Assembly. Abril 10, 2008, Dolokha, Nepal.

pakakapareho ng mga nagawa o nasulat na tungkol sa kababaihan sa prosesong pangkapayapaan, sa kabila nang hindi madalas na pagsangkot sa kanila sa mga pag-uusap pangkapayapaan, sila ay lumilikha ng masigasig na kontribusyon, ipinahahayag ang kanilang boses, at lumilikha ng sarili nilang anyo sa mga prosesong pangkapayapaan. Ipinapakita ng publikasyong ito ang ilan lamang sa halimbawa:

- Irene Santiago, kasapi ng *negotiating panel* para sa Pamahalaang Pilipinas mula 2001 hanggang 2004, nagbigay ng pangkalahatang sitwasyon hinggil sa pagsisikap ng mga kababaihang makapag-ambag sa proseso ng kapayapaan sa Mindanao. Sa Pilipinas, bilang bansang patuloy na ipinagmamalaki ang pagkakaroon ng mga kababaihan sa publiko; nananatili pa ring walang solusyon ang matagal-tagal na ring kaguluhan. Binuksang muli ang bagong usapan noong Pebrero 2011 kabilang si Teresita Quintos Deles (sa pangalawang pagkakataon) na umuupo bilang Presidential Adviser sa Peace Process.

- Isa pang tinig ay si Kumudini Samuel na kasapi ng Sub-Committee on Gender Issue sa 2002-2003 Sri Lankan Peace Talks, kung saan lumikha ng opurtunidad sa limang babae mula sa magkabilang panig na magkaroon ng pagkakataong kapwa magtrabaho upang magpabatid sa pag-uusap pangkapayapaan.
- Ang Indonesia ay nakaranas ng lokalisadong panghihina ng politikal na pamamahala sa loob ng halos dalawang dekada na naranasan sa Aceh, Poso, Maluku, at sa iba pang lugar. Aktibo pa rin ang kaguluhang kolonyal sa Papua. Isinulat ni Rohaiza Asi at mga kasama nya ang sinusupil na papel ng kababaihan sa pormal na resolusyon ng kaguluhan sa buong Indonesia sa kabila ng kantayagan ng mga kababaihan sa lokal na pagtataguyod ng kapayapaan at sa pagsusulong na demokrasya sa bansa. Dagda pa, ipinakilala nila sa mga mambabatas ang mga nakahandang opurtunidad para sa nagtataguyod ng kapayapaan upang mabigyan ng lunas ang mababang paglahok ng kababaihan.
- Matapos ang tatlong dekada ng represyon, unti-unti nang nagkakaroon ng demokrasya sa Timor-Leste. Sa kabila ng mahalagang ambag ng kababaihan sa pagkamit ng independiyente, at ang masigasig na paglahok ng internasyunal na komunidad, patuloy pa ring nakakaligtaan ang tinig ng kababaihan. Ipinahayag ni Rebecca Peters ang pangkalahatang pananaw kung papaano ipinarinig ng kababaihan ang kanilang tinig sa kontemporaryong kalagayan.
- Sa India, ibinigay ni Rita Manchanda ang esensya ng matagal-tagal nang komplikadong pakikibaka para sa sariling pagpapasya sa hilagang silangan partikular sa Manipur at Nagaland. Ipinakita ng seksyong ito kung papaano ginamit ng mga kababaihan ang iba't iba nilang identidad bilang ina, asawa, kapatid na babae at gabinete ng kusina upang maging epektibo at responsableng aktibista, isinulong nila at sinubaybayan ang pakikibakang ito. Gamit ang iba't ibang identidad, napigilan ng kababaihan ang panloob na karahasan kung saan bigo ang armadong tagaganap at mataas ng mga diplomat, ipinakitang muli ang kakayahan ng kababaihang sa lahat ng antas – partido, angkan, uri – na ang ang pangunahing layunin aykapayapaan.
- Napansin sa pandaigdigang balita ang naganap sa Solomon Islands noong 1998 kung saan sumiklab ang kaguluhang nakabatay sa karahasang pang-identidad. Hindi gaanong kilala ang gulong ito sa labas ng rehiyon at ang papel at kontribusyon ng kababaihan sa resolusyon nito ay hindi gaanong pinag-aralan. Sa kontribusyon ni Rebecca Peters, ipinakita

niya ang makapangyarihan ng pagsasanib ng tradisyunal na kultural at relihiyosong papel ng mga kababaihan at ang kanilang sariling aktibismo sa loob ng kaguluhan at ang kaugnay na proseso ng resolusyon. Ipinakita niya ang pag-unlad at epekto ng ginawa nila sa harap ng ng mapang-aping tradisyunal na pananaw at estruktura ng suportang internasyunal na kung saan kapwa bulag sa ispesipikong epekto ng kaguluhan sa kanila, at sa kanilang aktuwal at potensyal na papel sa sustenableng resolusyon ng kaguluhan.

- Ang nakaraan at kasalukuyang mga hamon sa kababaihan ng Nepal ay itinampok din. Bagama't wala kahit isang babae ang nakasama bilang negosyador sa usapang pangkapayapaan – mayroon malaking partisipasyon ang kababaihan bilang rebelde partikular sa grupong Maoist sa panahon ng digmaan –binalangkas ni Reecha Upadhyay kung papaano natagpuan ng mga kababaihan ang isang papel sa nagaganap na prosesong pangkapayapaan; partikular sa pambansang parlyamento at sa sumusulong na proseso ng paglikha ng konstitusyon. Ang pagkakasangkot ng kababaihan sa pagtataguyod ng kapayapaan ay pinalakas sa pamamagitan ng karagdagang ispesipikong komitment sa Interim na Constitution ng 2007 na kinakailangang 33 porsyento ang mga babaeng kandidato sa Constituent Assembly ay. Idiniin pa ni Upadhyay na ang karanasan ng Nepal ay nagbibigay ng maingat na pagpapaalala sa halaga ng pagtitiyak na ang mga katulad na probisyon ay nangangailangan ng mahabang estratehiya na magtitiyak na hindi maitali ang mga babae sa mas mababang posisyon sa mga partido o sa huli ay mauwi lamang sa pagiging token.

Magtatapos ang ulat sa ilang mungkahi na may gamit sa larangang global. Tatlo ang annex na kalakip, na nakikitang may praktikal na kahalagahan: pangkalahatang pagtanaw sa mga susing internasyunal na pamantayan; isang talaan ng mga resources; at isang set ng pointers papaano maisasama ang mga isyu ng gender sa kani-kanilang trabaho ng mga grupo ng medyasyon.

Buod

Tulad ng ebidensyang pinatunayan ng publikasyong ito, ang kababaihan sa Asya at Pasipiko ay naririto, at aktibong nakikibahagi sa pagbibigay resolusyon sa kaguluhan. Gayunpaman, ito ay pangunahing nagaganap sa mga gilid-gilid lamang at nananatiling hindi kasama sa aktuwal na negosasyon sa ibabaw ng hapag. Marami pa ang dapat gawin upang matiyak ang kanilang makabuluhang

partisipasyon mula sa simula ng pagtataguyod ng kapayapaan (hal. pag-uusap tungkol sa usapan, pagse-set ng preliminaryong agenda) tungo sa yugto ng implementasyon. Malayo pa ang tatahakin bago maisama nang tuluyan ang kasunduang pangkapayapaan na may makabuluhang nilalaman tungkol sa gender. Ang kinakailangan para tumaas ang presensya ng kababaihan at makaimpluwensya sa nilalaman ng negosasyon ay simpleng kapasyahang politikal at nakapokus na atensyon ng mga lokal, nasyunal at internasyunal na tagaganap. Upang suportahan ang prosesong ito, ang publikasyong ito ay naglagom ng ilang mungkahi kung paano makakatulong sa pagtukoy kung saan ang mga tagaganap sa proseso ng kapayapaan (kasapi ng armadong grupo, opisyal ng pamahalaan, ahensya ng seguridad, NGO at internasyunal na komunidad ng ikatlong partido, donor at tagapayo) ay makalilikha ng konstruktibong ambag, hindi lang para sa pagpapatupadng internasyunal na pamantayan, kundi upang gawing mabuti ang prosesong pangkapayapaan.

Tungkol sa awtor: Si Cate Buchanan ay Senior Project Manager sa HD Center mula 2001, kung saan pinamamahalaan niya ang mga proyektong nakapokus sa violence reduction, at gender and peacemaking in Asia.

2. Mindanao

Irene Morada Santiago

> "Kung ang kababaihan ang papasok sa mga negosasyong pangkapayapaan, ang mga ito ay hindi lamang magdudulot ng pagkakaayos. Ito ay magiging makatuwiran at pangmatagalan. Ito ay mas magaling."[29]

Ang Pilipinas ay kilala sa pagkakaroon ng mga kababaihang namumuno sa mga inisyatibong pangkapayapaan ng gobyerno at mga organisasyong pribado o *non-government*. Ito ang nagpapakita ng marahil ay kakaibang papel na ginagampanan ng mga kababaihang Filipino sa pampublikong buhay, kumpara sa ibang mga bansa sa rehiyon at sa buong mundo. Ang Pilipinas ang unang bansa sa Timog Silangang Asya na nagpatibay ng *Convention on the Elimination of Discrimination against Women,* CEDAW. Noong Agosto ng 2009, naipasa ang *Magna Carta of Women,* isang pangunahing batas na naglalayong wakasan ang diskriminasyon sa kababaihan.[30]

Ayon sa *UN Human Development Report* ang Pilipinas ay nasa pang-40 sa 155 na mga bansa, kung ang *gender-related index* ay direktang ikukumpara sa *human development index*. Dito mas lamang ang Pilipinas sa mga bansang Australia at South Africa.[31]

Ang Kababaihan sa Usaping Pangkapayapaan

Ang papel ng kababaihan sa matagal tagal na at patuloy pa ring pormal na negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng Gobyerno ng Republika ng

29 Mindanao Commission on Women, *Position Paper for the Peace Negotiating Panels,* (Davao City, Philippines: Mindanao Commission on Women, 2006).

30 Tumagal ng pitong taon ang batas bago ito napagkasunduan at naglalaman ito ng maraming mga bago at matagal nang hinihintay na probisyon. Tingan ang Burgonio. TJ, "Magna Carta of Women finally a law," *Philippine Daily Inquirer,* 15 August, (2009)

31 United Nations Development Programme, *Human Development Report 2009,* (New York: United Nations, 2009). See http://hdr.undp.org/en/media/HDR_2009_EN_Table_J.pdf. Accessed January 20, 2011.

Pilipinas (GRP) at ng MORO Islamic Liberation Front (MILF) ay bilang mga miyembro ng panel ng negosasyon ng gobyerno o bilang bahagi ng isang pribadong grupo na nagbibigay ng teknikal na tulong sa bawat panel. Ang panel ng MILF sa mahabang panahon ay binubuo ng pawang mga lalaki. Subali't nitong Setyembre ng 2010, ipinahayag ng MILF na dalawang babae ang kikilalaning tagapagpayo ng panel.[32] Sa kabila ng pagkakaroon ng kababaihan sa mga prosesong ito, sila ay nananatili na nasa nimorya at mas nakikilala sa di-pormal na pagkilos sa pagkakamit ng kapayapaan.

Nang buuin ng dating administrasyon ni Pangulong Gloria Arroyo ang grupong papasok sa negosasyong pangkapayapaan noong 2001, dalawang babae ang naitalaga sa limang miyembro ng panel.[33] At mula noong 2004, ang mga bagong panel ng gobyerno ay palaging may kasamang isa o higit pang babae.[34]

Bago pa ang pagsisimula ng pag-uusap pangkapayapaan (na nakatakdang magsimula sana muli noong Nobyembre 2010 ngunit napatigil at ngayon ay nakatakda sa Pebrero 2011), ang Mindanao Commission on Women and the Mothers for Peace Movement ay nagpadala ng liham sa noo'y Pangulong Gloria Arroyo, at kanilang binanggit ang SCR 1325, upang hikayatin siya na magsama ng mga kwalipikadong kababaihan. Kasunod ng liham na ito, itinalaga si Grace Rebollos isang pangulo ng unibersidad at isang aktibistang nakikipaglaban para sa kapayapaan, sa panel na karaniwang binubuo lamang ng pulos kalalakihan.[35] Ang panel na ito ay nalansag dahil sa paparating na eleksyong nasyunal noong May 2010. Isang bagong panel ang binuo noong Setyembre 2010 ni pangulong Benigno S. Aquino III. Isinama nito ang isang babae, si Miriam Coronel Ferrer, isang iginagalang na akademiko sa Unibersidad ng Pilipinas.

May mga kontribusiyon din ang mga kababaihan sa loob ng *Office of the Presidential Adviser on the Peace Process* (OPAPP). Bilang miyembro ng Gabinete ng Pangulo, ang *Presidential Adviser* ang siyang namamahala sa mga isinasagawang negosasyong pangkapayapaan at sumisiguro nang lubos na pagsunod sa mga nilagdaang kasuduang pangkapayapaan. Sa ikalawang pagkakataon, si Teresita Quintos Deles, isang kilalang feminista at tagapagsulong ng kapayapaan, ay kasalukuyang umuupo sa posisyong ito. Unang

32 "MILF forms new peace panel, board of consultants," *MILF Official Web,* September 13, (2010). www.luwaran.com. Accessed January 20, 2011.

33 Emily Marohombsar and Irene M. Santiago.

34 Sylvia Okinlay Paraguya, Grace Rebollos and Miriam Coronel Ferrer.

35 "MCW Welcomes Appointment of New Woman Panel Member," Website statement, March 23, 2010. www.mindanaowomen.org/mcw/?p=1825#more-1825. Accessed June 18, 2010.

Box 1: Kasaysayan ng Kaguluhan

Ouseph Tharakan, HD Centre

Ang mga minoridad na Muslim sa Pilipinas- kilala bilang mga Moro- ay matagal nang nagpahayag ng hiwalay na identidad sa iba pang mamayan (karaniwang Kristiyano) sa bansa. Noong 1960, sinimulan nila ang armadong pakikibaka para sa kanilang katutubong lupain o *ancestral domain sa* timog na bahagi ng Pilipinas. Ang Moro National Liberation Front (MNLF) ay itinatag bilang armadong sangay ng *Mindanao Independence Movement*. Nagsimula ang masigasig na operasyon nito matapos ang tinawag na March 1968 Jabidah Massacre kung saan may 28 mga kabataang Moro ang napatay sa isla ng Corregidor. Lingid sa kanilang kaalaman, ito ay bahagi ng ispesyal na operasyon ng military upang salakayin ang Sabah sa Malaysia. Ang insidenteng ito ang siyang nag-udyok ng mga sumunod na paghihimagsik ng mga Moro. Nagkaroon ng pansamantalang kapayapaan sa pagitan ng MNLF at gobyernong Marcos noong 1976 sa paglagda ng Kasuduan sa Tripoli, subalit di nagtagal, sumiklab din ang kaguluhan. Nagkaroon ng paksiyong humiwalay sa MNLF, ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) na nagsagawa ng mas militanteng pagkilos. Nagkaroon ng kasunduang tigil-putukan sa MNLF noong 1994, na sinundan noong 1996 ng isang kasuduang pangkapayapaan na siyang nagtatalaga ng pagtatatag ng Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM). Ang mga mahahalagang bahagi ng kasunduang ito ng 1996 ay kailangan pang ipatupad at ang mga negosasyon ay nagpapatuloy, bagama't ang karahasan kung saan sangkot ang MNLF ay nabawasan na nang malaki.

Ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) ay orihinal na nagmula sa Moro National Liberation Front (MNLF). Humiwalay ito mula sa MNLF noong kalagitnaan ng dekada 80 at ipinakilala ang sarili bilang mas maalab ng tagapagsulong ng Islam at militanteng alternatibo kaysa sa MNLF, na noong ay nakikipagnegosasyon na sa gobyerno. Tinatayang nasa 12 000 ang dami ng sangay ng military ng MILF bagama't ang dami ay nagbabago depende sa kung saan ito galing.[1] Sa simula, ang MILF ay nakikipaglaban para sa isang estadong Muslim na may lubos na kalayaan, subali't sa kasalukuyan humihiling na lamang ito ng 'pinakamataas na antas ng awtonomiya sa loob ng estado ng Pilipinas.

Ang kasunduan sa tigil-putukan na pinamahalaanan ng isang internasyunal na misyon ay narating noong 2003, bagama't malimit ding malabag. Ang kasunduan kaugnay ng katutubong lupain o *ancestral domain* ay isang mahalagang isyu para sa MILF, na nakamit sa pagitan ng 2007-2008 ngunit nasuspinde ng Korte Suprema noong 2008 bago pa man ito maratipikahan. Dumami ang mga karahasan matapos nito- sa sumunod na tatlong buwan, napatay ang 312 mga tao at mahigit sa 693 000ang nawalang ng tirahan dahil sa kaguluhan.[2] Noong Setyembre

---

1 Noong 2007 tinatayang may 11,679 na mga sundalo ang Hukbong Sandatahan ng Pilipinas. Tingnan Chalk, Peter, *The evolving terrorist threat to Southeast Asya: a net assessment,* (USA: Rand Corporation, 2009), p.41. May 12,000 ayon kay Herbolzheimer, Kristian, *Filipines: conflictos armats i processos de pau,* Conference paper at Sant Cugat del Vallès: XXII Summer Course. Peace International University, (Barcelona, 2007). Nasa pagitan ng 12,000 at 15,000 ayon kay Bowman, Robin L, "Moro Insurgents and the Peace Process in the Philippines," in Forest, James J.F, (Ed.), *Countering Terrorism and Insurgency in the 21st Century: International Perspectives,* (California: Praeger Security International, 2007).

2 National Disaster Coordinating Council, "Sitrep 84 re IDPs in Mindanao," NDCC Update issued 18 May, (Quezon City, Philippines: 2009). http://210.185.184.53/ndccWeb/images/ndccWeb/ndcc_update/IDPs_2009/ndcc%20update%20sitrep%2084%20idps%20in%20mindanao18may2009.pdf. Accessed 12 December 2010.

2009, ang magkabilang panig ay bumuo ng International Contact Group (ICG) upang tumulong sa prosesong pangkapayapaan. Ang ICG ay binubuo ng isang *ad hoc* na grupo ng mga estado sa Asya, *European Union* at *Organization of Islamic Conference*, gayundin ng mga internasyunal na NGO kasama ang *Center for Humanitarian Dialogue*.[3] Nagkaroon muli ng mga pormal na pag-uusap pangkapayapaan noong Disyembre 2009 kung saan ang Malaysia ang nagsilbing tagapamagitan. Ang bagong administrasyon ni Pangulong Benigno Aquino III ay nagpahayag na magpapatuloy ang pakikipag-uusap sa MILF para sa isang politikal na solusyon. Ang pangunahing ahensiya ng gobyerno na namamahala dito ay ang Office of the Presidential Adviser on the Peace Process.

May tinatayang 120 000 tao na ang namamatay dahil sa karahasan ng kaguluhan sa Mindanao sa loob ng nakaraang apat na dekada. [4] Mayroon na ring dalawang milyong tao ang nawalan ng tirahan dahil sa kaguluhan. Ang mga panahong ito ng karahasan ang lalong nagpatindi ng mabagal na pag-unlad sa rehiyon. Ang mahinang pagbabantay at madaling pagkakaroon ng armas ang lalong nagpabilis sa tumataas na dami ng karahasang kriminal, sa kabila ng pananatili ng iba't ibang grupong militar at ang dumaraming panawagan ng mga sibilyan na magkaroon na rin armas para sa kanilang sarili.[5]

Sa kabila ng malaking papel ng kababaihan sa maraming aspekto ng buhay ng mga Filipino, nanatiling patriyarkal ang Pilipinas, partikular sa Mindanao. Sa mga Muslim sa Mindanao, bagama't binibigyan ng respeto ang mga kababaihan bilang miyembro ng pamilya at komunidad, subalit ang karamihan pa rin sa mga pagdedesisyon ay ginagawa ng kalalakihan.[6] Habang nalilimitahan ng mga tradisyunal na papel ng kababaihan ang kanilang direktang pakikisangkot sa aktuwal na pakikipaglaban, sila ay gumagawa ng iba't ibang di-pormal at di-direktang papel upang suportahan ang mga lalaking miyembro ng kanilang pamilya (asawa, kapatid na lalaki, anak na lalaki, tiyuhin at iba pa) sa kanilang pakikilahok sa militar at armadong grupo.

Ang kaguluhan sa Mindanao ay regular na nagdudulot ng malawakang pagpapaalis ng mga sibilyan mula sa kanilang tahanan dahil sa kaguluhan. Ang mga kababaihan ang karaniwang apektado sa ganitong panahon. Ang kakulangan sa trabaho at mapagkakakitaan sa mga kampo ng mga napaalis dahil sa kaguluhan ay siyang nagtataboy sa mga kabataan at kababaihan upang maging biktima ng pagbebenta ng laman. Ang kakulangan din sa tubig at pasilidad pansanitasyon sa mga kampo at kawalan ng koryente ang nagdadagdag ng peligro sa personal na seguridad at integridad partikular ng mga kababaihan.[7]

---

3 Para sa dagdag na impormasyon tingnan ang www.hdcentre.org/projects/philippines-mindanao.

4 International Crisis Group, "Southern Philippines Backgrounder: Terrorism and the Peace Process," *Asya Report No. 80,* (Jakarta/Brussels: International Crisis Group, 2004).

5 Report ng PhilANSA to IANSA tungkol sa "Peoples' Consultations in the Philippines on the Arms Trade Treaty" (Manila: PhilANSA, 2007); Nario-Galace, Jasmin, *Gun Violence in the Philippines: A Human Security Concern* (Manila: Miriam College Philippines, no date).

6 Lidasan, Amirah Ali, "Moro Women's Struggle for Human Rights in the Philippines," Paper presented in Jakarta, Indonesia at the conference 'Advancing Gender Equality and Women's Empowerment in Muslim Societies', 11-12 March, 2009.

7 Norwegian Refugee Council and Internal Displacement Monitoring Centre, *Cycle of conflict and neglect: Mindanao's displacement and protection crisis A profile of the internal displacement situation,* 5 November (Geneva: Internal Displacement Monitoring Centre, 2009). www.internal-displacement.org/8025708F004BE3B1/(httpInfoFiles)/2487E9AEA0AA9B91C1257665005CE8F4/$file/Philippines+-+November+2009.pdf. Accessed February 22, 2011.

hinawakan ni Deles ang posisyon noong 2003-2005 hanggang siya ay tumiwalag sa administrasyon ni Arroyo dahil sa isyu ng kontrobersiyal na pagkapanalo nito sa eleksiyon ng 2004. Itinatalaga siyang muli noong Hulyo 2010 bilang *Presidential Adviser.* Si Annabelle T. Abaya, isa sa mga pinakabihasang tagapamagitan sa bansa, ay naging *presidential adviser* mula Nobyembre 2009 hangganga Hunyo 2010. Bagama't maikli lamang ang kanyang panunungkulan, nabawasan ni Abaya ang korupsiyon na noo'y nagbigay bahid sa opisina. Nakipag-ugnay din siya sa mga organisasyon ng *civil society* upang mas mapalawak ang baseng suporta ng pagsusulong ng kapayapaan sa buong Pilipinas. Sa ilalim ng pamunuan ni Pangulong Arroyonang nilagdaan ang *Executive Order* kaugnay ng *National Action Plan* na magsusulong ng SCR 1325 at 1820.

Ang Kababaihan at Ang Marahas na Kaguluhan sa Mindanao

Katulad ng sa iba pang marahas na kaguluhan, ang mga kababaihan sa Mindanao ay tahasang nagpapahayag ng kanilang pagtutol sa paglala ng karahasan upang mahikayat at mamobilisa ang taumbayan na sumuporta sa prosesong pangkapayapaan. Ang pagsusulong na ito ay may magkahalong resulta. Noong 2000 napabalitang sisimulan na ng administrayong Estrada ang isang malaking opensiba upang bombahin ang pangunahing kampo ng MILF sa Camp Abubakar sa probinsiya ng Maguindanao. Isang grupo ng siyam na kababaihan (mula sa ngayon ay nabuwag ng *Mindanao Council of Women Leaders*, tatlo sa mga ito ay Muslim) ay namagitan sa Tagapangulo ng MILF at ng Kalihim ng *National Defense* upang humingi ng isang pag-uusap o *dialogue*. Hindi naging matagumpay ang mga kababaihan sa kanilang misyon ngunit kanilang nakuha ang interes at atensiyon ng pambansang media kaugnay sa mga kahihinatnan ng digmaan at ang pagkawala ng tirahan ng mga tao. [36]

Noong 2003, nang muling magdesisyon ang Administrasyon ni Pangulong Arroyo na malawakang bombahin ang kampo kung saan malakas na nasasakupan ng MILF, ako ay naging bahagi ng panel ng negosasyon ng gobyerno. Matapos ang maraming pribadong pagkilos, dumating ang panahong kailangan muli ang pampublikong pakikisangkot upang wakasan ang karahasan.

36 Ang mga kagukuhan noong 2000 ay nakapagtaboy ng may 1 milyong tao. Tingnan, International Crisis Group, "The Philippines: Counter-insurgency vs. Counter-terrorism in Mindanao," Asya Report No. 152, (Jakarta/Brussels: International Crisis Group, 2008). Ayon sa tala ng kampanya ng 4th Infantry Division may 1,089 rebels ang napatay at 1,722 ang nasugatan bagama't ang mga numerong ito ay hindi independyenteng nasuri. Tingnan, "Islamic way of life – MILF's biggest strength," *The Manila Times,* June 20, (2002). http://archives.manilatimes.net/others/special/2002/jun/20/20020620spe1.html. Accessed June 19, 2010.

Inihihiwalay ng isang mandirigmang MILF ang mga babae sa mga lalaki sa isang pagtitipon ng grupo sa Kampo ng Bushra, Mindanao, Marso 2008. © Jason Gutierrez/IRIN (www.irinnews.org)

Naging isa ako sa mga kababaihan sa Mindanao na nakisama sa iba pang mga kababaihan sa iba't ibang bahagi ng bansa para sa kampanyang "Mothers for Peace." Nangyari ito matapos kong maibahagi sa isang kaibigang mamamahayag ang tungkol sa aking kalungkutan kaugnay ng pagpapasabog sa Buliok. Siya ang nagbigay ng ideya na maaari kaming magkaroon ng mobilisasyon ng mga ina at tawagin ang kampanya bilang *"Mothers for Peace."* Matapos ang mahabang diskusyon kung gagamitin ba ang "Women" (Kababaihan) o "Mothers" (Ina), aming napagpasyahang gamitin ang "Mothers" (Ina) dahil mas nakakapukaw ito ng damdamin at hindi "nakakatakot." Nakipag-ugnayan kami sa aming mga kasamahan at nakakuha naman ng malaking suporta mula sa mga indibiduwal at grupo sa iba't ibang bahagi ng bansa. Inilunsad noong Araw ng mga Ina (May 11), himiling ng kampanya ng kagyat na tigil-putukan at pagbalik sa maayos na negosasyon. Mabisa itong nakapagbuo ng pampublikong opinyon mula sa mga harapang pag-uusap ng mga kababaihan ng Mindanao at kababaihan sa iba pang bahagi ng Pilipinas na sinubaybayan naman ng nasyunal na media.[37] May tatlong kababaihan na

37 "Ate" V Bonds with Mindanao's Moms for Peace', TODAY, May 19, (2003); 'Mothers for Peace Launch National Campaign', *Philippine Daily Inquirer,* May 11, (2003); Benign, Teodoro C, "Pgymalion Takes Off/ Mothers for Peace, Others," *The Philippine Star,* May 21, (2003).

lumisan ng kanilang tahanan na ngayon ay kinukupkop sa mga evacuation center ang isinama upang makilala ng iba pang mga kababaihan sa mga pangunahing lungsod sa bansa. Sa mga pagkikitang ito, libo-libong mga kababaihan ang nakinig kung paano inilalarawan ng mga kababaihan ng Mindanao ang mga sakit at pagkasira sa kanilang buhay na naging bunga ng patuloy na pagpapaalis sa kanila dala ng kaguluhan. "Hindi ko alam na ganyan naming kayo nasasaktan. Patawarin ninyo kami."[38] ito ang winika ng isang babae mula sa Pangasinan, isang probinsiya sa Hilagang Luzon, na dati para sa kanya ay malayo at hiwalay na isyu ang digmaan sa Mindanao.

Hiniling din ng kampanya sa mga nangungunang ahensiya ng media, mga tagapaglathala o tagapaganunsiyo at nagpapalathala o nagpapaanunsiyo na tumulong sa pagpapakalat ng mga kahilingan ng kampanya: ang pagdedeklara ng tigil-putukan ng magkabilang partido at pagbalik sa pormal na negosasyon. Isang patalastas na may tagal na 45 segundo ang ipinalabas sa mga nangungunang istasyon ng telebisyon at marami ring naiparinig mula sa mga istasyon ng radyo sa bansa. Ang mga patalastas na ito ay inilabas ng walang bayad bilang bahagi ng pakikiisa ng mga ito sa pagkakamit ng kapayapaan sa Mindanao. Dalawang buwan matapos masimulan ang kampanya idineklara kapwa ng gobyerno at MILF ang tigil-putukan. Ang matagumpay na kampanya ngayon ay naging isang makapangyarihang kilusan sa grassroots, at ang mga kababaihan ay naorganisa bilang bahagi ng mga grupong nagsusulong ng kapayapaan ay binigyan ng mga pagsasanay kung paano maiwasan, maresolba at pigilin ang mga kaguluhan.

Bilang miyembro ng panel ng nakikipagnegosasyon ako ay naging sangkot sa mahirap na gawaing makipag-ugnayan para sa pagpapatuloy ng tigil-putukan. Ako ang siyang naitalaga upang ayusin ang mekanismo ng tigil-putukan. Sa kabila ng nilagdaang kasunduan na nagtatalaga ng *International Monitoring Team* (IMT), isang *Coordinating Committee on the Cessation of Hostilities* (CCCH), na binubuo ng gobyerno at ng mga kinatawan ng MILF at ang lokal na grupong nagmomonitor, nanatiling hindi natutugunan ang mga dahilan ng kaguluhan kung nanatili pa rin ang karahasan sa pagitan ng dalawang nagtutunggaliang partido.

Nakipagtulungan ako sa tagapangulo ng panel upang makahanap ng bagong tagapangulo ng CCCH na may awtoridad sa loob ng hukbong sandatahan upang magpatupad ng tigil-putukan. Tumulong rin ako sa tagapangulo ng panel upang siguraduhin na maipararating ang mga liham mula sa Departamento ng Ugnayang Panlabas o Department of Foreign Affairs sa ibang bansang nais

38 Mothers for Peace Roadshow in Pangasinan, May 2003.

magpadala ng kinatawan at maging miyembro ng IMT (ngunit ang mga liham ay nanatili sa Departemento). Naganap sa panahon ng bagong tagapangulo ng CCCH (General Rodolfo Garcia, *Armed Forces of the Philippines Vice Chief of Staff) na maipadala* ang lahat ng *field commander* sa Mindanao para sa isang pulong upang ipaunawa sa kanila na napakahalaga ng prosesong pangkapayapaan.

Ang mga lokal na kababaihan ay nagsagawa rin ng kanilang inisyatibang bumuo ng mga grupong magmomonitor upang mas maipatupad ang pagsunod at pagkilos na may lokal na pananagutan. Ilang mga taon pa, mula sa kanilang karanasan, naitatag ng *Mindanao People's Caucus sa ilalim ng component ng Civilian Protection ng IMT,* ang *"Women's Protection Unit"* upang mas maisulong ang implementasyon ng National Action Plan para sa SCR 1325. Tumulong si Mary Ann Arnado upang maitayo ang '*Bantay Ceasefire'* isang mekanismo na nagsasangkot sa lokal na komunidad sa pagmonitor ng pagsasakatuparan ng kasunduan sa tigil-putukan.

Laman ng Usaping Pangkapayapaan

Bukod pa sa mga pampublikong advocacy at kampanya, naghanda rin ang mga grupo ng *civil society* ng mga mahahalagang rekomendasyong pampolisiya na maaaring maisulong sa mga pormal na negosasyon. Halimbawa, noong 2006 ang *Mindanao Commission on Women* ay nag-organisa ng isang serye ng konsultasyon sa iba't ibang grupo ng Bangsamoro at katutubong kababaihan na nagresulta sa *Mindanao Women's Peace Summit* na may temang "Kung ang mga Kababaihan ang Nakipagkasundo para sa Kapayapaan. . ." Ang mga konsultasyong ito ang nagbigay daan sa pagkabuo ng isang posisyong papel na iniharap sa tagapangulo ng panel ng gobyerno at sa isang kinatawan ng panel ng MILF. Isinulong nito ang ginampanang papel ng kababaihan sa *demobilization, disarmament and reintegration (DDR)* ng mga istruktura at mekanismo na kailangang itayo pagkatapos ng kasunduang pangkapayapaan at ang alokasyon ng pondo mula sa iminumungkahing *trust fund*. [39] Ang mga mahahalagang puntong ito ay hindi pa natatalakay sa mga negosasyon at wala pa ring kasiguraduhan mula sa magkabilang panel kung paano maisasama ang mga rekomendasyong nakasaaad sa posisyong papel.

Noong Agosto 2008, ang paglagda sa *Memorandum of Agreement on Ancestral Domain* – na bunga ng apat na taong negosasyon, ay biglaang ipinatigil ng Korte Suprema sa mga huling yugto nito. May malaking suportang publiko ang desisyon ng Korte Suprema. Ang patayan at nakawan ay naganap

39 Mindanao Commission on Women, (2006).

sa maraming bayan sa Mindanao, na siyang nagpasaisantabi ng buong prosesong pangkapayapaan. Tinatayang may halos isang milyong taong napaalis dahil sa kaguluhan.[40] Upang maseguro ang aktibo at malawakang partisipasyon sa usaping pangkapayapaan lalo na matapos ang kabiguang malagdaan ang kasunduan at sa lumalakas na panawagan ng publiko na nagpapakita ng malakas na pagkiling laban sa mga Muslim, sinimulan ng mga kababaihan ng Mindanao ang pagbubuo ng *Mindanao Contact Group on Peace* (MCGP). Ang MCGP ay binubuo ng mga tagapamuno ng mga organisasyong *civil society* at mga institusyong pang-akademiko na may mga kasapi sa buong bansa. Ang grupo ay aktibong tumutulong sa mga internasyunal na NGO na mga miyembro ng *International Contact Group* na binuo ng parehong panel upang mabigyan sila ng payo sa kanilang mga negosasyon.[41] ang MCGP ay nagbibigay ng mga *confidential* na rekomendasyon sa kapwa panel upang mabigyang direksyon ang mga negosasyon.

Pagtataguyod ng Kapayapaan

Tulad sa iba pang lugar, sa mga gawaing nagtataguyod ng kapayapaan sa Pilipinas makikita ang papel ng kababaihan, kung saan nakakamit nila ang matataas na posisyong may kinalaman sa pagdedesisyon. Ang mga ito ay nasa maraming larangan tulad ng pamamahayag, edukasyon, pag-organisa ng mga komunidad, pagbibigay kasanayan, pananaliksik at *advocacy*.

Isang pangunahing halimbawa ang *Mindanao Media Forum*, isang grupo ng media na nagtutulungan upang maseguro ang pantay na pag-uulat ng mga balita tungkol sa Mindanao.[42] Ito ay itinatag noong 2002 na pinangunahan ng mga babaeng mamamahayag na hindi nasisiyahan sa mga may pagkiling na pag-uulat tungkol sa Mindanao na lalong nagpapalala ng problema.

Isa rin ay ang ginawa ng *Bangsamoro Women's Solidarity Forum* na tumulong sa mga kababaihan na maging mulat sa mga nagaganap at maging epektibong tagapagsulong sa loob at para sa kanilang mga komunidad. Binubuo ito ng mga Muslim (Bangsamoro) na kababaihan, nilalayon nito na bigyang

40 Nang bumalik ang usapang pangkapayapaan sa pagtatapos ng 2009, may 188,000 na mga tao ang nanatiling walang tirahan. Tingan Norwegian Refugee Council and Internal Displacement Monitoring Centre, "The Philippines," 31 December, (Geneva: Internal Displacement Monitoring Centre, 2009). www.internal-displacement.org/countries/philippines. Accessed January 20, 2011

41 Ito ay nabuo noong December 2009 at kasama ang United Kingdom, Japan and Turkey at ang mga sumusunod na internasyunal na NGOs: The Asya Foundation, the Centre for Humanitarian Dialogue, Conciliation Resources, and Muhammadiyah.

42 www.mindanews.com.

> Tulad sa iba pang lugar, makikita rin sa Pilipinas na sa mga gawaing nagtataguyod ng kapayapaan naroroon ang mga kababaihan, kung saan nakakamit nila ang matataas na posisyong may kinalaman sa pagdedesisyon."

kaalaman ang publiko tungkol sa prosesong pangkapayapaan ng MNLF *(Moro National Liberation Front)* at MILF. (tingnan ang *Box* 1, Background ng Kaguluhan, para sa iba pang impormasyon). Ang forum ay pinasimulan ng mga kababaihang kaalyado ng MNLF upang siguruhin na sa pagtatapos ng kasunduan, sila ay mananatiling kabahagi sa pagdedesisyon at hindi lamang magiging tagasunod sa 'panahon ng kapayapaan'. Binibigyang diin nila ang kanilang naging papel sa panahon ng digmaan o kaguluhan bilang mga tagapaghatid impormasyon, intelihensiya at tagapagmobilisa. Ang iba sa kanila ay kasamang nakikipaglaban ng mga kalalakihan. Ang iba naman ang siyang nagsilbi bilang tagapagpakain sa mga sundalo at nag-alaga sa mga nasusugatan sa labanan. Ngayong nalagdaan na ang kasunduang pangkapayapaan, sila naman ay nakikibahagi sa mga *tripartite* na pag-uusapa na tumatalakay sa implementasyon ng 1996 *Final Peace Agreement* sa pagitan ng gobyerno at ng MNLF. Ang mga kabataang kababaihan ng bangsamoro ay bumuo rin ng kanilang sariling organisasyon, ang *Moro Women's Development and Cultural Center* upang magmonitor ng mga paglabag sa karapatang pantao at nakikipagtulungan sa *Mindanao Human Rights Center.*

Naging aktibo rin ang mga kababaihan ng Bangsamoro sa muling pagbubuo ng kanilang mga komunidad. Mula sa pagiging organisador sa kanilang komunidad, sila ay naging mga opisyales o miyembro ng kanilang mga lokal na yunit ng gobyerno Ang mga kababaihang ito ang nagsulong ng pagbuo ng *Federation of the United Bangsamoro Women Multi-Purpose Cooperatives* na siyang nagbuklod ng dating nagkawatak-watak na kooperatiba upang magpatakbo ng mga proyektong pagkakakitaan, magbigay ng mga payo sa pagnenegosyo, at magsagawa ng mga pagsasanay tungkol sa *gender sensitivity* o usaping may kinalaman sa kasarian sa kontekstong Islam, organisasyunal na pag-unlad at kahusayan sa pamumuno.

Ang mga *indigenous* o katutubong kababaihan ay nagtatag din ng kanilang sariling organisasyon o nagkaroon ng mga pagsasanay tungkol sa pamumuno at pagtatala ng mga tradisyunal na kaugaliang pangkapayapaan, bumuo ng mga materyales na maaaring gamitin sa mga pagsasanay at ang

pagpapakalat ng mga ito sa pamamagitan ng media. Ang iba naman ay gumawa ng pananaliksik tungkol sa mga kaugaliang mapaniil sa kababaihan at nakipag-ugnayan sa mga nakatatanda at sa mga kapwa kababaihan upang mabago ang mga kaugaliang ito sa pag-asang ang respeto at proteksyon ay maibibigay ng batas. Nakatatanggap din ang mga *indigenous* o katutubong kababaihan ng pagsasanay kaugnay sa pagresolba ng kaguluhan kaugnay ng mga pagmamay-ari (pagkilala ng pagkakaugnay sa lupa) at usapin ng hanggan sa kanilang katutubong lupain o *ancestral domain*.

Kanilang naunawaan na ang mga komunidad ay nangangailangan ng suporta mula sa lokal na gobyerno upang mas mapalakas ang kanilang pakikipagugnay sa mga tao, pinangunahan ng '*GAD Iligan'* (kasarian at kaunlaran) ang pagtatatag ng opisina ng gobyerno na siyang magtataguyod ng multikulturalismo. Ang *Office of Maranao, Higaonon, and other Cultural Communities (OMaHCC)* ang nag-oorganisa ng mga pag-uusap sa pagitan ng iba't ibang relihiyon, mga katutubo at panrelihiyong kasayahan na nilalahukan ng lahat ng grupo at mga proyektong pangkabuhayan para sa mahihirap na komunidad. Ang kanilang mga pagsisikap ay naging epektibo partikular sa pagbabawas ng tensiyon sakaling matigil ang usapang pangkapayapaan o hindi ito magtagumpay.

Mga Hamon at Oportunidad

Noong 2010, ang Pilipinas ang unang bansa sa Asya na nagkaroon ng N*ational Action Plan* (NAP) na nagpapatupad ng SCR 1325 at 1820.[43] Noong Marso 2010 nilagdaan ang *Executive Order* 865 na bumubuo ng *National steering Committee on Women, Peace and Security* upang isakatuparan ang mga resolusyon ng UN at magbigay dito ng pondong 5 milyong piso o (USD 110,000). Ang dagdag na pondo ay manggagaling mula sa OPAPP. Nabuo rin noong Mayo 2010 ang 'Mindanao 1325', isang *network* na binubuo ng mga kababaihang NGO at grupo nagsusulong ng kapayapaan, sa inisyatibo ng *Mindanao Commission on Women* upang siguraduhin na ang implementasyon sa Mindanao ay hindi pabagu-bago. Lumawak pa ang network noong Pebrero 2011 nang mapasama rito ang Commission on Human Rights at mga NGO na kasama sa iba't ibang aspekto ng prosesong pangkapayapaan.

> "Sa pamamagitan nito[NAP sa 1325 at 1820], ang ating mga pagsisikap na makapagsulong ng kasunduang pangkapayapaan sa grassroots at ang mga katutubong prosesong pangkapayapaan na pinangunahan ng kababaihan

43 Available at: www.peacewomen.org/assets/file/NationalActionPlans/philippines_nap.pdf.

ay hindi na maituturing na alternatibo lamang bagkus, ang mga ito ay mga kahingian sa proseso ng pagsusulong ng kapayapaan."

—Carmela Lauzon-Gatmaytan, Initiatives for International Dialogue[44]

Sa kabila ng mga pagsisikap ng kababaihan na makamit ang kapayapaan sa Mindanao, mayroon ding mga hamon kaugnay nito. Isang halimbawa ng matagumpay na kampanya o proyekto na nagkaroon ng malaking epekto, hindi lamang sa mismong kaguluhan kundi sa lipunan na rin ay ang pagpapakita na mahalaga ang palagiang pagkakaugnay ng *grassroots* sa mga gawaing may kinalaman sa pagbuo ng mas malalaking polisiya. Karaniwang, ang kanilang mga gawain ay nakatuon lamang sa isang partikular na lugar, at ang mga ito ay hindi batid ng o mahina ang ugnay sa mga tagagawa ng desisyon na may kakayahang magpahina o sumoporta sa kanilang mga gawain kaya't bihirang makaambag sa mismong pag-uusap pangkapayapaan.

Ang pagbabago sa opinyon ng publiko pabor sa prosesong pangkapayapaan ay mahalaga rin sa pagkakamit at pagpapanatili ng kasunduang pangkapayapaan. Kailangang mapaunlad din ng mga kababaihan ang kakayahan sa paggamit ng *mass media* at ng *internet* upang matiyak ang mas malawak na pakikisangkot ng publiko sa pagsusulong ng kapayapaan.

Pagtalakay sa isyu ng *gender* o kasarian sa usapang pangkapayapaan

Kinakaharap din ng mga kababaihan ang mahirap na gawaing maisulong ang mga isyung may kinalaman sa *gender* sa agenda ng kapayapaan, dahil marami man ang aktibong babae sa mga pagkilos para sa kapayapaan ang ilan sa kanila ay may pag-aatubili sa sa pagsusulong ng usaping gender. Ang ganitong kawalan ng tiwala sa sarili ay nagmumula sa naisaloob na paniniwalang hindi naman mahalaga sa usapain ng gender at dapat na maisantabi muna hangga't maresolba ang ibang 'mas mahahalagang' isyu. Kailangang iginiit ng mga kababaihan na bagama't hindi nakapagtutulak ang gender sa usapin ng kaguluhan, ang kababaihan ay sentral sa resolusyon ng kaguluhan. Ang pagkakaroon ng mga pagsasanay at pakikiugnay sa mga tao sa iba pang panig ng bansa ang makatutulong upang mabuo ang kanilang tiwala sa sarili. Subalit higit sa lahat, dapat panghawakan ng mga kababaihan ang paniniwalang kailangan ang pakikisangkot ng kababaihan upang mawakasan ang mga digmaan at mapagaling ang mga sugat na likha nito.

44 Philippines Information Agency, "RP adopts UN Resolution to promote women's participation in peace building," press release, 26 March, (2010).

> “. . . kahit pa magkaroon ng kasanayan ang mga kababaihan bilang negosyador, mas pinipili pa rin ang mga kalalakihan dala ng maling argumentong dahil ang mga kalalakihan ang gumagawa ng digmaan, sila rin ang dapat gumawa ng kapayapaan.”

Ang pakikilahok ng mga kababaihan sa negosasyong pangkapayapaan –katulad ng sa iba pang pampublikong paggawa ng desisyon- ay karaniwang itinuturing na usapin ng ‘kakayahan’. Kung mayroon silang preparasyon at kasanayan, walang dahilan upang hindi sila piliin bilang mga miyembro halimbawa ng panel na nagsasagawa ng negosasyon. Ang argumentong ito ay bulag sa katotohanang walang oportunidad ang mga kababaihan na magkaroon ng kahusayan sa pagharap sa negosasyon sa mas pormal na lebel ng prosesong pangkapayapaan. Ngunit kahit pa magkaroon ng kasanayan ang mga kababaihan bilang negosyador, mas pinipili pa rin ang mga kalalakihan dala ng maling argumento na dahil ang mga kalalakihan ang gumagawa ng digmaan, sila din ang dapat gumawa ng kapayapaan.

Sa Mindanao mahalaga ito lalo pa at ang kaguluhan ay nagkaroon na rin ng katutubo/ etniko at panrelihiyong kulay, na lalong nagpahirap sa pagsusulong ng advocacy para sa pagpapalakas sa kababaihan. Ang ‘kultura’ o ‘relihiyon’ ay agad nagtatakda na hindi isama ang kababaihan. Sa pagsagot sa ganitong mga paniniwala maaaring sabihin na ang kultura ay dinamiko at nagkakaroon ng mga pagbabago sa pagdaraan ng panahon, at ang pagkakapantay-pantay ng gender ay mahalagang layon ng pagtataguyod ng kapayapaan, at nangangailangan ng tiwala sa sarili.

Gayunpaman, may mga diskusyon sa publiko- bagama’t bihira at pansamantala- sa pagitan ng ilang kalalakihan at kababaihang Bangsamoro, kung ang karapatan ba na magdesisyon para sa sarili, na siyang isinusulong ng MILF bilang matatag na batayan ng kanilang pakikipaglaban ay sasakop din sa karapatan ng mga kababaihan upang makapagdesisyon para sa kanilang sarili, saan man nakasaad ang karapatang ito (halimbawa sa isang pamamaraan na ‘*culturally-sensitive*’).

Mahalaga rin na ang mga kababaihang bahagi sa mga negosasyong pangkapayapaan ay maging mga tagapagsulong hindi lamang ng kapayapaan kundi ng mga isyu ng gender. Maraming mga kababaihan sa Pilipinas ang maaaring maging bihasang negosyador. Maraming kababaihan pa ang kinakai-

langang magpalakas ng kanilang taktika kung paano maaaring maisulong ang mga isyu ng *gender* at karapatan ng kababaihan sa mga prosesong pangkapayapaan, upang maging mga epektibong negosyador sa ngalan ng kababaihan.

Ibinibigay ng NAP ang mandato at pamamaraan upang maitaas pa ang pakikilahok ng kababaihan sa prosesong pangkapayapaan, at ang seryosong pagsusulong ng mga problemang pang-*gender*. Sapagkat direktang iniaatas ng NAP ang partisipasyon ng mga pwersang panseguridad, mga departamento ng pambansang gobyerno, lokal na yunit ng gobyerno, organisasyon ng *civil society* at iba pang grupo, napararami nito ang mga lumalahok sa prosesong pangkapayapaan. Ang mas mahalaga, naibibigay ng NAP sa mga kababaihan ang pagtitiwala sa sarili upang ipaglaban ang mga isyung may kaugnayan sa gender at karapatan ng mga kababaihan, at gagawin nila ito kasama ang mga kalalakihang makikilahok sa implementasyon ng NAP. Sisiguraduhin rin ng NAP ang mas mahigpit na ugnayan sa pagitan ng mga taong bahagi ng tatlong Ps: peacemaking (pagsusulong ng kapayapaan), peacekeeping (pagpapanatili ng kapayapaan) at peacebuilding (pagtataguyod ng kapayapaan). Walang ibang kahingian sa pagbububuo ng isang kumplikadong kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng dalawang pwersa at ang pagbubuong muli ng isang mapayapang lipunan kundi ang ganitong kalagayan.

Tungkol sa Awtor: Si Irene M. Santiago ay naging miyembro ng Philippine Government panel na nakipagnegosasyon sa MILF mula 2001 hanggang 2004. Noong 1995, pinangunahan niya ang secretariat ng Forum ng NGO tungkol sa *'Women held in China',* ang kasabay na NGO *forum ng UN Fourth World Conference on Women in Beijing,* ang pinakamalaking pandaigdigang pagsasama-sama ng mga kababaihan sa kasaysayan. Noong 2005, isa siya sa 1000 Kababaihan na nakatanggap ng nominasyon para sa *Nobel Peace Prize.* Mula pa noong 2001, si Irene na ang umuupong Tagapangulo at *Chief Executive Officer* ng *Mindanao Commission on Women, isang NGO na tumutulong sa paghubog ng pampublikong opinion at polisiya na 'tingnan mabuti ang papel ng kababaihan'.*

3. Sri Lanka

Kumudini Samuel

Bagama't wala sa mga naunang pormal na pagsusulong ng kapayapaan sa Sri Lanka,[45] ang nagbigay ng oportunidad para sa ano mang uri ng pakikilahok para sa kababaihan sa proseso ng negosasyon, ang mga usaping pangkapayapaan na nagsimula noong 2002 ay nagtakda ng pormal na espasyo para sa kanilang pakikisangkot sa pamamagitan ng pagbuo ng Sub Committee for Gender Issues (SGI) upang direktong makapag-ulat sa plenary ng mga usapang pangkapayapaan.[46] Ito ay bunga ng pinagsama-samang advocacy ng mga grupong kababaihan. Naitalaga upang" pag-aralan ang epektibong pagsasama ng mga problemang may kinalaman sa *gender* sa prosesong pangkapayapaan," ang SGI ay pinamamahalaan ng isang senior na politikong *Norwegian* (Dr. Astrid Heiberg). Ito ay binubuo ng sampung itinalagang kinatawan lima mula sa Gobyerno ng Sri Lanka (GOSL) na karamihan ay mga feministang aktibista mula sa sector ng Non-Governmental, na siyang kakatawan sa gobyerno sa mga pag-uusap at limang senior na babaeng kadre mula sa Liberation Tigers of Tamil Eelam (LTTE) na siyang kakatawan sa interes ng LTTE.

Ako ay miyembro ng SGI mula pa nang ito ay isilang at nanatiling bahagi nito hanggang noong 2003 nang mabuwag ang pormal na usapang pangkapayapaan. Dito, aking pinag-aralan ang SGI bilang mekanismo ng pagsasama ng kababaihan sa mga prosesong pangkapayapaan at tingnan ang mabuti at di-mabuti sa mga mekanismong ito para sa pagsusulong ng usaping pang-gender at inters ng kababaihan sa proseso ng pagbuo ng kapayapaan at kinahinatnan ng mga ito.

45 Maliban kay Adel Balasingham, asawang LTTE's Chief negotiator, na sinasabing palaging naroroon sa lahat ng mga pormal na negosasyon sa pagitan ng Gobyerno at ng LTTE.

46 The SGI ay naitalaga sa ikatlong round ng usapang pang plenarya noong Disyembre 2002 na sumunod sa paglagda ng pormal na kasunduan para sa tigil-putukan noong 2002.

> Dahil pinili naming magpulong sa kontroladong teritoryo ng LTTE, kaming mga delegado ng GOSL ay madaling nakabuo ng tiwala, habang ang mga LTTE naman ang siyang naging mga tagatanggap at nagkaroon sila ng papel bilang ahente."

Ang gawain ng *Sub-Committee for Gender Issues*

Nagdesisyon ang SGI na gamitin ang gender bilang konseptuwal na balangkas upang huwag malimitahan sa mga usaping tanging pang-kababaihan lamang. Kung pag-iisipan ang pagkakaiba batay sa karanasan, kapasidad at interes, isinentro ng delegasyon ng gobyerno ang kanilang trabaho sa mga legal at pampolisiyang reporma batay sa gender-sensitive na pag-analisa habang ang LTTE na delegasyon naman ay tumutok sa pagtugon sa mas kagyat na pangangailangan tulad ng paglilipat ng matitirhan, pagsasaayos, gawaing pang-kabuhayan at pagbangon mula sa trauma. Ang mga TOR na sinulat ng SGI para sa sarili nito ay tumutok sa pagpapanatili ng prosesong kapayapaan, kasama rin ang mga gawain sa larangan ng paglilipat tirahan; personal na seguridad at kaligtasan; imprastraktura at serbisyo; pagkakakitaan at trabaho, representasyong politikal at pabuo ng mga desisyon at pagkaka-sundong muli.[47] (Tingnan ang Box 2 para sa kasaysayan ng kaguluhan, para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa kaguluhan at mga epekto nito.)

Dahil pinili naming magpulong sa kontroladong teritoryo ng LTTE, kaming mga delegado ng GOSL ay madaling nagkaroon ng tiwala, habang ang mga LTTE naman ang siyang naging mga tagatanggap at nagkaroon sila ng papel bilang ahente. Kami rin ay nagkaroon ng pagkakataong makapag-usap tungkol sa mga personal na isyu sa labas ng pormal na lugar ng pulong na siyang nagbigay daan upang kami'y magkaunawaan at makabuo ng con-sensus. Bagama't sa maraming punto ng talakayan, kami ay nakararating sa mga kasunduan, di rin maikakaila na sa ilang mga isyu ay may di pagkakasundo dala na rin ng kanilang politikal na sensibilidad. Sa kabila nito, malinaw na ang SGI ay nakapagtataguyod ng iisang representasyon sa isyu tulad ng kagyat na pangangailan ng kababaihan at ilang element ng legal na reporma (tungkol sa karahasan laban sa kababaihan, politikal na representasyon, karapatan sa lupa at isyung pampolisiya tulad ng pantay na oportunidad sa mga trabaho at pantay na pasahod).

47 Tingnan SGI Press Release of 6 March 2003 available at www.peaceinsrilanka.org

Box 2: Kasaysayan ng Kaguluhan

Ouseph Tharakan, HD Centre

Ang Sri Lanka ang may pinakamadugo at pinakamatagal na giyerang sibil sa mundo kung saan mahigit sa 70,000 buhay na ang nawala sa kahabaan ng kaguluhan at hindi mabilang na mga nasugatan, nagkaroon ng trauma, nawalan ng tirahan at napaalis sa bansa at naging mga migrante at humanap ng *asylum*.[1] Ang pinaka-ugat ng digmaan ay nanatiling di natutugunan. Partikular ang persepsiyon ng minoridad na Tamil, matapos ang kalayaan noong 1948, na may diskriminasyon laban sa kanila pabor sa mga mayoridad ng Sinhala sa larangan ng pag-hahati ng kapangyarihan. Ito ang nagtulak sa kampanya ng Tamil para sa sariling lupang tirahan sa gawing hilaga at silangan ng Sri Lanka, kung saan naroon ang karamihan sa mga isla ng Tamil. Ang kalayaan ng Liberation Tigers of Tamil Eelam (LTTE) ay isa sa maraming militanteng grupo na lumabas noong huling bahagi ng dekada 70 at unang bahagi ng dekada 80 na nakikipaglaban para sa ganitong simulain. Ang LTTE ang nakakuha ng pamumuno sa mga militanteng grupo ng Tamil at ipinakilala nito ang kanilang sarili bilang isang di-matitinag na pwersang pandigma, na nagpapahayag na silang tanging kinatawan ng mga Tamil. Ang taong 1983 ang itinuring na bukal ng kaguluhan nang tambangan ng LTTE ang grupo ng sundalo kung saan may 13 mga sundalong Sinhala ang napatay. Ito ang naging mitsa ng mga kaguluhang pinungunahan ng estado kung saan libo-libong tamil ang namatay. Noong 1987, nagsagawa ng kasunduan ang India sa Gobyerno at sa LTTE upang i-*devolve* ang kapangyarihan at magpadala ng pwersang pangkapayapaan upang mapatigil na ang marahas na kaguluhan. Ngunit ang oposisyon sa kasunduan ay nagdulot ng mas malala pang karahasan na nagtulak sa pwersa ng sundalong Indian na umalis na rin matapos ang tatlong taon. Sa mga sumunod na taon, isang pantay na pwersa ng kapwa military ang naganap kung saan may may teritoryong nakukuha at nawawala bagama't walang pundamental na pagbabago sa kanilang *status quo* ang naganap.

May isang Norwegian na pumagitna sa prosesong pangkapayapaan nang magsimula ang kasunduan para sa tigil-putukan noong 2002, ngunit bumagsak din ang proseso sa kabila ng tigil-putukan, at lalong sumidhi ang labanan noong 2006. Matapos makontrol ang mga territoryo ng LTTE sa silangan ng bansa, pormal nang humiwalay ang Gobyerno sa tigil-putukan at umatake sa natitira pang malakas na teritoryo ng LTTE sa hilaga. Patuloy na natalo ang mga teritoryo ng LTTE gayundin ang mga kadre. Noong Mayo 2009, ang mga pangunahing lider nito kasama ang pinunong si Velupillai Prabhakaran ay napatay at nakuha ng pwersa ng Gobyerno ang mga natitirang bahagi ng hilagang probinsya. Tinuligsa ng internasyunal na komunidad ang mga paglabag sa karapatang pantao ng kapwa partido, at ang paggamit ng LTTE ng mga sibilyan bilang panangga sa mga pag-atake, at ang Gobyerno naman sa pag-atake kahit sa mga lugar ng sibilyan.[2] Tinatayang nasa 10,000-20,000[3] mga sibilyan ang nadamay sa huling bahagi ng digmaan. Napaalis mula sa kanilang lugar ang mga sibilyan na Tamil at

1 Minority Rights Group International, *State of the World's Minorities and Indigenous Peoples 2010 – Sri Lanka* (London: Minority Rights Group International, 2010, 1 July). www.unhcr.org/refworld/docid/4c3331075f.html. Accessed 29 December 2010; UN figures cited in Lynn, Jonathan, 'UN demands access to civilians in Sri Lanka', *Reuters Online,* May 20, (2009). http://uk.reuters.com/article/idUKLK435566. Accessed 14 December 2010.

2 Amnesty International, "Sri Lankan government and LTTE must heed demands from UN Security Council," Report, 13 May, (2009). www.amnesty.org/en/news-and-updates/news/sri-lankan-government-and-ltte-must-heed-demands-un-security-council-20090514. Accessed 14 December 2010.

3 Philp, Catherine, "The hidden massacre: Sri Lanka's final offensive against Tamil Tigers," *Times Online,* May 29, (2009). www.timesonline.co.uk/tol/news/world/Asya/article6383449.ece. Accessed 14 December 2010.

nakupkop sa mga kampo ng gobyerno.[4] Sinasabing may 80,000 sibilyan ang nananatili sa mga kampong ito at naghihintay ng kanilang malilipatan. [5]

Isang komprehensibong politikal na solusyon na sasagot sa mga pangamba ng Tamil ang kinakailangan upang magkaroon ng isang sustenableng kapayapaan. Sa brutalidad ng digmaan, at sa mga dekada ng kawalang tiwala, ang rekonsilyasiyon sa pagitan ng Tamil, Muslim at Sinhala ay mangangailangan ng mahabang proseso na hihingi ng malaking pagpupunyagi at pananagutan mula sa mga partidong sangkot.

Lubos na nagdurusa ang mga kababaihan sa gitna ng digmaan, sila ang naitataboy mula sa kanilang mga tahanan, kinailangang magdala ng maramihang pagkawala ng kanilang mga mahal sa buhay at makaranas ng karahasan mula sa mga pagsalakay, seksuwal na pang-aabuso hanggang sa pagkagahasa at *torture.* Ngunit ang mga kababaihan ay hindi lamang mga biktima. Naging bahagi rin ng karahasan ang mga kababaihang sa kanilang paghawak ng armas bilang pwersa ng sundalong Sri Lanka at sa LTTE. Halos isang- katlong bahagdan ng pwersang pandigma ng LTTE ay kababaihan.[6] Aktibo rin ang mga kababaihan bilang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at mga tagapagsulong ng kapayapaan na nagtutulak ng proseso ng pag-uusap at humihiling ng mas maigting na pananagutan at hustisya.

Ang kaguluhan din ang nagpabago sa tradisyunal na papel ng mga kababaihan sa Sinhala, Tamil at Muslim na lipunan sa mga lugar na apektado ng digmaan sa Sri Lanka. Maraming kababaihan ang napilitan sa maraming pagkakataon na tumayong *de facto at de jure head* ng kanilang sambahayan at maging responsible sa buhay at seguridad ng kanilang mga pamilya.[7]

Maraming kababaihan ang nanatiling delikado sa panahon pagkatapos ng digmaan. Ang mga napaalis na kababaihan sa kanilang tirahan dulot ng kaguluhan ay nasa sitwasyong delikado katulad ng sa mga kababaihang bumalik sa kanilang mga iniwang lugar na sinira ng digmaan. Idagdag pa na pagkatapos ng digmaan ay mayroon pa ring pagtatangka na ibalik ang tradisyunal na papel ng kababaihan. Ang paniniguro na ang mga kababaihan ay bibigyan ng representasyon sa mga pagdedesisyon pagkatapos ng digmaan ay mahalaga upang mabigyang- diin ang mga tagumpay ng kababaihan sa panahon ng digmaan.[8] Ngunit hindi pa rin ganito ang nangyayari sa Sri Lanka. Ang *Presidential Task Force on Northern Development* na may 19 na miyembro at itinalaga noong may 2009 ay wala ni isa mang babae. Habang ang kakatalagang *Commission on lessons Learnt and Reconciliation* ay may miyembrong puro kalalakihan maliban sa isa. Dagdag pa ang limitadong representasyon ng kababaihan sa pormal na politikal na institusyon. [9] Ito ay isang kabalintunaan dahil sa noong 1931 ang Sri Lanka ang unang bansa sa umuunlad na mga bansa ang nagbigay ng karapatan sa mga kababaihan na bumoto at noong 1960, si Sirimavo Bandaranaike ang unang nahalal na babaeng *Prime Minister* sa mundo. At ang kanyang anak na si Chandrika Kumaratunga ang nagsilbi ng dalawang termino bilang president ng Sri Lanka.

---

4 United Nations, *Sri Lanka Mid-Year Review, Common Humanitarian Action Plan,* (Geneva: United Nations, 2009). www.humanitarianinfo.org/sriLanka_hpsl/Files/Appeals%20and%20Funding/Appeals%20and%20Funding/AF00023_MYR_2009_Sri_Lanka_CHAP_SCREEN.pdf. Accessed 14 December 2010.

5 UN Office for the Coordination of Humanitarian Affairs, *Joint Humanitarian Update, North and East Sri Lanka, Report No. 28, September* (Colombo: OCHA, 2010). www.reliefweb.int/rw/RWFiles2010.nsf/FilesByRWDocUnidFilename/VVOS-8AEK8K-full_report.pdf/$File/full_report.pdf. Accessed 25 February 2011.

6 Editorial, "Female ex-LTTE members rehabilitated into Sri Lankan Society," *Unite Sri Lanka,* November 11, (2010). www.unitesrilanka.org/2010/11/11/female-ex-ltte-members-rehabilitated-into-sri-lankan-society/. Accessed 21 February, 2011.

7 Samuel, Kumi and Chulani Kodikara, "Sri Lanka: Women are not willing to go back to pre-war status quo," Securalism is a Women's Issue, siawi.org, May 22, (2010). www.siawi.org/article1972.html. Accessed 21 February, 2011.

8 Samuel, Kumi and Chulani Kodikara (2010).

9 Samuel, Kumi and Chulani Kodikara (2010). Also see the blog post on the local governance bill and local government elections on the HD Centre peacetalks blog, written by Kumudini Samuel, 8 February 2011.

Pag-aaral ng Sub-Committee on Gender Issues

Naging mabilis man ang buhay ng SGI, na nagkaroon lamang ng dalawang pormal na pagpupulong at ilang impormal na pagsasama-sama matapos ang pagbagsak ng usapang pangkapayapaan noong Abril 2003, maganda ring mapag-aralan at matasa ang SGI. Nangangailangan ng pormal na pagtatasa ang pagbubuo nito, pakikiugnay sa prosesong pangkapayapaan, digri ng awtonomiya at ang ugnayan sa mas malawak na kilusang pangkababaihan.

Pagkakatalaga at Komposisyon

Ang SGI ay itinalaga kapwa ng Gobyerno at ng LTTE at hindi ito bunga ng isang konsultasyon sa mga grupo ng *civil society* o iba pang mga politikal na grupo. Dahil dito, nanatili ang karapatan ng LTTE na magtalaga ng mga babaeng Tamil sa SGI at pumili mula sa sarili nitong mga kadre, hindi rin nito kinikilala ang mga politikal na pagkakaiba-iba sa lipunang Tamil. May mga pagtatalo rin sa pagitan ng mga grupong kababaihan kaugnay ng *class* o uring panlipunan at rehiyonal na pinanggagalingan ng delegasyon ng GOSL, at ng kanilang sariling istatus bilang neutral o walang kinikilangang NGO- na siyang nagtulak sa SGI na gumawa ng pamamaraan ng pakikiugnay sa civil society na labas sa prosesong pangkapayapaan. Ginagawa namin sa delegasyon ng gobyerno ang ganito at sinisigurong ang mga negosasyon ay ginagabayan ng boses ng mga kababaihang direktang apektado ng kaguluhan. Ang lahat ng bagay na aming isinama sa *terms of reference* ng SGI ay sumasakop sa mga problemang ito.[48]

Awtonomiya at Pagpapasailalim

Ang SGI ay nakaugnay sa pormal na prosesong pangkapayapaan bilang kinatawang tagapayo subalit walang malinaw na direksiyon kung paano ang ugnayang ito, ay maisasakatuparan sa praktikal na paraan. Nagkasundo ang GOSL at LTTE na maaaring magkaroon ng kinatawan mula sa SGI sa mga usapan sa plenary, gayunpaman, ang mga pag-uusap ay nahinto na bago pa man maisagawa ang kasunduang ito- kaya walang pagkakataon ang SGI na maipaglaban ang kanyang pananatili, na hiwalay sa paghinto at pagsisimulang muli ng prosesong pangkapayapaan at malaya sa GOSL at LTTE.

---

48 Tingnan Women and Media Collective, "Women's Concerns and the Peace Process, Findings and Recommendations, Women's Mission to the North East of Sri Lanka, 12-17 October 2002," (Colombo: Women and Media Collective, December 2002). Dito ibinatay ang SGIs terms of reference.

Bagama't napanatili ng SGI ang malaking digri ng kanyang awtonomiya, naging limitado ito sa papel bilang tagapayo, kung kaya't ang kanyang pananatili ay naging depende sa mga layunin at kagustuhang politikal ng LTTE at ng Gobyerno sa pagpapatuloy ng pormal na usapang pangkapayapaan. Ibig sabihin din, ang SGI ay may kalayaan lamang na kumilos kung ang mga tinutugunang problema ay hindi kontra sa prosesong pangkapayapaan at agendang politikal ng Gobyerno at ng LTTE. Halimbawa, dahil ang karapatang pantao, demilitarisasyon at ang pagsasama ng mga Muslim bilang politikal na kinatawan sa prosesong pangkapayapaan, ay mga isyung pinagtatalunan pa sa plenary, hindi rin direktang matalakay at mapasok ng SGI ang mga ito, bagama't marami na ring nagawa ang SGI sa mga isyung nabanggit. Ngunit ang patuloy na interaksiyon ng SGI sa plenarya ay lubos na nakasalalay sa kagustuhang politikal ng Gobyerno at LTTE sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Kaya't habang hindi maaaring talikuran ang ugnayan sa Gobyerno at LTTE sa pormal na lugar ng negosasyon para sa pagsusulong ng kapayapaan, ang usapin ng awtonomiya at pagiging malaya ng SGI ay nagiging kritikal na salik.

Ang klase ng pagkakatalaga sa SGI bilang isang pormal na istraktura ng usaping pangkapayapaan, ang siya ring naging balakid upang magkaroon ng impormal na pag-uusap sa pagitan ng mga kababaihang delegado. Ito ay dahil sa, bagama't malaya sa mga politikal na istraktura ng gobyerno, kami sa delegasyon ng GOSL ay nakatali pa rin dahil sa aming posisyon bilang mga delegado ng gobyerno at hindi mga independiyenteng actor, at ang mga nominado ng LTTE ay nakatali rin sa LTTE. Samakatuwid, nang magdesisyon ang LTTE na umalis mula sa pormal na istraktura ng prosesong pangkapayapaan, ang mga kababaihan ng LTTE sa SGI ay kinailangang umalis na rin mula sa negosasyon at dahil dito nawawalan na rin ng saysay ang SGI. Sa katunayan kaalinsabay din nito ang pagkawala ng mga *sub-committee.*

Ibig sabihin nito na napakahalaga para sa isang mekanismo o mga mekanismo na itinalaga bilang karagdagan o kasangkot sa mga pormal na negosasyon na magkaroon kahit papaano ng kalayaan mula sa mga opisyal na proseso o partido, habang patuloy silang kinikilala bilang bahagi ng opisyal na proseso.

Kahalagahan

Wala sa mga sub-committee na naitatag bago ang SGI ang nagtalaga ng mga kababaihansa kanilang grupo.[49] Walang babaeng delegado mula sa SGI ang

49 Ang high profile Sub-Committee on Immediate Humanitarian Needs (SIHRN), the Sub-Committee on De-escalation and Normalisation (SDN) and the Sub-Committee on Political Matters.

“Karaniwang may *dilemma* sa mga prosesong pangkapayapaan kung paano at hanggang saan maaaring gumamit ng mga pamamaraang labas-panghukuman na gumagamit ng dahas upang makamit ang kanilang mithiin. Isang praktikal na opsiyon ay ang pumasok sa lebel ng pormal na usapang pangkapayapaan.”

naimbita upang bumuo ng mga proposal ng gobyerno para sa interim na mekanismong pang-administratibo para sa hilagang-silangan, na siyang ginawa upang maibalik ang napatigil na prosesong pangkapayapaan. Gayundin, wala sa mga kababaihan ng LTTE na naging kinatawan sa SGI ang naging bahagi ng pagsulat ng mga proposal ng LTTE para sa interim na awtoridad upang mapamahalaan ang sarili, bilang sagot sana sa proposal ng GOSL noong Oktubre 2003.

Ibig sabihin, possible na ang SGI, sa pagdaan ng panahon, ay makita bilang mekanismong maaari pang mapalawak – maliban na lang kung ang mga delegado ay maging bahagi ng negosasyon sa kapayapaan. Ito ang nauna nang kahilingan ng SGI na naaprubahan na ngunit hindi nangyari dahil sa pagbagsak ng usapang pangkapayapaan noong Abril 2003.

Representasyon at Partisipasyon

Pakikipag-ugnay sa mga militanteng kababaihan

Karaniwang may *dilemma* sa mga prosesong pangkapayapaan kung paano at hanggang saan maaaring gumamit ng mga pamamaraang labas-panghukuman na gumagamit ng dahas upang makamit ang kanilang mithiin. Isang praktikal na opsiyon ay ang pumasok sa lebel ng pormal na usapang pangkapayapaan. Naniniwala ako na dito maaaring magbahagian ng mga karanasan at istratehiya at magbuo ng mga polisiyang tatalakay sa mga mahahalagang usapin ng marginalisasyon kapwa para sa mga kababaihan ng LTTE at sa mga feminista mula sa hanay ng mga kilusan ng kababaihan sa labas ng LTTE.

Pakikipag-ugnay sa Estado

Noong 2002, ang pagkakaroon ng prosesong pangkapayapaan ang siyang nagtulak sa mga kababaihan ng Sri Lanka upang muling pag-aralan ang kanilang

Pinanawagan ng mga kababaihan ang isang diyalogo sa isang demonstrasyon laban sa digmaan sa Colombo, Enero 23, 2006. Hinihinalang mga rebeldeng Tamil Tiger ang nang-ambush at pumatay sa tatlong sundalo sa nagdaang mga araw, habang hinihintay ang pagdating ng isang tagapamagitang pangkapayapaan mula sa Norway upang simulan ang huling pagtatangka para sa usaping pangkapayapaan at pigilan ang panunumbalik sa digmaang sibil. © Reuters/Buddhika Weerasinghe

pakikipag-ugnay sa estado. Ang ilan sa kanila ay nagdesisyong maging bahagi ng o magtrabaho kasama ng SGI. Ang pagkatatag ng SGI at ang orihinal na mandato nito sa mga usapan sa plenarya ay kinabibilangang ng mga kababaihan sa pormal na istrakturang nagsusulong kapayapaan. Dahil dito nagkaroon ng pagbabago sa pakikiugnay ng mga kababaihan sa pagsusulong ng kapayapaan mula sa di-pormal patungong pormal na arena.

Pag-uugnay ng mga kilusang kababaihan sa pagsusulong ng kapayapaan

Ang konsepto ng SGI- bilang isang hiwalay na grupo na maaaring magpulong at magtrabaho nang may kalayaan, bagama't direkta pa rin itong nakakabit sa prosesong pangkapayapaan- ay isang mahalagang mekanismo upang lalong mapahusay ang pamamaraan ng pagsasama at direktang pakikiugnay sa mga kababaihan. Ngunit kinakailangan ring ng mga aktibista para sa kapayapaan, grupong kababaihan at mga koalisyon para sa kapayapaan, na maunawaan at tanggapin na ang mga mekanismong tulad ng SGI ay may potensiyal na hind

maging matatag at hindi natatanging paraan upang mapangalagaan ang mga interes ng kababaihan. Hindi sila maituturing na kapalit sa mas aktibo at independyenteng mobilisasyon ng kababaihan at ang patuloy na pagla-lobby para sa representasyon at sa prosesong nagbibigay respeto at garantiya sa mga demokratikong karapatan ng tao at sumisiguro sa sustenable at nakapag-babagong pagsusulong ng kapayapaan.

Tungkol sa awtor : Si Kumudini Samuel ay ang Direktor ng *Women and Media Collective sa Sri Lanka. Siya rin ay miyembro ng Executive Committee ng Development Alternatives with Women for a New Era (DAWN). Si* Kumudini ay naging miyembro ng *National Advisory Council on Peace and Reconciliation,* isang grupo ng civil society at mga gumagawa ng polisiya na itinalaga ng pangulo sa panahon ng prosesong pangkapayapaan. Siya ay nagsusulong ng mga isyu ng karapatan ng kababaihan, karapatang pantao, kapayapaan at pagresolba ng kaguluhan at nakapaglathala na rin siya sa mga usaping ito.

4. Indonesia

Rohaiza Ahmad Asi, Cate Buchanan, Irine Hiraswari Gayatri, Akiko Horiba, Lidya Christin Sinaga, Septi Satriani and Shienny Angelita[50]

Ipinakikita ng mga ebidensiya na sa Indonesia, tulad sa iba pang bahagi ng mundo, ang resolusiyon sa karahasan at digmaan ay karaniwang saklaw ng kalalakihan. Ito ay sa kabila ng aktibong pakikilahok ng mga kababihan sa pagsusulong ng kapayapaan at pagtataguyod nito sa lebel kung saan ang karahasan ay mismong nagaganap (sa loob at pagitan ng mga komunidad at sa mababang lebel ng lipunan). Sa kalahatan, ang karanasan ng Indonesia ay sumasang-ayon sa global na takbo ng mga pangyayari.

Sa kabila ng pagiging demokratiko na nagkaroon ng isang babaeng pinuno ng estado at unti-unting pagkakaroong ng representasyon ng kababaihan sa pambansang lehislatura (mula 16 hanggang 18 bahagdan sa huling pambansang eleksiyon noong 2009)[51] kakaunti lamang na kababaihan ang naging sangkot sa mga pormal na prosesong pangkapayapaan nitong mga nakararaang taon. Sa huling bahagi ng "*Helsinki process*" na usapang pangkapayapaan sa Aceh, isang babae lamang, si Shadia Marhaban ang napasama bilang miyembro ng grupong sumusuporta sa Free Aceh Movement (GAM).[52] Sa prosesong pangkapayapaan naman sa Poso (Malino I) may dalawang babaeng pastor mula sa Kristiyanong komunidad ang nakilahok sa proseso (Nelly Alamako at Lis Sigilipu) at isang babaeng Muslim (Ruwaida Untingo).[53]

---

50 This article is an abridged and slightly revised version of the Centre for Humanitarian Dialogue, *Women at the Indonesian peace table: Enhancing the contributions of women to conflict resolution,* report and policy recommendations with the Indonesian Institute of Sciences, (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2010). Bios of the authors are available in the larger report.

51 International Parliamentary Union, *Women in National Parliaments as of December 31st 2010,* International Parliamentary Union Database, www.ipu.org/wmn-e/classif.htm. Accessed February 14, 2011.

52 The Malino Declaration on Poso can be accessed at www.reliefweb.int/rw/rwb.nsf/db900SID/ACOS-64BRC3?OpenDocument. Malino II Peace Agreement on Maluku can be accessed at www.reliefweb.int/rw/RWB.NSF/db900SID/ACOS-64CDMA?OpenDocument

53 The Malino Declaration on Poso can be accessed at www.reliefweb.int/rw/rwb.nsf/db900SID/ACOS-64BRC3?OpenDocument

Box 3: Kasaysayan Ng Mga Bagong Kaguluhan Sa Indonesia

Ang makapangyarihang rehimen ng Soeharto ay nagsimula noong 1966 nang ang Indonesia ay bata pang bansa. Nanatili siya sa kapangyarihan ng may dalawang dekada, at bumulusok pababa noong 1998. Malaki ang pagpapahalaga ng rehimen sa ideolohiya ng estado, ang *Pancasila* na binubuo ng limang prinsipyo:

1. Paniniwala sa isa at nag-iisang Diyos;
2. Pantay at Sibilisadong humanidad;
3. Pagkakaisa ng Indonesia;
4. Demokrasyang ginagabayan ng internal na talinong galing sa pagkakaisang dulot ng deliberasyon sa hanay ng mga kinatawan;
5. Panlipunang hustisya para sa lahat ng tao sa Indonesia.[1]

Ang civil society, at ang mga *non-governmental organization* (NGO) ay kinailangang sumunod sa *Pancasila* upang mapayagang makapagrehistro. Ang mga estudyante mula sa mataas na paaralan hanggang kolehiyo ay dapat na sumailalim sa maraming oras ng indoktrinasyon upang maunawaan at angkinin ang ideolohiyang ito.

Ang kalayaan sa pamamahayag ay pinigilan din. Ang Pambansang eleksiyon ay ginanap tuwing ika-limang taon at ang representasyong politikal ay limitado lamang sa tatlong politikal na partidong maaaaring lumaban sa kanila. [2] Sa panahon ng *New Order* o Bagong Utos, ang 'kaunlaran' ay isinulong nang husto bilang isang proseso at layong pang-modernisasyon. Ipinagbawal ang pagsalungat, at ito ay itinuturing na balakid sa kaunlaran ng bansa. Ang politikal na pagtuon sa kaunlaran ang siyang nagdulot ng malaking agwat ng yaman, malawakang korupsiyon, gayundin ang nepotismo at kadalasang paggamit ng karahasan upang pigilan ang pagsalungat sa estado.[3] Pinalawak din ni Soeharto ang naunang polisiya ng transmigrasyon, na naglipat ng mga tao mula sa Java na malaki ang populasyon papunta sa iba pang mga isla sa labas, na nagpalala sa relasyon ng mga migrante at mga katutubong populasyon. Naging labis na militarisado ang estado, at sa lahat ng mga matataas na ranggong politikal at kapangyarihang militar, ang tanging naging kapangyarihan ng kababaihan ay ang kanilang kaugnayan sa mga may hawak ng kapangyarihan na kanilang napangasawa.

---

1 Nishimura, Shigeo, "The development of Pancasila moral education in Indonesia," *South-east Asian Studies,* Vol. 33, No. 3, (Singapore: National University of Singapore/Cambridge University Press, 1995), pp.303-316.

2 ANg mga partido ns siyang mga Functional Group (Golongan Karya); the United Development Party (Partai Persatuan Pembangunan, PPP), an Islamic-based party; and the Indonesian Democratic Party (Partai Demokrasi Indonesia, PDI), a secular/populist ("Abangan") party.

3 Ang rehimen ng New Orderang nagsagawa ng maraming pagpatay sa mga maliliit na kriminal o mga taong napagkamalan lamang na gumawa ng krimen. Ang mga misteryosong pagpatay na ganito (karaniwang tinatawag na petrus) ay nangyari noong mga taon ng 1982-1985. Tingnan, Columbijn, Freek, "Explaining the violent solution in Indonesia," *The Brown Journal of World Affairs,* Vol. IX Issue 1, Spring, (2002); Vatikiotis, Michael. R.J, *Indonesian politics under Suharto: The rise and fall of the New Order,* (London: Routledge, 1998); Nordholt, Henk Schulte, *A Genealogy of Violence in Indonesia,* (Portugal: CEPESA, 2000).

Karamihan ng mga kaguluhang lumabas sa panahon ng panunungkulan ni Soeharto ay biglaan, masyadong mararahas at nakasentro sa isyu ng kawalan ng hustisya at karapatang pantao. Halimbawa, ang away sa pagitan ng militar at interes na panrelihiyon (Tanjung Priok 19840 korupsiyon, etnikong usapin (laban sa Tsino) o kalupitan ng pulisya (Tasikmalaya 1996), aktibismo ng estudyante dahil sa hindi magandang serbisyo ng gobyerno at kalupitan ng at militar/pulisya (Makassar 1996).[4]

Noong Mayo 1998, nawala sa kapangyarihan si Soeharto. Ito ay bunga ng tumataas na panawagan ng publiko at ang masidhing paghingi ng demokrasya na pinalala pa ng krisis sa pananalapi sa Asya noong 1997. Matapos ang tatlumpung taon ng militar na diktadurya, mabilis namang pumalit ang politikal na kaguluhan sa Indonesia. Nagkaroon ng mararahas na kaguluhan sa bansa. Nagkaroon ng mga pagkilos para sa paghiwalay o pagsasarili lalo na bahagi ng Aceh, Papua at East Timor, habang nagkaroon naman ng komunal na kaguluhan na nakaikot sa mga isyung etniko at relihiyon sa Central at West Kalimantan, gayundin sa Central Sulawesi at Maluku. Ang mga kaguluhang ito ay nagbabanta na noon pa man at napigil lamang dahil sa dati'y mahigpit na represiyon ng gobyerno. Mabilis na pinipigil ang mga kaguluhan sa panahon ng New Order dahil sa takot na ito ang mag-udyok sa 'SARA' (isang daglat para parirala sa Indonesia na ang ibig sabihin ay tensiyon na nag-uugat sa usaping pang-etniko, relihiyon, lahi at mga relasyon ng iba't ibang grupo). Sa dulo ang polisiyang ito ng supresiyon ang sinisisi sa pagkakaroon ng mga mararahas na pagsiklab ng mga komunal na pag-aaway noong 1998.[5] Ang karahasang ito ang nagdulot ng pagkawala ng libo-libong buhay at ang internal na pagkakapaalis dahil sa kaguluhan ng milyong mga tao.

4 Supriatna, A. Made Toni (Ed), *Tahun Kekerasan Potret Pelanggaran HAM di Indonesia,* (Jakarta: Yayasan Lembaga Bantuan Hukum Indonesia/YLBHI, 1996), pp.41-48.

5 Gershman, John, "Indonesia: Islands of conflict," *Asya Times Online,* 26 October, 2002.

Babaeng taga Papua nakikibaka sa Jakarta para sa mas malawak na awtonomiya.
© Jefri Aries/IRIN (www.irinnews.org)

Sa proseso ng Malino II sa Maluku, isang babaeng pastor (Margarette Hendrik) at dalawang Katolikong babae (Sister Brigitta Renyaan at Etty Dumatubun) ang napili bilang mga kinatawan ng Kristiyanong komunidad. Walang babaeng Muslim na kinatawan sa proseso sa Malino II.[54]

Kahit sa Papua, kung saan ang mga kababaihan ay mas aktibong nakikilahok sa mga impormal na usapang pangkapayapaan upang maresolba ang kaguluhan o pakalmahin ang tensiyon sa pagitan ng mga opisyal na taga-Papua at Indonesia (o sa pagitan ng iba't ibang grupo ng *civil society*) ang kanilang presensiya sa mga pormal na pag-uusap ay limitado. [55] Ang mga pagsisikap na mapabilang ang mga kababaihan sa usapang pangkapayapaan ay karaniwang isinusulong ng mga grupong kababaihan tulad ng Solidaritas Perempuan Papua-SPP, (Papua Women's Solidarity).

54 Malino II Peace Agreement on Maluku can be accessed at www.reliefweb.int/rw/RWB.NSF/db900SID/ACOS-64CDMA?OpenDocument

55 The use of the word 'Papua' in this report refers to Papua and West Papua provinces. Indigenous people refer to Papua and West Papua province as West Papua.

Ang mga kasuduang pangkapayapaan sa Indonesia ay karaniwang nagkukulang sa *gender sentivity.* Bagama't malinaw naman na hindi lamang ang mga kababaihan ang maaaring maglabas ng mga isyu ng gender, ipinakikita ng kasaysayan na sila lamang ang naglalabas ng mga ito, at lubos na maka-pagpapaliwanag kung bakit kulang sa mga perspektibo ng gender ang mga kasunduan sa Indonesia. Mababanaag din na ang kagyat na politikal na solusyon at ang pagbibigay ng 'mahigpit" na seguridad at ang pagbabawas ng karahasan ang siyang tumatakip sa iba pang mahalagang mga isyu. Halimbawa, wala ni isang artikulo sa 2005 kasunduan sa Aceh na tumatalakay sa gender kahit pa halimbawa, may pangangailangan na harapin ang pagsasama-sama muli ng kababaihan ng mga rebeldeng grupo.[56] Ganito rin ang sa mga kasunduang pang-kapayapaan sa Malino I at II.

Mga Hamon sa partisipasyon at Perspektibang may ugnay sa Gender: Relihiyon, Patriyarka, Pagkiling

Sa Indonesia, maraming salik ang nakaiimpluwensiya kung bakit hindi naka-kasama ang kababaihan sa mga pormal at di-pormal na resolusiyon ng mga kaguluhan. Kahit pa may mga bahagi ng Indonesia na may malakas na tradisyong matrilinyal (halimbawa, sa Minangkabu sa Kanlurang Sumatra), ang potensiyal sanang positibong epekto nito ay natatalo ng konserbatibong panrelihiyong inter-pretasyon ng mga papel at lugar ng kababaihan sa lipunan.

Halimbawa, ang batas Shari'a ay ginagamit sa Aceh bilang pagtatangka na alisin ang babae sa kanyang posisyon bilang puno ng isang subdistrict, kung saan ang tagapangulo ng lokal na distrito ng Bireuen na si Ridwan Muhammad ay nagsalita: "Sang-ayon sa Shariah, ang babae ay pinagbabawalan na maging isang lider."[57] mula sa ganitong halimbawa, makikita ang tendensiya sa hanay ng mga kalalakihan at kababaihan na rin na isipin na ang mga babae ay salat sa kapasidad at karanasan upang makilahok sa politika o sa pampublikong buhay.[58] Ayon sa isang miyembro ng National Parliament na si Eva Kusuma

56 Ayon kay Shadia Marhaban, ang tanging babae na nakalahok sa mga usapan, ang istratehiya ni Martti Ahtisaari's ay ang tumutok ng limang buwan sa mga batayang isyu tulad ng seguridad, politikal na pag-aayos at pagbubuklod muli. Hindi lamang ang isyu ng gender ang napabayaan pati na rin ang mga isyu ng karapatang pantao. Bagama't nangako ang gobyerno ng Indonesia na ang mga isyung ito ay isasama sa Law on Governing Aceh (LoGA) tulad ng nasasaad sa Helsinki MoU.

57 "'Women Unfit to Lead' Says Acehnese District Council Chairman" *The Jakarta Globe,* 8 October, (2010).

58 "Women in politics ignored by legislators, parties: Experts," *The Jakarta Post,* 14 June, (2010). Dewi, Mariani, "Eva K. Sundari: `You are measured by whether your presence has an effect'," *The Jakarta Post,* 8 February, (2009).

Sundari, ang mga babaeng nasa lehislatura ay kailangang higit na magaling at dapat magtrabaho nang mas mahusay upang mapansin at makilala.[59]

Noong Marso 2010 nang tumawag ang HD Centre ng isang diskusiyon upang talakayin ang usaping ito sa Indonesia, isang kalahok (lalaki) ang nagsalita:

> "Bago natin pag-usapan ang pagpapalakas ng partisipasyon ng kababaihan sa pormal na prosesong pangkapayapaan, atin munang siguruhin na tayo ay mayroong sapat na dami ng mga kababaihang may potensiyal at kakayahan."[60]

Maraming mga babaeng kalahok ang sumang-ayon dito, sa kabila ng malakas na boses ng kababaihan sa *civil society* sa mga lugar ng kaguluhan tulad ng Papua, Poso at Maluku. Kung kaya, ang isang pinakamalaking hamon sa malakas na partisipasyon ng kababaihan sa pampublikong buhay sa Indonesia at sa pagsusulong ng kapayapaan ay ang usapin pa rin ng pagiging patriarka ng lipunan.

Subali't ang presensiya ng mga kababaihang lider na *gender-sensitive* ay nakapagbigay- sa komunidad gayundin sa lokal at sentral na gobyerno, ng tulong upang makapasok ang iba pang kababaihan. Ganito ang naging kaso sa Maluku nang maging deputy governor ng rehiyon si Paula Renyaan. Bilang miyembro ng grupo ng *civil society* na *Gerakan Perempuan Peduli (Concerned Women's Group),* nagamit niya ang kanyang dalawang ginagampanang papel upang madala ang mga problema ng kaniyang grupo sa talakayan sa lebel ng gobyerno at upang ang kanilang gawain (tulad ng *psycho*-sosyal na gawain sa mga babae at batang nagkaroon ng trauma, gayundin ang mga pakikipagpulong sa mga Gobernador at komander ng Militar sa rehiyon) ay mayroong politikal na suporta. Kapansin-pansin din na ang kanilang gawain na sumasaklaw sa panahon bago, sa mismong panahon at pagkatapos ng karahasan, isang natatanging halimbawa ng kahalagahan ng pang-matagalang paraan ng pagsusulong at pagtataguyod ng kapayapaan.[61]

Gayunpaman, nililimitahan rin ng kapwa kababaihan at mga kalalakihan ang oportunidad para sa iba pang kababaihan sa pagsasabing, "salat ang kanilang

---

59 Dewi, Mariani, "Eva K. Sundari: `You are measured by whether your presence has an effect'," *The Jakarta Post,* 8 February, (2009).

60 March Roundtable meeting tungkol sa 'Women at the Indonesian peace table: Enhancing the roles of women in conflict resolution,' 24-25 March 2010, The Sultan Hotel, Jakarta.

61 Lange, Kirk, "Prospects for Conflict Transformation in Maluku: Mapping Assets, Spaces, and Moments for Peacebuilding," **Cakalele,** Vol. 11, (University of Hawai'i Center for Southeast Asian Studies: Manoa, 2000), p.149.

> Katotohanang maraming kababaihan partikular sa mga rural na lugar, na may mababang lebel ng pagkamulat sa kanilang karapatan sa pagkakapantay-pantay at partisipasyon.

kasanayan" o "edukasyon."[62] Pinalalala pa ang sitwasyon ng katotohanang maraming kababaihan partikular sa mga rural na lugar, na may mababang lebel ng pagkamulat sa kanilang karapatan sa pagkakapantay-pantay at partisipasyon. Dahil dito, maraming kababaihan ang hindi pamilyar sa mga politikal na isyu o hindi nila nakikita ang mga ito na larangan kung saan dapat o maaari silang makilahok. Nangyayari ito sa kabila ng katotohanan na sila ay mga lokal na namumuno o lider sa kanilang komunidad, na pangkaraniwan namang kalagayan sa Indonesia.

Ang mga kababaihan sa Indonesia, katulad sa iba pang lugar, ang siyang pangunahing nagdadala ng responsibilidad para sa pag-aalaga ng kanilang mga pamilya. Ito ay nagdudulot ng hamong lohistikal at emosyonal sa mga kababaihang matagal na nakikisangkot sa prosesong pangkapayapaan, lalo na kung ito ay hindi ginagawa sa kanilang lugar. Dagdag pa dito, ang ilang kababaihan ay may pangamba na lumahok sa prosesong pinaghaharian ng kalalakihan at sa isang politikal na sistema na kanilang inaayawan, lalo na kung sila ay hindi pinayagang magkaroon ng papel sa labas ng kanilang tahanan dahil sa kultural o iba pang kadahilanan. Ang mga legal at panrelihiyong kadahilanan ay maaaring may epekto rin: maraming halimbawa ng mga regulasyon sa Indonesia na inilalabas sa ngalan ng moralidad na panrelihiyon bilang pagtatangka na pigilan ang pagpasok ng kababaihan sa eleksiyon o pakikilahok sa buhay pampubliko. Dalawa sa napakaraming halimbawa ay mula sa *Padang Village* at sa distrito ng Bulukumba sa Makassar, probinsiya ng South Sulawesi, kung saan ang isang rehiyunal na regulasyon (peraturan daerah, perda) ay nagtatakda sa mga kababaihan na magsuot ng Muslim na kasuotan.[63]

---

62 Interview ni Rohaiza Asi with Ledia Hanifa Amaliah, head of public relations para sa Indonesian Parliament Caucus for Women, at miyembro ng People's Representative Council (DPR) noong 22 April 2010 sa Jakarta. Ito rin ang pananaw na paulit-ulit na nabanggit sa March 2010 Roundtable na pulong.

63 Octaviani, Indry and Sri Wiyanti Eddyono et al, "Inisiatif Pemberdayaan dan Partisipasi Politik Perempuan: Studi Kasus Padang Pariaman, Solok dan Bulukumba" (Women's Empowerment and Political Participation Initiatives, Case Study in Padang Pariaman, Solok, and Bulukumba), in Tim WEMC Indonesia (Women's Empowerment in Moslem Context, Indonesia), *Inisiatif Pemberdayaan Perempuan* (Women's Empowerment Initiative), (Yogykarta: Amani Press, 2008) pp.63-65.

Habang sa distrito ng Tangerang, probinsiya ng Banten *perda No*. 8/2005 sa usapin ng prostitusyon, nalilimitahan ang kalayaan sa pagkilos ng kababaihan dahil ginagamit ito upang arestuhin ang mga kababaihang nasa labas ng kanilang tahanan kung gabi.

Ang kawalan ng *political will* o politikal na kagustuhan ang isang mahalagang salik kung bakit wala ang mga kababaihan sa mga negosasyong pangkapayapaan. Sa Indonesia, ang "*gender mainstreaming"* ay isang bagong konsepto at may kawalan ng kamalayan pa sa konseptong ito. Ang pinagsama-samang kawalan ng pakialam sa politika, yaman at tiwala gayundin ang mababang lebel ng edukasyon ang nagpapababa ng pakikilahok ng kababaihan sa mga prosesong nagsusulong ng kapayapaan.

Ang Kababaihan sa *New Order: State Ibuism*

Tulad ng klasikong diktadurya, binuo ng New Order ang isang opisyal na ideolohiya ng gender na nagpakita sa papel ng kababaihan bilang mga asawang sumusuporta sa kanilang asawang naglalayon ng 'kaunlaran', at nagbibigay- diin sa kanilang mga responsibilidad bilang mga ina o *ibu*. Ito ay tinawag na 'state ibuism' na nagbigay depinisyon sa mga kababaihan bilang "mga karagdagan at kasama ng kanilang mga asawa, bilang tagapagsilang ng bayan, bilang mga ina at guro ng kanilang mga anak, bilang mga tagapangalaga ng tahanan, at mga miyembro ng lipunang Indonesia.[64] Ang mga kababaihan ay karaniwan namomobilisa sa mga organisasyon tulad ng Dharma Wanita (Civil Service Wives association), isa sa nangungunang organisasyon ng kababaihan; ang Pendidikan Kesejahteraan Keluarga (PKK, family Welfare Movement) na gumagalaw mula sa baryo hanggang sa lebel na nasyunal; at Dharma Pertiwi, isang organisasyon na kinabibilangan ng mga asawa ng kalalakihang nagsisilbi sa military.[65] Itinuturing ng New Order ang politika bilang baluarte ng kalalakihan na siyang nagpahirap sa mga kababaihan na maluklok sa pormal na politikal na posisyon.

Sa pagbibigay-diin sa papel ng kababaihan sa tahanan, nagawa ng estado na maisantabi ang mga usapin tungkol sa gender, nagluwal ng mga mamamayang may partikular na oryentasyon sa gender, at nagawa nitong makontrol ang pribado at publikong mundo ng mga tao.

---

64 Suryakusuma, Julia, "The State and Sexuality in New Order Indonesia," in Laurie Sears, (Ed), *Fantasizing the Feminine in Indonesia,* (Durham and London: Duke University Press, 1996), p.101. Robinson, Kathryn and Bessel, Sharon (Eds), *Women in Indonesia, Gender, Equity and Development,* (Singapore: ISEAS, 2002), pp.xvii and xxi.

65 Robinson, Kathryn and Bessel, Sharon (Eds), *Women in Indonesia, Gender, Equity and Development,* (Singapore: ISEAS, 2002), pp.xvii and xxi.

Gayunpaman, naging bukas ang mga serbisyong panlipunan tulad ng pangkalusugan at edukasyon kapwa sa mga kababaihan at kabataang babae gayundin sa mga kalalakihan at kabataang lalaki, na nagpataas sa bilang ng mga nakapasok sa paaralan at nagpataas ng antas ng literasiya sa mga kabataang babae. Sa huling dekada ng New Order ang mga kababaihan (partikular ang mga nakapag-aral at iyong nasa gitnang uri) ay naging balisa sa mga restriksiyon ng bagong rehimen. Nagsimula silang magbuo ng mga lantad na organisasyong feminist tulad ng Solidaritas Perempuan, Gerwani, Koalisi Pereumpuan Indonesia and Kapal Perempuan,gamit ang suporta mula sa labas ng bansa.

Ang Papel ng Kababaihan pagkatapos ng mga Kaguluhan ng New Order

Tulad sa ibang lugar, madaling nakita ang kababaihan bilang 'biktima' na nagangailangan ng proteksiyon sa sitwasyon ng marahas na kaguluhan sa Indonesia. Sa katatohanan, ang mga kababaihan at bata ay karaniwang pinagsasama bilang isang konsepto, at pinalalabo ang magkaibang pangangailangan ng mga batang lalaki at babae sa mga kababaihan. Para sa maraming kababaihan ang pagkawala ng mga kaanak na lalaki dahil sa pakikidigma ay nakapagpapabawas kundi man tahasang nag-aalis ng pangunahing pinagkukunan ng kita, at maaaring maglagay ng peligro sa kanilang seguridad at kabuhayan, partikular sa mga isyu ng titulo ng lupa, oportunidad sa edukasyon at trabaho.

Sa kabila ng negatibong epekto ng mga kaguluhan sa kababaihan, ang mga ito ay maaari ring makapagpalakas sa kababaihan, at maaaring siyang magdala sa kanila sa pampublikong larangan kung saan sila ay pumapasok sa mga gawaing dating nakalaan lamang sa kalalakihan. Kanilang ginagampanan ang maraming responsibilidad mula sa pagiging miyembro ng armadong kilusan; pakikipagnegosyo sa merkado para mabuhay; o makilahok sa pagsusulong ng kapayapaan. Sa Ambon at Poso, halimbawa, ang kababaihan ang nanguna sa mga pag-uusap sa pagitan ng iba't ibang relihiyon at usapang pangkapayapaan sa pinakamababang lebel ng lipunan. Dahil sa gawain ng kababaihan sa araw-araw, nagbibigay daan ito sa komunikasyon, paghahatid ng mensahe at pagbubuo ng relasyon na hindi sana naging possible.

Ang dinamiko ng papel ng kababaihan sa marahas na kaguluhan sa Maluku at Papua

Halimbawa ng mga ito, sa Ambon, ang proseso ng lokal na kapayapaan at pagkakasundong muli sa pagitan ng mga kababaihan mula sa dalawang magkaibang

> Sa kakaiba at masalimuot na konteksto ng Papua, marami sa mga kultura ang nagbibigay trato sa kababaihan bilang simbolo o bagay lamang sa proseso ng kapayapaan."

relihiyon ay nagsisimula sa palengke. Sinusuong ng mga kababaihan ang karahasan papunta sa palengke na karaniwang nasa siyudad ng Ambon, upang magtinda ng kanilang produkto at bumili na rin. Sa isang kaso, ang mga kababaihang nagtitinda ng isda, karaniwang tinatawag na *jibu-jibu* mula sa pamayanan ng Tulehu ay karaniwang sumasakay sa *speedboat* upang makarating sa siyudad ng Ambon upang maiwasan ang maparaan sa mga lugar ng Kristiyano (pamayanan ng Suli at Paso). Sa katagalan ang ganitong paraan ng pagbibyahe ay naging mahal. Dahil sa wala nang magagawa pa, ang mga kababaihan ng Tulehu ay nakipag-ugnayan sa kanilang mga kaibigang Kristiyano sa pamayanan ng Suli at nakipagnegosasyon para sa kanilang ligtas na pagdaan. Ang presensiya ng kababaihan ay karaniwang hindi nakapagdudulot ng pangamba sa kabilang partido, kaya't naging mas madali para sa kanila na makapasok at makaraan sa mga na nadodominahan ng ibang relihiyon. Bagama't ang mga pagsisikap na ganito ay dala ng pangangailangang mabuhay sa halip na mga planadong pagsusumikap na maresolba ang kaguluhan, ang mga ito ang nakapaglagay ng pundasyon para sa mas pormal na inisyatibo para sa pagkakasundong muli. Dagdag pa, dahil sa interaksiyon sa pagitan ng mga kababaihan mula sa iba't ibang komunidad panrelihiyon, sila ay naging mga mensahero para sa mas malalaking komunidad. Ito ang naglagay sa kanila sa magandang posisyon upang alamin o pasubalian ang mga bali-balita at mapigilan ang mga bagay na makapagtutulak ng kaguluhan.

Karaniwang mas pinagkakatiwalaan ang kababaihan sa iba't ibang bahagi ng nasasakupan at ginagampanan nila ang aktibong papel sa pakikipagusap sa lebel ng komunidad. Sila ang karaniwang kumikilos upang mapigilian ang pagsisimula ng karahasan. Nagawa na nila ito nang sila ay pumagitna sa dalawang nagtutunggaliang partido sa pag-aaway ng mga katutubong grupo, gayundin sa pagitan ng mga komunidad at sa mga kompanya ng pagtrotroso, at sa pagitan ng mga taga-Papua at ng pwersa ng seguridad. Sa mga partikular na kaso ng kaguluhan sa pagitan ng mga katutubong grupo, nakatutulong ang mga kababaihan sa kapayapaan dahil sila ang lumilikha at nagpapanatili ng komunikasyon sa mga kapwa kababaihan sa ibang grupong etniko. Ito ay

karaniwang nangyayari ng impormal sa palengke, mga paaralan at simbahan. Ang mga kababaihan ng Papua ay aktibo sa kanilang mga lingguhang pulong panrelihiyon o kung tawagin ay *adat.* Sa mga pulong na ito, ang mga isyu katulad ng armadong digmaan at ang hindi pantay na distribusyon ng natural na yaman ay tinatalakay. Nakabubuo sila ng mga kasunduan sa mga pulong na ito at ng desisyon na rin upang lapitan ang mga mahahalagang personahe o stakeholder na tumatalakay sa mga problemang kaugnay sila. Kasama rito ang mga karahasang seksuwal partikular (ngunit hindi limitado) ang mga kasong sangkot ang pwersang panseguridad at ang hindi pantay na oportunidad para sa yamang pang-ekonomiko. Kanilang nilalayon na madala ang mga isyung ito sa mga awtoridad upang matugunan bagama't hindi madalas nagtatagumpay. Dagdag pa ang mga kababaihan ng Papua ay aktibo rin sa paglulunsad ng mga maramihang pagkilos tulad ng demonstrasyon bilang protesta sa mga karahasang ang gobyerno mismo ang gumagawa, pagpatay sa mga sibilyan at ang pakikipaglaban para sa karapatan ng kababaihang lider sa harap ng diskriminasyon at kawalan ng hustisya sa panahon ng eleksiyon.

Sa kasalukuyang pagdami ng mga bagong NGO sa Papua, mas maraming mga kababaihan ang napapasama sa inisyatiba sa pagresolba ng kaguluhan. Karamihan sa mga NGO ay nakatutok sa demokrasya at isyu ng karapatang pantao at sila ay aktibo sa pagpapalakas ng kakayahan, pagbibigay kapangyarihan, mga programang pang-advocacy at edukasyong politikal. Dumadalas na rin ang pagpapadala sa mga kababaihan sa mga pagsasanay at pulong kaugnay ng pamamagitan, at upang tumulong sa negosasyon ng NGO para sa kapayapaan sa pagitan ng magkaaway na partido tulad ng ginagawa ng Alliance for Democracy in Papua (ALDP), grupong kababaihan, mga pinuno ng komunidad at simbahan. Maraming mga NGO ang gumamit sa mga impormal na network ng kababaihan upang 'makialam' sa mga lokal na usapin. Ito ay ginagawa upang maiwasan ang mga karahasan sa komunidad, gayundin ang mga mararahas na insidente sa pagitan ng mga taga-Papua at pwersang panseguridad.

Sa panahon ng okupasyon ng Indonesia, may bagong henerasyon ng gitnang uri ng taga-Papua ang lumitaw. Maraming kababaihang taga-Papua ang nanalo sa lehislatura sa mga probinsiya, naging mga pangunahing aktibista ng NGO at sumali na rin sa lokal na gobyerno. Sa politikal na aspekto, pormal nang binigyan ng pagkilala ang mga kababaihan ng Papua noon 2004 nang maitatag ang Majelis Rakyat Papua (MRP, Papua People's Assembly). Ito ay binubuo ng tatlong grupong may iba't ibang gawain na nakatutok sa kaugalian at tradisyon (adat); kababaihan at relihiyon. Ang grupo na nakatutok sa

kababaihan (pokja perempuan) ay hindi lamang simbolo ng representasyon at pagpupunyagi ng mga kababaihan, ngunit ito rin ang nagsisilbing forum upang matalakay ang malawak na mga isyu ng kababaihan sa Papua. Ngunit ang kanilang gawain ay limitado lamang sa pagbibigay ng rekomendasyon at nangangailangan pa rin ng interbensiyon ng MRP. May ilan ring mga reklamo kaugnay ng komposisyon ng mga grupo at ang katotohanan na kulang ito sa mga kababaihang may kaalaman at karanasan sa pagsusulong ng karapatan ng kababaihan. Bagama't nanatiling tunay at makapangyarihang paraan ang mga ito upang marinig ang boses ng kababaihan sa Papua.

Internal na kalakaran: mabagal na pambansang pagkilos

Opisyal na sinusuportahan ng Indonesia ang SCR 1325, ngunit hanggang sa ngayon, wala pa ring nababanggit sa mga resolusyon ng gobyerno para sa paggawa ng polisiya. [66] Ang *State Ministry for Women's Empowerment and Child* protection ay nagsagawa na ng mga workshop at seminar upang talakayin ang SCR 1325 at iba pang mga isyu kaugnay ng kababaihan ngunit kakaunti kundi man wala itong epekto sa partisipasyon ng kababaihan sa aktuwal na proseso ng kapayapaan o kaguluhan.[67] Ito ang nagpapakita ng mas malaking problema, ang kawalan ng sama-samang pagkilos at suporta ng mga kagawaran upang isulong ang isyung nag-uugnay sa kanilang lahat, at ang kawalan ng pondong susuporta sa ganitong adhikain. Malinaw na ang kagawaran ay wala pang politikal o pinansiyal na lakas upang hatakin at ilatag ang isyu sa lahat ng mga kagawaran.

Ang tanging banggit sa polisiyang may gender sa pambansang lebel ay noong 1979, ang Convention on the Elimination of all Forms of Discrimination against Women (CEDAW) na naging Batas Bilang 7/1984 at ang sumunod na Batas Bilang 22/2000 tungkol sa 'National Development Programmes' [68] Ang batas ay binubuo ng 26 na mga polisiyang pangkaunlaran na gender-sensitive sa iba't ibang sector kasama ang batas, ekonomiya, politika, edukasyon, sosyal

66 During the sixth anniversary of SCR 1325 in October 2006, the Indonesian delegation, H.E. Adiyatwidi Adiwoso Asmady, Ambassador and Deputy Permanent Representative mentioned, "My delegation takes note of measures by various UN entities to implement the resolution at national and community levels. However, it is essential that these endeavors should be taken in full consultation with national authorities." Source: www.peacewomen.org/un/6thAnniversary/Compilation/National_Implementation.html. Accessed February 26, 2010.

67 Corner, Lorraine, *Mapping aid effectiveness and gender equality in Asya Pasipiko: Regional issues and trends,* (New York: UNIFEM, 2008), p.25.

68 UU No 7/1984 on Pengesahan konvensi mengenai penghapusan segala bentuk diskriminasi terhadap wanita (Convention on the elimination of all forms of discrimination against women).

at kultural na larangan, at ng kapaligiran. Dagdag pa, may Presidential Decree (Inpres) Bilang 9/2000 tungkol sa gender-mainstreaming sa development. Dahil dito, nagkaroon ng mga pamamaraan at regulasyon upang itaguyod ang gender-mainstreaming sa iba't ibang larangan, na hindi rin naging kapansin-pansin ang resulta. Ito ay karaniwang isinisisi sa kakulangan ng dagdag na kaalaman ng kung ano ang nasasaad sa batas at ang kakulangan ng political will o politikal na pagnanais na ipatupad ito. Maaaring magkaroon ng bagong momentum ang kagawaran sa tulong ng United Nations Population Fund (UNFPA), ngayon na ito ay nasa proseso ng pagbuo ng SCR1325 National Action Plan (NAP) ng Indonesia.

Positibo rin ang ginagawa ng civil society sa Aceh na isulat ang kanilang Provincial Action Plan (na may daglat sa Indonesia na RAD) sa SCR 1325. Bagama't hindi opisyal ang RAD at walang legal na kapangyarihan, ito pa rin ay magandang halimbawa ng pakikilahok ng civil society sa mga problema ng kababaihan, kapayapaan at seguridad at maaaring gawing batayan ng mga tagapagsulong sa gobyerno at mga di-gobyerno. Ito rin ay maaaring makatulong sa pagsusulat ng pambansang NAP.

Sa kabila ng mga pagsusumikap na ito, malayo pa rin ang tatahakin ng Indonesia bago epektibong maipatupad ang mga ideyang nakabalangkas sa NAP. May malaking pangangailangan na baguhin ang pag-iisip ng gobyerno, partidong politikal, organisasyong pang-masa at iba pa. Mahalaga na pasiglahin pa ang kampanya sa pagkilala sa kahalagahan ng pakikilahok ng mga kababaihan sa politika at prosesong pangkapayapaan at makapagbigay ng edukasyon upang mabago ang kaalaman, saloobin at gawi sa usaping ito.

5. Timor Leste

Rebecca Peters

Ang Timor Leste bilang unang bagong bansa nitong ika- 21 siglo, ay marubdob na nagiging paksa sa usapin ng 'pagbubuo ng nasyon' sa United Nations, na napapakita sa simula ng mga pagsisikap (kahit hindi palaging matagumpay) na makamit ang lebel ng konsultasyon at inklusyon na bihirang nakikita sa mga misyon ng UN. Ito ay nagbunga ng pagsulong sa promosyon ng karapatan ng kababaihan at kanilang partisipasyon sa pampublikong buhay; bagamat hindi nakararating ang mga ito sa negosasyong pangkapayapaan.

Ang pagkakasangkot ng UN

Ang mahalagang presensiya ng UN ay makikita na bago pa man naging malaya ang bansa, nang nagkaroon ito ng 5 politikal na misyon at misyon sa pag-papanatili ng kapayapaan mula pa noong 1999. Sa taong iyon, matapos ang 24 na taon ng pananakop ng Indonesia, nag-isponsor ang UN ng referendum para sa kalayaan ng mga Timorese. Tinutulan ito sa pamamagitan ng mga brutal na kalupitan ng mga militar na panig sa Indonesia at kontra sa referendum, na siyang nagtulak sa UN upang magsagawa ng operasyong pangkapayapaan kung saan ito ang humawak ng kapangyarihang pang-administratibo hanggang sa pagkakamit ng kalayaan noong 2002. Isa ring misyong pangkapayapaan ang tumulong sa bansa hanggang 2005 nang nagkaroon ng bagong politikal na misyon. Sa kalagitnaan ng 2006, sa gabi ng pagwawakas ng mandato ng misyon isang malaking krisis ang nagtulak sa gobyerno ng Timor na humingi ng pwersang polisya ng UN.[69] Ang naging resulta nito ay ang UN Integrated Mission in East Timor (UNMT) na noong katapusan ng 2010 ay mayroon ng 2000 na internasyunal at halos 900 na lokal na tauhan.[70] Nakatakdang magtapos

69 UNMIT Background, www.un.org/en/peacekeeping/missions/unmit/background.shtml. Accessed 20 January 2011.

70 UNMIT Facts and Figures, http://www.un.org/en/peacekeeping/missions/unmit/facts.shtml. Accessed 20 January 2011.

ang UNMIT ng Pebrero 2012. Ang misyon ng UN ay pinamumunuan ng isa sa ilang mga kabaihang nakaupo bilang Special Representative, si Ameerah Haq.

Sa lahat ng mga misyong ito ay kasama ang mga opisina ng gender na may mga matataas ang ranggong kawani na inaatasang magtaguyod ng karapatan ng kababaihan sa bagong nasyon. Ang mga opisinang ito ang nagbukas ng pinto upang makapag-lobby ang mga organisasyong pangkababaihan tulad ng (Forum Komunikasi Untuk Perempuan Timor Lorosa'e), na itinatag noong 1997 upang suportahan ang mga biktima ng pagsakop, at ang Rede Feto isang malaking network, na itinayo noong 2001 bilang resulta ng *First National Women's Congress of Timor-Leste.* Sa pakikipagtulungan sa civil society at iba pang ahensiya ng UN, ang mga sumunod na opisina ng gender ay nagbigay ng mga pagsasanay, programang pangkamalayan, tulong sa pagpaplano at iba pang suporta sa gobyerno at mga tauhan ng UN, mga parliamentaryo, organisasyon sa komunidad at publiko sa mga usapin ng karahasang nakabase sa gender, eleksiyon, pamumuno at HIV/AIDS.

Pag-unlad sa Pampublikong representasyon at karapatan ng kababaihan

Sa isang tradisyunal na konserbatibo, karamihan ay Katoliko at patriarkal na lipunan, ang pagsisikap na ito ay nagkaroon ng bunga. Tanging 30 porsiyento ng mga miyembro ng parliamento ang kababaihan, at sa rehiyon sa Pasipiko, tanging New Zealand ang may mataas na representasyon ng kababaihan.[71] May 23 porsiyento ng pampublikong tagapaglingkod ay kababaihan, gayundin ang tatlo sa sampung mga ministro (Pananalapi, Hustisya at Solidaridad).[72] Maraming mga artikulo sa pambansang konstitusyon ang tumutukoy sa pagkakapantay ng lalaki at babae. Ang pinakaunang batas para sa karahasan

71 Inter-Parliamentary Union, "Women in National Parliaments – Situation as of 30 November 2010." www.ipu.org/wmn-e/classif.htm A push for a 30% women's quota in the 2001 national election was unsuccessful, largely due to opposition from UN Headquarters in New York. However UNIFEM launched an intensive program of training and support to potential female candidates, which led to women winning 27% of seats in the 2001 election. See, Ospina, Sofi with Isabel de Lima, Participation of Women in Politics and Decision Making in Timor-Leste: A Recent History, (Dili: UNIFEM, 2006), p.26. www.cdi.anu.edu.au/x_GEN_D_P/2006_TL_Ospina.UNIFEM.REP.pdf The 30% result in the 2007 election followed a change in the law to require every fourth candidate on political parties' ballot lists to be a woman: Art 12 of Law 6/2006, Law on the Election of the National Parliament www.eastimorlawjournal.org/East_Timor_National_Parliament_Laws/Law-2006-06.pdf. All portals accessed 21 January 2011.

72 UNMIT/ Department of Peacekeeping Operations (DPKO), Ten Year Impact Study on Implementation of Security Council Resolution 1325 on Women Peace and Security in Peacekeeping, September (New York: United Nations, 2010), p.14.

Box 4: Kasaysayan ng Kaguluhan

Ang dating kolonya ng Portugal na Timor Leste ay sinalakay ng Indonesia noong 1975 at sinakop sa loob ng 24 na taon. Ang kanilang pananakop ay nagresulta sa 183 000 mga napatay na Timorese, pagkapaalis dahil sa kaguluhan ng may 300,000 at libo-libong paglabag sa karapatang pantao kasama ang torture, pagkawala, pagkamkam ng lupa, sistematiko at malawakang seksuwal na karahasan laban sa kababaihan, sapilitang pagpapakasal, sapilitang esterilisasyon, at ang karaniwang intimidasyon ng populasyon.[1]

Noong 1999 nagtaguyod ang UN ng referendum para sa kalayaan ng mga Timorese. Ang mga militia na panig sa Indonesia ay nagsagawa ng malawakan at brutal na kalupitan na siyang nagdulot ng pagtataboy sa may 50 porsiyento ng populasyon (hindi kukulanganin sa 400,000 tao) ang karamihan sa kanila ay napatapon sa West Timor sa Indonesia. Nag-iwan ang karahasan ng humigit kumulang na pagkamatay ng 1300 tao at malaking bilang nga ginahasa o malubhang nasugatan, at nagresulta sa halos pagkasira ng mga mga ari-arian at imprastraktura ng buong teritoryo. May 70 porsiyento ng mga gusali ang nasunog o nasira at ang mga ari-arian ay nanakaw na lahat.[2]

Ito ang naging dahilan ng mga sunod-sunod na misyon ng UN. Noong kalagitnaan ng 2006, nang ang mandato ng misyon ay magtatapos na, umusbong ang krisis dahil sa malaking grupo ng galit na mga sundalo ang tumiwalag sa gobyerno. Ang karahasang kanilang sinimulan ay lumaki dahil nakisangkot ang mga grupo ng kriminal na may alitan na rin. Nagkaroon ng mga kaguluhan: ninakawan at sinunog ang mga kabahayan, opisina, bodega, sumugod mga tao sa Dili at may 40 tao ang pinatay. Mayroon ding 150,000 tao o 15 porsiyento ng populasyon ang naitaboy dahil sa kaguluhan. [3] Ang mga tropa galing sa Australia, Malaysia, New Zealand at Portugal ay dumating upang magpanumbalik ng kaayusan at ang UNMIT, ang kasalukuyang misyon ng UN ay naitatag.

Noong 2007, ang unang parliamentaryang eleksiyon ng bansa ay sinundan ng karahasan. Sa pagsisimula ng 2008 nagkaroon ng mga tangkang pagpatay sa Presidente at Punong Ministro. Idineklara ang *state of emergency* at ipinadala sa Dili ang mga dagdag na tropa galing Australia, ngunit binigyang-diin ng UN na hindi katulad noong 2006, ang pag-atakeng ito ay hindi nagdulot ng krisis na makapagpapabagsak sa buong lipunan.[4]

---

1 CAVR, *Chega! The Report of the Commission for Reception, Truth and Reconciliation in Timor Leste,* (Dili: CAVR, 2005).

2 Reiger, Caitlin and Wierda, Marieke, *The Serious Crimes Process in Timor-Leste: In Retrospect,* (New York: International Center for Transitional Justice, 2006). UN Office of the High Commissioner for Human Rights, "Report of the United Nations Independent Special Commission of Inquiry for Timor-Leste," (Geneva: UNOHCHR, 2006), p.42.

3 UN Office of the High Commissioner for Human Rights, "Report of the United Nations Independent Special Commission of Inquiry for Timor-Leste," (Geneva: UNOHCHR, 2006), p.42.

4 *"The institutions of the State responded in an appropriate and responsible manner that respected constitutional procedures. The Prime Minister demonstrated firm and reasoned leadership; the Parliament functioned effectively as a forum for debate in response to the events; and leaders of all political parties urged their supporters to remain calm, while the general population demonstrated faith in the ability of the State to deal with the situation."* UNMIT Background, www.un.org/en/peacekeeping/missions/unmit/background.shtml. Accessed 20 January 2011.

sa tahanan ay naipasa noong 2010 at nalikha ang ispesyal na *Vulnerable Persons Unit* sa ilalim ng kapulisan upang siyang humarap sa mga biktima ng mga karahasang nakabase sa gender. Nagkaroon ng *Secretariat for the Promotion of Equality* sa opisina ng Punong Ministro na ang layon ay gawing popular ang pagkakapantay ng gender sa iba't ibang departamento ng gobyerno.

Ang patuloy na pagpapatahimik sa boses ng kababaihan sa usapin ng kapayapaan at seguridad

Sa kabila ng mga pag-unlad ng karapatang pangkababaihan, ang mga kababaihan ay nanatiling wala sa mga negosasyon sa usapin ng pampublikong seguridad at kapayapaan. Sa panahon ng krisis ng karahasan noong 2006, ang mga upuan sa lamesa ng negosasyon ay nakalaan para sa mga lalaking kinatawan ng UN, gobyerno, sandatahang lakas, at mga 'may petisyon' na nag-udyok ng krisis- mga galit na dating sundalo na tumalikod sa kanilang gobyerno dahil sa sinasabing diskriminasyon sa hukbo. "Hindi man lang naisip ninoman na isama ang kababaihan." Pagbabalik-tanaw ni Kirsty Sword Gusmao, isang nagkakampanya para sa karapatang pantao, Tagapangulo ng grupo ng kababaihan ng Alola Foundation, at asawa ng Punong Ministro.[73] (Tingnan ang Box 3, kasaysayan ng kaguluhan, para sa impormasyon).

Ang mga kababaihan ay literal na nasa labas: noong Hunyo 01, 2006, sa kalagitnaan ng krisis, ang mga kababaihan at bata ay nagsama-sama sa labas ng Palasyo ng Gobyerno sa Dili upang humiling ng kapayapaan. Doon nagwagayway sila ng mga bandera, umawit, nagdasal at pinukaw ang atensiyon ng kanilang mga lider sa paghihirap at dusang dinaranas nila bilang biktima ng kaguluhan na hindi naman sila ang lumikha at di rin nila nauunawaan. Ang paghihirap na iyon para sa libong kababaihan ay nangangahulugan ng pag-alis sa kanilang mga tahanan kasama ang kanilang mga anak at paglagi sa ginawang mga kampo kung saan itinuturing na mas hindi mapanganib. Ayon kay Sword Gusmao, "sa kabila ng maruming kondisyon ng mga kampong IDP na ito, walang tubig, pangunahing sanitasyon, hindi pribado, walang pagkain at gamot, nagtagumpay pa rin ang mga kababaihan na mapanatili ang pagkakahawig ng buhay doon sa kanilang dating normal na gawain at buhay pampamilya para sa ikabubuti ng kanilang mga anak, sa pagpapanatag sa kanila sa mga panahon ng *curfew,* pagpapaaral sa kanila sa paaralan, at kanila pang nakukuhang papasukin sila sa paaralan suot ang malinis at bagong laba na mga uniporme. Ang mga kababaihang miyembro ng Simbahang Katoliko ay

73 Kirsty Sword Gusmao, pakikipag-usap sa telepono kay Rebecca Peters, 21 January 2011.

inayos ang kanilang mga payapang kumbento at bahay-tulugan bilang tahanan para sa mga libong mga takot at naghihirap na mga pamilya, hinikayat ang mga kabataang umawit upang lunurin ang ingay ng mga batong hila-hila bitbit ng galit at pagkalito."[74]

Ang mga petitioner na umalis sa hukbo ay bumibilang sa 500- halos isangkatlo ng hukbo ng Timor noong panahong iyon. Ang karahasang kanilang sinimulan ay nakontrol sa tulong ng internasyunal na hukbo, at ang kasalukuyang misyon ng UN, UNMIT, ay naitayo. Sumang-ayon ang mga rebelde na bumalik sa buhay sibilyan at sila ay tumanggap ng pinansiyal na tulong at muling pagsasanay upang matulungan silang bumalik sa buhay sibilyan. Ang ilang mga rebelde ay inaresto (ang iba ay tumakas din sa kulungan) at ang iba ay nanatiling nakakalaya.

Patuloy na tensiyon

Ang unang parliamentaryong eleksiyon noong kalagitnaan ng 2007 ay sinundan ng isa pang alon ng karahasan. Noong Pebrero 11 2008, isang grupo ng rebelde ang nagplano ng asasinasyon ni Pangulong Jose Ramos Horta at Punong Ministro Xanana Gusmao. Ang Pangulo ay lubhang nasugatan at muntik nang namatay. Idineklara ang *state of emergency* at nagtalaga ng dag-dag na tropang Australian upang matulungang mapanumbalik ang kaayusan sa Dili.

Ang ilang mga rebelde ay napatay sa mga pagsalakay; ang iba ay sumuko tatlong buwan pagkatapos. Sila ay napagod na at nabigyan ng sentensiyang pagkakulong sa loob ng 10 hanggang 16 na taon, ngunit anim na buwan lamang ay binigyan na sila ng pardon ni pangulong Ramos Horta. Kanya ring binigyan ng pardon ang mga miyembro ng militia na naging sangkot sa mga marahas na pag-atake noong 1999 at 2006. Ang pagbibigay na ito ng pardon ay pinuna ng mga partidong oposisyon, grupong nagsusulong ng kara-patang pantao at mga opisyal ng UN na naniniwalang ang pagbibigay ng pardon sa mga mararahas na kriminal ay nagpapahina sa pamamalakad ng batas.[75]

Sa loob ng limang taon na ito, ang kapayapaan at seguridad ay kara-niwang nasa negosasyon sa Timor Leste, ngunit ang mga kababaihan ay hindi man lang naging bahagi ng talakayan. Ayon kay Kirsty Sword Gusmao, "Tila ikaw ay maiimbitahan lamang magsalita kung ikaw ang tagagawa ng gulo at

74 Kirsty Sword Gusmao, speech sa 2nd International Women for Peace conference, 5 March 2009, Dili.

75 Belford, Aubrey, "Critics Say Cost of Forgiveness Is Too High in East Timor," *New York Times,* 25 October, (2010).

> Tila ikaw ay maiimbitahan lamang magsalita kung ikaw ang tagagawa ng gulo at may baril sa iyong kamay."
>
> Kirsty Sword Gusmao, 2011

may baril sa iyong kamay."[76] Sa puntong ito, halos walang pagbabago mula nang makamit ang kalayaan, ang mga kalalakihang nakipaglaban upang supilin ang mga pag-aaklas ay "binigyan ng opsiyong sumapi sa bagong East Timor Defense Force; ang ibang umayaw ay tumanggap ng katumbas ng USD 100 kasama ang pagsasanay sa lengguahe at kompyuter. Walang maihahalintulad na suporta ang inalok sa mga kababaihang tumalikda sa mga gawaing sumusuporta sa pakikipaglaban."[77]

Sa panahon ng pakikipaglaban para sa liberasyon, ang mga kababaihan ay kadalasang hindi isinasama sa mga negosasyon sa kabila ng kanilang pagiging aktibo sa kampanya sa *diaspora* at pagiging mahahalagang miyembro ng pakikipaglaban sa nasakop na Timor. Halimbawa, ang All-inclusive Intra-East-Timorese Dialogue (AIETD) ay ipinatawag sa apat na pagkakataon ng UN Secretary General noong 1990, upang pagsama-samahin ang mga lider ng Timor mula sa iba't ibang pinagmulan upang talakayion ang pagsusulong ng kapayapaan. Tanging isa lamang sa 30 taong nanominang makilahok sa mahalagang gawaing ito ang babae. Ang mga pagtatangka na kumbinsihin ang mga kalalakihan na dapat ay isama ang mas maraming kababaihan ay nagkaroon lamang ng kaunting tagumpay: dalawa sa anim na dagdag na lalahok sa ikatlong AIETD ay babae.[78] Sa mga negosasyon noong 1999 upang wakasan ang pananakop ng Indonesia sa Timor, walang babaeng nakalagda, medyetor at saksi sa kasunduan.[79]

Ang kabiguang kilalalin ang kababaihan bilang mga actor sa pagsusulong ng kapayapaan at seguridad ay nagpatuloy hanggang sa sila'y nagtagumpay sa laban. Matapos ang kalayaan, dalawang rehistro ang ginawa, isang kumikilala sa mga beterano at mga nakipaglaban; kasama sa may 37,472 tao na nakalista (buhay at patay) wala ni isa mang babae. Ang di pagkabilang sa listahang ito ay nangangahulugang wala rin silang matatanggap na benepisyo-hindi lamang ang bonus na pera at pagsasanay na nabanggit sa itaas, kundi

76 Kirsty Sword Gusmao, telephone conversation with Rebecca Peters, 21 January 2011.

77 Rehn, Elisabeth and Johnson Sirleaf, Ellen, *Women, War, Peace: The Independent Experts' Assessment on the Impact of Armed Conflict on Women and Women's Role in Peace-Building,* (New York: UNIFEM, 2002), p.116.

78 Ospina, Sofi with Isabel de Lima, (2006), p.23.

79 UNIFEM, *Women's Participation in Peace Negotiations: Connections between Presence and Influence,* (New York: UNIFEM, 2009).

Nakalinya ang mga babaeng pinuno ng pulisya sa isang seremonya para sa ikalawang anibersaryo ng National Police sa Dili, Sabado, Marso 27, 2004. © AP Photo/Firdia Lisnawati

pati mga kalingang medikal para sa mga sugat sa digmaan at iskolarship para sa mga anak ng beterano.[80]

Nagkaroon ng ilang pag-asenso sa gender-mainstreaming o pagsasa-popular ng gender sa mga pwersang panseguridad ng Timor Leste dahil sa mga pagsisikap ng UN sa sektor ng panseguridad na pagbabago. Sa ngayon, 19 porsyento ng pambansang kapulisan ay mga babae at ang unang babaeng *district commander* ay itinalaga noong Setyembre 2010. Gayunpaman, ang mga babaeng opisyal ay nakatutok sa mga mas 'malambot' na seksiyon na karaniwang nagbibigay suporta sa mga nagiging biktima, mga lumabag sa batas trapiko at mga nagkasala sa pagpapalakad ng opisina.[81] Sa hukbong sandatahan, 8.2 porsiyento ng sundalo ang kababaihan ngunit sila ay aktibong nangangampanya para sa mga babae na sumapi sa hukbo at lumikha ng kondisyon sa trabaho ng pabor sa mga interes ng pamilya. Ang mga pag-sasanay sa karapatang pantao at mga perspektiba ng gender ay ibinibigay kapwa sa mga pulis at hukbong sandatahan.[82] Sa mga pulis ng UN sa Timor Leste, 6 na porsiyento lamang ang kababaihan.[83]

80 Ospina, Sofi with Isabel de Lima, (2006), p.24.

81 UNMIT, "Timorese women police officers celebrated on International Women's Day," Press release, 9 March (2010).

82 UNMIT/DPKO, (2010), pp.21-22.

83 Security Council Report, "Cross-Cutting Report No. 2: Women, Peace and Security," 1 October (New York: Security Council Report, 2010).

Potensiyal na "daang papasok" para sa mga kababaihan

Ang pinakaposibleng daan upang makapasok ang kababaihan sa mga negosasyong pangkapayapaan at seguridad ay sa pamamagitan ng mga lokal na pamayanan o lebel ng *suco*. Ang aktibista para sa karapatan ng kababaihan na si Filomena Barros dos Reis ay nagtrabaho kasama ang Peace Democracy Foundation upang palakasin ang lokal na kapasidad para sa mediasyon at transpormasyon ng kaguluhan. Ang inisyatibong ito ay batay sa tradisyunal na pamamaraang Timorese sa pagresolba ng kaguluhan. Mula noong 2004 mahigit sa 250 katao ang nakatanggap na ng pagsasanay. Ang ilan sa mga tagumpay ng programa ay ang negosasyon para sa iskema upang mapigilan ang di-pagkakasundo sa pagitan ng mga magsasakang nag-aalaga ng hayop na nasa magkabilang gilid ng border ng Timor at Indonesia. Pagkatapos ng krisis ng 2006 nagsilbi rin si Filomena Barros dos Reis sa Presidential Commission na nagsagawa ng pag-uusap sa komunidad tungkol sa mga aral na natutuhan sa krisis. Ang komisyon ang nagpasimula ng bagong pagsisikap para sa mga pag-uusap panrekonsilyasiyon at matulungang mabigyan ng tirahan ang mga taong naitaboy dahil sa krisis.[84] Sa suporta ng UNDP, ang pakikipag-usap sa komunidad para sa kapayapaan ay nilahukan ng maraming kababaihan na dati'y pawang mga kalalakihan lamang ang sangkot.[85] Dahil sa 10 sa 442 na pinuno ng suco ay babae, ito mismo ay maaaring magbukas ng oportunidad kung may tamang suporta.[86] Ang hamon ay kung paano pa rin iuugnay ang mga gawaing sa lebel ng komunidad sa pambansang lebel at sa labas. Ito ay maaaring buuin sa National Action Plan sa SCR 1325 ng Timor-Leste na ngayon ay kasalukuyan pang ginagawa.

Noong 2009, tumulong sa koordinasyon si Barros dos Reis para sa ikalawang International Conference on Women for Peace na itinaguyod ng Alola Foundation sa Dili. [87] Nabuklod ng kumperensiya ang may 350 na kababaihan mula sa iba't ibang panig ng mundo, at ito rin ang nagpalakas ng tiwala sa sarili ng mga kababaihang Timorese upang hilinging ang kanilang mga pananaw ay mabigyang daan sa mga desisyon at negosasyon tungkol sa hustisya, kapayapaan at kaguluhan.

---

84 UNMIT/ DPKO, (2010), pp.9-10.

85 UNDP, "Women from Southeast Asya come to Dili to promote women and peace building agenda," Press release, 7 July (2010), www.tl.undp.org/undp/Women%20from%20Southeast%20Asya%20come%20to%20Dili.html. Accessed 20 January 2011.

86 UN SRSG's speech at launch of the "2009 Community Elections Women Participation Booklet," 5July(2010)quotedathttp://reliefweb.int/rw/rwb.nsf/db900sid/EKIM-8744EZ?OpenDocument. Accessed 20 January 2011.

87 Alola Foundation, "Women for Peace, 2nd International conference, Narrative Report." www.alolafoundation.org/images/programs/publications/Alola_Women_for_Peace_Int_Conference.pdf.

Subalit para sa mga kalalakihang may baril sa kanilang mga kamay, tila ang mga negosasyon ay hindi kailanman magiging pinal. Noong Disyembre 2010, ang lider ng mga rebeldeng-petitioner, na nabigyan ng pardon para sa krimeng nagawa at dahil na rin sa pagtatangkang patayin ang presidente at punong ministro noong 2008, ay naglabas ng isang pampublikong pahayag na humihingi ng *back pay* at iba pang benepisyo. Nagbanta ito na bubuuin muli ang grupo ng mga rebelde – at maaaring guluhing muli ang bansa - kung hindi maibibigay ang kanilang hinihingi.[88]

Tungkol sa Awtor: Si Rebecca Peters ay isang bihasa sa pagpigil ng karahasan at may 20 taon ng karanasan sa pagsusulong ng karapatan ng kababaihan, pagkontrol ng armas, regulasyon ng armas at seguridad ng tao. Isang abogado at mamamahayag, si Rebecca ay nagtrabaho para sa *Open Society Institute at naging fellow sa School of Public Health at Johns Hopkins University (Baltimore, USA).* Si Rebecca ang unang director ng *International Action Network on Small Arms (IANSA);* at mula 2002-2010 siya ang namahala sa pagpapalawak ng network sa may mahigit sa 900 organisasyon sa 120 mga bansa. Siya ay kasa-lukuyang *Board Member.* ng *IANSA.*

88 Tempo Semanal, "Gastao Salsinha: Insists that Petitioners are Still Military Personnel and Accuses Political Leaders of Using Petitioners," 30 December, (2010). http://temposemanaltimor.blogspot.com/2010/12/gastao-salsinha-insists-that.html; Murdoch, Lindsay, "Rebel commander behind Dili attacks demands payout," *The Age,* 10 January, (2011).

6. Northeast India

Rita Manchanda

Pokus sa Manipur

Noong Hulyo 14, 2004, isang dosenang kababaihan mula sa grupo ng mga Ina ng Manipuri na Meira Paibis ang naghubad sa harapan ng kampo ng paramilitary Assam Rifles sa Imphal, kapitolyo ng estado ng Manipur. Nagwagayway sila ng isang banner na nakasulat sa pulang mga titik ang: 'Ginahasa kami ng Indian Army.' Isinisigaw nila ang panggagahasa at ang pagkamatay ng 33 taong gulang na si Manorma Devi habang nasa kanilang kustodiya. Si Devi ay inakusahang kabilang sa grupo ng mga rebelde.

Ang protesta ng Mira Paibis ay isang dramatikong pagpapakita ng antipatriarchal na panghihiya, upang makuha ang atensyon sa arbitraryong paggamit ng puwersa ng pamahalaan upang labanan ang nagsusulputang insurhensiya na nagsimula pa noong huling bahagi ng dekada sitenta. Ang araw na iyon ay ang simula ng matinding kampanya para hilinging bawiin ang Armed Forces Special Powers Act of 1958 (AFSPA). (Tingnan ang Box 5: Kasaysayan ng kaguluhan sa Northeast India). Ito ay pinamumunuan ng Meira Paibis at Apunba Lup isang kilusan ng 32 organisasyon ng civil society na nangugunang kilusan laban sa AFSPA.

Noong Nobyembre 2004 gumawa ng konsesyon ang pamahalaan ng India: pumayag itong tanggalin ang Assam Rifles (isa sa pinakamatandang puwersang paramilitary sa India) mula Kangla Fort, ang makasaysayang lugar ng mga hari ng Manipur, at nagbuo ng komite na pinamunuan ni Justice Jeevan Reddy upang irebyu ang AFSPA. Naisumite na sa Pamahalaan ang ulat ng Reddy Committee noong Hunyo 2005 pero hindi pa rin lumalabas sa kasalukuyan ang resulta ng ulat.

Ang Manipur na dating estado ng British India ay tumutol noong una na sumanib sa India Union matapos ng independensya at sandaling nanatiling Malaya bago nakumbinsi ng Maharaja na pumirma sa isang instrument ng pagsasanib noong 1949.[89]Tulad pa ng ibang teritoryo ng hilagang silangang bahagi ng India,

89 Para sa analitikal na paglalahat ng kasaysayan ng mga political na pagkilos sa hilagang silangan tingnan ang Nag Sajal, *Nationalism Separatism and Secessionism,* (New Delhi: Rawat Publications, 1999).

Box 5: Kasaysayan sa kaguluhan sa Northeast India

Ouseph Tharakan, HD Centre

Ang hilagang silangan ng India ay tumutukoy sa estado ng Sikkim kasama ang Seven Siaters: Arunachal, Pradesh, Assam, Manipur, Meghalaya, Mizoram, Nagaland at Tripura. Ang mga estadong ito ay napapalibutan ng Bhutan, Bangladesh, China, Myanmar, at Nepal, at nakadugtong lamang sa mainland India sa pamamagitan ng makipot na pasilyo na tinatawag na Siliguri na may lapad lamang na 21 hanggang 40 kilometro. Ang dulong hilagang silangang ito ng India ay may bahagi lamang ng dalawang porsyento ng hangganan buong bansa at may malaking pagkakaiba sa lahi at wika kumpara sa buong Union. Mayroon itong 475 grupong etniko na nagsasalita ng 400 wika at dialekto.[1]

Batay sa kasaysayan, ang kaguluhan sa hilagang silangan ay nag-ugat sa heograpikal na hangganan na nilikha ng British para sa kanilang sariling kadahilanan pang ekonomiko (plantasyon ng tsaa sa Assam) at bilang espasyong pangseguridad mula China at Burma.[2] Ang lugar na ito na nilikha ng Britih ay kilala sa tawag na Assam o Big Assam; nang maging Malaya ang India, hinati pa ito sa tinatawag ngayong Seven Sister kung saan hindi kinonsider ang mga kilusan ng katutubo at grupong etniko o ang kaayusan ng mga unang umokupa ng lugar.

Ang mga grupong militante sa Assam, Nagaland, at Manipur ay may tunggalian sa armadong puwersa ng Sentral na Pamahalaan ng India. Apektado rin ang Tripura at Meghalaya ng mga kilusang mapagpalaya, samantalang ang Mizoram ay medyo tahimik na ngayon subalit nakaranas rin ng karahasan dati. Sa halos lahat ng kaguluhang ito partikular ang mga grupong etniko, lahat sila ay humihingi ng kalayaan o malaking awtonomiya. Sa ilang pagkakataon, mayroong pagkakapareho ng hinihiling sa teritoryo ng iba't ibang grupo kung saan nagpapataas pa kumplikasyon sa kaguluhan.

Sa bukana ng 1950s, kasunod na pagbabalik ng mga British sa lupain ng India, humingi nang independyente ang Nagaland.[3] Pinangunahan ito ng Naga National Council binuo pa noong 1920s. Noong 1960, lumagda sa isang 16 pt na kasunduan ang NNC at ang sentral na pamahalaan para sa paglikha ng kasalukuyan estado ng Nagaland. Ang kasunduang ito ay hindi naghatid ng kapayapaan at ang kaguluhan ay nagpatuloy hanggang 1975 nang ang kasunduan sa pagitan ng NNC at Union ay nilagdaan sa Shillong. Gayunpaman, hindi tinanggap ng ilang lider ng NNC ang kasunduan at bumuo ng National Socialist Council of Nagaland (NSCN) kung saan ipinagpatuloy ang laban para sa independyente ng 'Kalakhang Nagaland.'[4] Nang lumaon ang grupongito ay nahati sa

1 Koijam, Shri Radha Binod, "The impact of Insurgency activities in Northeast India on Socio-Economic Development and its solution thereof," Speech on 29 January 2010 to the 12th NERCPA Conference at Shillong at the Centre for North East Studies and Policy Research on the 13 February, 2010. Accessed July 24, 2010.

2 Bhaumik, Subir, "Insurgencies in India's Northeast: Conflict, Co-option and Change," *East West Center Washington Working Papers No. 10,* (Washington: East West Center, 2007). p.4.

3 Bhaumik, Subir, "Insurgencies in India's Northeast: Conflict, Co-option and Change," *East West Center Washington Working Papers No. 10,* (Washington: East West Center, 2007). p.4.

4 Bhaumik, Subir (2007), p.2.

dalawa, ang NSCN-K (Khaplang) at ang NSCN-IM (Isak Muivah), (ipinangalan mula sa mga lider ng grupo). Ang bawat paksiyon ay lumagda ng isang serye ng tigil-putukan sa Union mula noong 1997, at nitong mga nakaraang taon ang kanilang kaguluhan ay nagaganap sa kani-kanila na lang kaysa sa pamahalaan ng India.[5] Noong 2009 lumagda sila ng isang Covenant of Reconciliation, at mula noon ang pinangungulahan ng simbahang Forum for Naga Reconciliation ay nagdaos ng ilang pulong sa pagitan ng paksiyon sa pag-asang magkaroong negosasyon upang wakasan ang karahasan at magkaroon ng dialogo sa pamahalaan.[6]

Noong 1960 nakita ang pagsulpot ng grupo ng rebelde sa Mizo Hills kung saan bahagi pa ito ng Assam. Binuo ang Mizo National Famine Front (MNFF) upang humingi ng tulong para sa mga biktima ng taggutom na naging Mizo National Front (MNF) na noong 1966 ay sinubukang sakupin ang mga bayan sa Mizo Hills. Tumalima ang army ng India sa mga pag-atakeng ito at ang kaguluhan ay nagpatuloy hanggang 1987 nang itatag ang estado ng Mizoram.[7]

Samantala sa Tripura, ang galit sa pagdagsa ng mga Muslim mula sa East Pakistan (Bangladesh bago maging independyente) noong 1960 ay nagtulak sa pagbuo ng Sengkrak (Saradong Kamao), kung saan may ugnayan sa Mizo National Front. Ang Sengkak ay nanatiling aktibo hanggang 1971 nang naging independyente ang Bangladesh sa Pakistan. Gayunpaman, patuloy pa rin ang pagdating ng mga migrante, at dinala ng Tribal National Volunteers (TNV) ang insureksyon hanggang 1988 nang ang kasunduang pangkapayapaan ay nilagdaan kasama ang Sentral at Tripura na pamahalaan.[8]

Sa Assam, tinalo ng sentimyentong anti-immigrant ang All Assam Students Union (AASU) kung saan ang kampanya sa panunulsol sa karahasan ay nagresulta sa pagpatay sa mahigit 1,800 Muslim sa pamayanan ng Nellie noong Pebrero 1983. Lumagda ang AASU sa isang kasunduang tigil-putukan sa Union noong 1985. Gayunpaman, mabilis na pinalitan ng grupong United Liberation Front of Asom (ULFA) ang AASU bilang dominanteng puwersa ng mga insurekto ng estado. Ang ULFA na isang underground na organisasyon na may batayang suporta sa Bangladesh, Bhutan at Myanmar ay hindi anti-Muslim kundi anti-Indian – ito ay isang kilusang nais humiwalay at nagnanasang maging Malaya ang Assam.[9] Noong 2006 itinayo ang People's Consultative Group bilang tagapamagitan sa pagitan ng ULFA at ang pamahalaan ng Indian at mula noon nagpatuloy ang negosasyon. Noong Pebrero 2011, isa pang bagong ang usapan sa kapayapaan ang pinasimulan.[10]

---

5 South Asya Terrorism Portal, "Nagaland Assessment - Year 2010." www.satp.org/satporgtp/countries/india/states/nagaland/index.html. Accessed 25 February, 2011.

6 Pfuzhe, Ashikho, "Naga Reconciliation: From despondency to concrete hope," *The Morung Express,* September (2010) www.morungexpress.com/analysis/56495.html. Accessed February 21, 2011.

7 Bhaumik, Subir (2007), p.2.

8 Bhaumik, Subir (2007), p.3.

9 Bhaumik, Subir (2007), pp.3-4; Bhattacharyya, Susanta, "The tragedy called Assam," 4 April, (2004). Ezinemark.com. http://society.ezinemark.com/the-tragedy-called-assam-4e45e0d-4a6a.html. Accessed 24 July, 2010.

10 Karmarkar, Rahul, "ULFA, Centre peace talks to begin today," *Hindustan Times,* 9 February (2011). www.hindustantimes.com/rssfeed/Guwahati/ULFA-Centre-peace-talks-to-begin-today/ Article1-660389.aspx. Accessed February 25, 2011.

Ang iba pang prominenteng kilusang rebelde sa Assam na kasama ang mga mamamayang Bodo kung saan itinatag ang Bodoland Liberation Tiger Forces (BLT) noong 1996 upang lumaban para sa isang hiwalay na estado. Noong 2003 isang tigil-putukan ang nilagdaan at ang Bodoland Territory Council ay itinayo bilang autonomous administrative body sa loob ng estado ng Assam. Ang lider ng BLT na si Hagrama Mohilary ay nahalal na hepe ng bagong BTC at sa eleksyon noong 2006 ang sumali ang kaniiyang grupo kung saan nagwagi ng posisyon sa Assam Assembly.[11] Ang isang grupo na National Democratic Front of Bodoland (NDFB) ay patuloy pa ring humihiling ng mas malawak na awtonomiya at pagkilala. Binuo noong 1986, ang NDFB ang responsable sa mahigit 300 na patayan bago lagdaan ang isang tigil-putukan noong Mayo 2005. Nalabag ang tigil-putukan at ilang beses pang pinalawig hanggang sa noong 2010 lalong lumala ang kaguluhan.[12] Noong Nobyembre 2010 ang sentral na pamahalaan ay nagsagawa ng bagong operational plan laban sa NDFB na sinudan ng dalawang araw na karahasan kung saan 24 ang namatay.[13]

Ang Manipur ang may pinakamahabang listahan ng kilusang mapagpalaya na halos 39 ito mula sa bago at dating mga grupo.[14] Ang pinakamalakas ay ang United National Liberation Front (UNLF) na itinatag noong 1964 ng isang grupo ng mga kabataang humihiling na palayain ng Manipur. Ang Manipur People's Army (MPA) ang nagsimula ng armadong pakikibak noong 1991. Ang iba pang mahalagang grupo ay ang People's Liberation Army (PLA), People's Revolutionary Party of Kangleipak (PREPAK), Kangleipak Communist Party (KCP) at ang Kanglei Yawol Kanna Lup (KYKL).[15] Ang lahat ng grupong ito ay dominante ng grupong etniko ng Meitei. Gayunpaman, ilang militanteng grupo na kumakatawan sa maliit na grupong tribo ng Kuki, Paite, o Zomi ay humihiling ng independensya at/o awtonomiya hindi lamang sa India kundi sa mayorya ng Meitei. Ang mga ito ay ang Kuki Liberation Army, Kuki National Army, Kuki National Front, Kuki Revolutionary Army, United Kuki Liberation Front at Zomi Revolutionary Army. Dagdag pa, ang People's United Liberation Front ang kumakatawan sa mga Muslim sa Manipur at ang grupong Naga partikular ang NSCN (IM) na nagdedemad sa distrito ng Naga sa Manipur na isama sa independyenteng 'Kalakhang Nagaland.'[16] Ang lahat ng gawain ito ng

---

11 Kumar, Anand, "Assam: Ex-Rebels Turn Kingmakers," Paper no.1836, South Asya Analysis Group, 7 June, (2006). www.southAsyaanalysis.org/%5Cpapers19%5Cpaper1836.html. Accessed 24 July, 2010.

12 "Incidents involving National Democratic Front of Bodoland (NDFB)," South Asya Terrorism Portal, www.satp.org/satporgtp/countries/india/states/assam/terrorist_outfits/NDFB_tl.htm. Accessed February 21, 2011.

13 "Centre asks Assam government to launch offensive against NDFB rebels," *Daily News & Analysis,* 10 November, (2010). www.dnaindia.com/india/report_centre-asks-assam-government-to-launch-offensive-against-ndfb-rebels_1464813. Accessed February 21, 2011.

14 South Asya Terrorism Portal, "Terrorist / Insurgent Groups – Manipur," 28 November (2010). www.satp.org/satporgtp/countries/india/states/manipur/terrorist_outfits/index.html. Accessed February 21, 2011.

15 Bhaumik, Subir (2007), pp.3,7.

16 Goswami, Namrata, "Muivah's Visit to Manipur: Steps towards a Meaningful Reconciliation," 11 May, (New Delhi: Institute for Defence Studies and Analyses, 2010). www.idsa.in/idsacomments/MuivahsVisittoManipurStepstowardsaMeaningfulReconciliation_ngoswami_110510. Accessed 21 February, 2011.

kilusan ang lumikha sa Manipur bilang pinaka marahas na estado sa hilagang silangan ng India nang 2009.[17]

Ang estado ng Meghalaya ay kinuha sa Assam noong 1972 kung saan lumikha ng estado para sa mga tao ng Hynniewtrep sa silangang rehiyon at ang Garos o Achiks sa kanlurang Garo Hills. Ang Meghalaya ay apektado ng insurhensya mula pa noong huling bahagi ng 1980s kung saan dalawang pangunahing grupong rebelde ang kasalukuyang kasangkot sa paghahating etnik at pangtribo; ang Hynniewtrep National Liberation Council (HNLC) at ang Achik National Volunteer Council (ANVC). Ang HNLC ay nilikha noong 1992 mula sa paghahati ng Hynniewtrep Achik Liberation Council (HALC), ang unang militanteng organisasyong tribal sa Meghalaga. Ito ay naghahangad ng isang soberanyang homeland na inadepenyente sa India. Ang ANVC naman ay nabuo noong Disyembre 1995 upang kamtin ang isang malayang 'Lupaing Achik sa India. Ang isang Tigil Putukan noong 2004 sa pagitan ng ANVC at ng pahamalaang Union ay patuloy na pinalawig subalit ang isang humiwaly na grupo ng Garo National Liberation Army (GNLA) ay tumanging sumunod dito. Noong Nobyembre 2010, ibinalita ng pamahalaang Meghalaya na kino-konsider nila ang isang kahilingan mula sa ANVC kung saan sinasabing tatanggapin nila ang isang nagsasariling Garo Hills Territorial Council kasama ang Bodoland Territorial Council sa Assam.[18]

Noong 2008, tinatanyang halos 50,000 na katao (kasama ang sibilyan, puwersa ng military at mga rebelde) ang namatay dahil sa marahas na kaguluhan sa hilangang silangan at daang libo pa ang nawalan ng tirahan.[19] Iba-iba ang bilang ng mga kasapi ng grupong rebelde kaya mahirap malaman ang tiyak na kabuuan. Karamihan sa mga grupo ay pinopondohan ang kanilang mga Gawain sa pamamagitan ng pangingikil at pangin-gidnap. Banggitin pang ito rin ang nagagap sa administrasyon na siyang ikinabagsak ng rehiyon maging ang populasyon ay nademoralisa at napigilan ang pag-unalad ng kabuhayan.[20] Ang patuloy na paggamit ng Armed Forces Special Powers Act (1958) na nagbibigay ng legal na immunity sa armadong puwersa na isakdal ay ang pangunahing hinaing sa hilagang silangan. Ang batas na ito ang itinuturing na sentro ng kultura na impunity sa hilangang silangan (at sa Kashmir).[21]

---

17 South Asya Terrorism Portal, "Terrorist / Insurgent Groups – Manipur," 28 November, (2010). www.satp.org/satporgtp/countries/india/states/manipur/index.html. Accessed 21 February, 2011.

18 "Govt to consider ANVC demand," *The Telegraph* (Calcutta), 30 November, (2010). www.telegraphindia.com/1101130/jsp/northeast/story_13238545.jsp. Accessed 21 February, 2011.

19 "India's northeastern clashes: Tensions in the seven sisters," AlertNet, 22 October, (2008). www.trust.org/alertnet/crisis-centre/crisis/indias-northeastern-clashes#detail-section2. Accessed 21 February, 2011.

20 Koijam, Shri Radha Binod, "The impact of Insurgency activities in Northeast India on Socio-Economic Development and its solution thereof," Speech on 29 January 2010 to the 12th NERCPA Conference at Shillong at the Centre for North East Studies and Policy Research on the 13 February, (2010). www.c-nes.org/nycu/539.html. Accessed July 24, 2010.

21 Asyan Legal Resource Centre, "INDIA: AFSPA promotes armed insurgency in Manipur," Press release, 26 July, (2010). www.alrc.net/doc/mainfile.php/alrc_st2010/624/. Accessed 22 February, 2011.

Ang mga kababaihan sa rehiyong ito ay nakakatamasa ng isang anyo ng mobilidad at pagiging bisibilidad (kumpara sa ibang bahagi ng India bilang halimbawa).[22] Ang mga babae ay aktibong kasangkot sa malalaking gawaing pang-ekonomiya at mayroong malawak na kontrol sa mga yamang pangekonomiko partikular sa Meghalaya, Manipur, at Mizoram. Ang rehiyon ay may mahabang kasaysayan ng kilusang panlipunang ng kababaihan na napapakilos para sa iba't ibang isyung pang-ekonomiko, sosyal, at politikal.

Gayunpaman ang papel ng mga babae sa pormal na paggawa ng desisyon ay nananatiling maliit. Tinatanggap ng ilang tradisyunal na institusyon ng pamamahala ang mga babae bilang integral na bahagi nito kung saan inilalagay sila kung hindi sa laylayan ng gawain o pagdekorasyon lamang.[23] Para itama ito, isinulong ang ang pagdadagdag ng representasyon ng kababaihan sa lahat ng inihahalal na posisyon, at pagdadagdag rin ng mga gawaing politikal sa pamamagitan ng mga awtonomong grupo ng kababaihan. Kaugnay nito ang batas ay magtatakda ng reserbasyong 33 porsyento sa pambansang parliament at asembeya ng estado para sa mga babae ay inaasahang maipinalisa sa 2011.[24] Ang kasalukuyang mababang kapulungan ng pambansang parliament ay may 58 mambabatas na babae – ito ang unang pagkakataon na ang representasyon ng kababaihan ay umabot ng 10 porsyento.[25] Sa grupong ito, tatlong kinatawang babae ay nagmula sa hilagang silangang estado.[26]

Ang dami ng taon ng armadong kaguluhan sa hilagang silangan ay nagpataas ng dalas ng karahasang nararanasan ng kababaihan. Naging saksi ang ilang bahagi ng rehiyon sa pag-angat ng halagahang patriarkal at norm kung saan nagdala sa kanila ng bagong restriksyon sa kababaihan at higit na pisikal na karahasan tulad ng panggagahasa na sistematikong ginamit bilang isang taktika laban sa partikular na komunidad.[27]

---

22 North East Network, *Facilitating the Fulfilment of State Obligations Towards Women's Equality. Baseline Report. Women in Armed Conflict Situations in India,* (Malaysia: International Women's Rights Action Watch Asya Pasipiko, no date).www.iwraw-ap.org/aboutus/pdf/FParmed_conflict.pdf. Accessed February 21, 2011.

23 North East Network (no date).

24 British Broadcasting Corporation, "Indian Upper House Approves Women's Quota Bill," March 9, (2010). http://news.bbc.co.uk/2/hi/8557237.stm. Accessed 22 February, 2011; PRS Legislative Research, Centre for Policy Research website at www.prsindia.org/index.php?name=Sections&action=bill_details&id=5&bill_id=684&category=60&parent_category=0. Accessed February 22, 2011.

25 PRS Legislative Research, Centre for Policy Research website www.prsindia.org/index.php?name=Sections&action=bill_details&id=5&bill_id=684&category=60&parent_category=0. Accessed 22 February, 2011.

26 PRS Legislative Research (see preceding footnote).

27 North East Network, *Violence Against Women in North East India: An Enquiry,* (India: North East Network, 2004). http://ncw.nic.in/pdfreports/Violence%20against%20women%20in%20North%20East%20India%20-%20An%20Inquiry.pdf. Accessed February 21, 2011.

ang Manipur ang target ng ilang nais humiwalay na mga rebelde. Ang hilagang silangan ay konektado sa labas ng bansa sa pamamagitan ng isang parang 'leeg ng manok', ang pasilyo ng Siliguri. Ang pagiging malayo ng rehiyon mula sa sentro ay nagpalakas pa ng iba-ibang etniko, relihiyoso at lingwistikong kultural na kaayusan. Ang hindi pagkalinga ng estado ng India ang nagpataas ng popular na mobilisasyon at armadong pakikibaka batay iba't ibang rehiyonal at etnikong identidad. Nagsimula ang mga ito sa Naga Hills at pagkatapos ay sa Mizoram kasama ang mga makabayan ng Manipur na nag-aklas noong 1970s kung saan binawi nila ang nawalang kalayaan. Ang pakikipaglaban para sa kalayaan mula sa Union ay isa lamang sa tanging dahilan ng kaguluhan. Dagdag pa, mayroon ding inter-etnikong kaguluhan sa pagitan ng tribo ng Naga Hills at ng Hindus ng Meitei valley, sa pagitan ng Naga at Kuki sa burol, at sa pagitan ng mga Meitei at Muslim; maging ang kaguluhang intr-etniko sa loob ng grupong Meitei. Noong 1980, sinakop ng AFSPA maging ang Manipur Valley.

Ang kababaihan sa harapan ng protesta

Habang ang estado ay nagiging mapang-api at ang kaguluhan ay nagiging militarisado, ang Meira Paibis ang humaharap sa protesta laban sa militarisasyon. Noong dekada 70, ang mga karaniwang babae ng Manipuri – mga negosyante, mangingisda at magsasaka – ay nagbuo ng isang lokal na patrol na nakilala sa tawag na *Nisha Bandh* upang labanan ang pang-aabuso sa droga at alak sa gitna na liberal na polisiya ng estado. Ang mga kababaihang ito ay naging aktibista laban sa militarisasyon ng estado sa isang insidente noong Abril 1980 nang lumusob ang paramilitary unit (Central Reserve Police Force) dahil sa sumabog na bomba at nagsagawa sila ng brutal na operasyon sa Lamjing kung saan nang-raid, nag-aresto, nang-tortue at nanggahasa ng mga kababaihan ang mga sundalo.

Mula noon, tuwing gabi hawak ang sulo, naging tagapagbantay ng komunidad ang Meira Paibis; sila ang nagpapatunog ng sirena kapag may hinahanap at naglalagay ng kurdon sa mga operasyon ng mga puwersa ng estado; sila rin ang nagbabantay sa mga kabataan upang hindi ma-recruit ng mga rebelde; sila rin ang naglalakas ng mga alarma kapag may mga nawawala; sila ang mga nagmamartsa sa mga estasyon ng pulis at kampo military; o tagapamigatan sa mga rebelde upang pakawalan nila ang mga recruit o bihag. Makikita ang mga Meira Paibis na naka-pink na phaneks (sarong) at putting inaphies (balabal), nagmamartsa sa kalsada, sinasalubong ang palo ng yantok at teargas, o umuupo sa bilang tahimik na protesta.

Bagama't naniniwala ang mga Ina sa mga rebelde na tinatawag na Underground Groups (UG) na ang mga ito ay 'misguided', ang turing naman ng

> Makikita ang mga Meira Paibis na naka-pink na phaneks (sarong) at puting inaphies (balabal), nagmamartsa sa kalsada, sinasalubong ang palo ng yantok at teargas, o umuupo bilang tahimik na protesta."

mga ahensya ng pamahalaan sa mga Nanay na ito ay 'Ina ng insureksiyon.' Sa katunayan, dahil sa pampublikong papel ng Meira Paibis, pinagsuspetsahan na kumakampi sila kapwa sa mga militar at mga rebelde.[90]

Ang pagprotesta ng mga kababaihan ay nagmula sa mahabang kasaysayan ng mga babaing Meitei na nakipaglaban para sa katarungan. Noong 1904 nag-aklas ang mga kababaihan laban sa pamumuwersa ng British Political Agent sa mga kalalakihan na itayong muli ang bahay ng ahente na nasunog sa panahon ng protest. Ito ay nakilala sa tawag na Nupi Lall. Noong 1939-40 nakita ng Nupi Lall na matagumpay na nakapagmobilisa ang mga kababaihan upang tutulan ang pag-e-export ng bigas sa panahon ng taggutom. Bahagi ng kapangyarihan ng kababaihang Meitei ay mula sa pagkontrol nla ng kalakalan at pagbebenta kung saan nagbigay ito sa kanila ng socioeconomic authority.

Ang Iron Lady ng Manipur

Mula sa mga kuwentong-bayan na bumalot sa pakikibaka ng mga Imas (Ina) para sa katarungan kung saan kinagisnan at lumaki si Irom Chanu Sharmila upang tawaging buhay na alamat bilang 'Iron Lady ng Manipur.' Noong Nobyembre 2, 2000, 10 sampung sibiliyan na napagkamalang rebelde ang pinatay ng mga sundalo sa Malom malapit sa Imphal habang naghihintay ng bus sa terminal. Karaniwang itong ginagawa bilang manipestasyon ng pang-aabuso at maling gamit ng kapangyarihan ayon sa AFSPA. Bilang tugon, nag-ayuno o hindi kumain hanggang halos mamatay ang 21 taon gulang na si Sharmila upang iprotesta ang karahasan ng estado matapos ang masaker sa Malom. Nang mga panahong iyon, ang anyo ng protestang ito na pag-aayuno na sinimulan ni Gandhi ay naging simbulo ng moral na paglaban ng mga kababaihan ng Manipur laban sa militarisasyon ng estado.

Sa loob ng 10 taon, si Sharmila ay nasa kustodiya ng pulis sa isang silid ng hospital, pinapakain sa pamamagitan ng paglalagay ng tubo sa ilong, at

90 Loitongbam, Babloo, "Women in Armed Conflict," in Dutta, Anuradha and Ratna Bhuyan (Eds.), Women and Peace: Chapters from Northeast India, (New Delhi: Akamsha Press, 2008), p.23.



Ang mga kababaihan hawak ang plakard ng protesta sa ikalawang araw ng welga sa hilagang silangan ng siyudad ng India sa Imphal, Pebrero 19, 2009. Isang 48 oras ng welga ang inilunsad bilang protesta sa pagpatay sa Sub-divisional offices at ng kanyang dalawang kawani ng nga di pa nakikilalang mga tao, ayon sa ulat ng mga lokal na medya.Reuters/Jinendra Maibam

naging simbolo ng pambansang mobilisasyon laban sa AFSPA. Regular na pinanawagan ni Sharmila na opisyal nang ilabas ng Reddy Committee ang ulat tungkol sa AFSPA kahit pa nga tumakas siya patungong Delhi noong 2007 upang direktang mag-apila sa mga policymaker. Gayunpaman, masyadong abala ang ministro ng Union Home na si Shivraj Patil upang bigyan ng pansin ng *satyagraha* ni Irom Sharmila o ang ginagawang civil disobedience. Hindi pa rin matinag ang kapayarihan ng mga elite sa Delhi subalit ang payat, nauupos nang si Sharmila na nakaratay sa Jantar Mantar (kilalang lugar ng mga demokratikong protesta) ay isang magneto para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Samantala, inilabas ng pahayagang *The Hindu* ang ulat rekomendasyon ng Reddy Committee na pinawawalang bisa ang batas na AFSPA.[91] Noong Nobyembre 2010, sa ika-10 anibersaryo ng pag-aayuno ni Sharmila, at dala na rin ng katotohanan ng kaniyang katapangan, nagtipon-tipon sa Imphal ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa buong bansa at minsan pa nilang hiniling ang pagwawakas ng AFSPA.[92]

91 Ang Section 5a ng Report ay humihiling ng pagpapawalang bisa ng AFSPA dahil "*the Act is too sketchy, too bald and quite inadequate." Idinagdag pa dito na ang Act "has become a symbol of oppression, an object of hate and an instrument of discrimination and highhandedness."*

92 Kontra ang Army sa mga pagkilos upang baguhin o balewalain ang Act. Noong 2010 ang Home Ministry ay nagmungkahi na maaaring mabago ang Act. Mabilis na sumagot si Army Chief General V K Singh sa pagdedeklarang anumang gawing pagpapahina sa AFSPA ay makahahadlang sa operasyunal na abilidad ng pwersa.

Ang mga kababaihan ay nasa hanay sa harapan, subalit nasa likurang upuan

Gayunpaman, ang aktibismo ng Meira Paibis ay nananatili pa ring malaki sa mababang bahagdan ng lipunan, na may maliit na pagtatangkang makiugnay sa mas malawak na dialogong politikal hinggil sa kaguluhan o kapayapaan sa Manipur. Ang bawat lokalidad ay may sariling grupo at lider na awtonomus, at walang mataas na sangay na nagbibigay ng organisasyunal na pagkakatulad. Ayon kay Pradip Phanjoubam, isang maimpluwensyang editor ng *Imphal Free Press Journal*, "Ang pagdami ng enerhiya, talento at negosyo ay nananatiling hilaw lahat upang maging instrumento na kakailanganin upang makaukit ng sapat at pantay na espasyo sa paghingi at negosasyon ng kapangyarihan sa makabagong politikal na institusyon.[93]

Kahit pa ang moral na awtoridad ng Meira Paibis ay mataas ang lebel matapos ang protestang paghuhubad noong 2004, ang kababaihang kasapi ng coordinating committee ng Apunba Lup ay nagkaroon ng malaking pasibong papel kung saan pinayagang magsalita ang mga lalaki para sa kanila. Dagdag pa, tumatanda na ang kilusang Meira Paibis at ang gap ay lumalawak sa pagitan ng tradisyunal at modernong kilusan ng kababaihan. Ayon pa rin sa obserbasyon ni Phanjouban, ang Meira Paibis ay may enerhiya at intuwisyon subalit ang grupo ng modernong kababaihan ay "may talino subalit walang lakas" upang makatayo ng malaya.[94] Naeenganyo ng mga makabagong grupo ng kababaihang ito ang mga edukado, propesyunal na kababaihan, bihasa sa kulturang NGO at nakabase sa lungsod.[95] Gayunpaman, ang kapangyarihang pangkabuhayan ng mga babae kung saan dito kinuha ng Meira Paibis ang ilang awtoridad ay unti-unti nang humihina tulad ng ipinakita ng pagdami ng bilang ng mga pamilyang pinamumunuan ng mga babae na matatagpuan sa tradisyunal na palengkeng *ima*, ang sentro ng kapangyarihang pangkabuhayan ng kababaihan.

Ang pagiging kumplikado ng may lamat nang politika ng identidad

Ang isang hamon sa aktibismo ng kapayapaan para sa kababaihan ay ang pagkabigong malampasan ang pagkakahati ng identidad sa politika. Ang Manipur ay isang etnikong espayo ng mga mamamayan na kakikitaan ng tension sa pagitan ng mga grupo. Ang kinakatawan ng Meira Paibis ay ang kapakanan lamang ng

93 Phanjoubam, Pradip, "Challenges Before Women's Movement in Manipur," in Dutta, Anuradha and Ratna Bhuyan (Eds.), *Women and Peace: Chapters from Northeast India,* (New Delhi: Akansha Publishing House, 2008), p.101.

94 Phanjoubam, Pradip (2008).

95 For example: Women Action for Development, Manipur Women's Gun Survivors Network.

Meitei at itinuturing na konserbatibo, tradisyunal at hindi laging kinikilala ang tensyong ito ng identidad. Ang tradisyunal na paghahati ng burol/libis tulad ng sa Naga na malaking distrito ay burol, ay nagnanais ng pag-iisa ng lahat ng teritoryo sa kabila ng hangganan ng estado, at ang Kuki ay humihingi ng etniko nilang tirahan. Sa kabilang banda, desidido ang mga Meitei na ipreserba ang integridad ng teritoryo ng lahat ng Manipur. Sa paglipas ng panahon, ang mga pinag-aawayang teritoryo ay siyang nagpasimula ng tension lalo nitong kalagitnaan ng 2010 nang ang organisasyon ng Naga ay nagsagawa ng nakapipilay na dalawang buwan na economic blockade sa pangunahing highway ng Manipur na dumadaan sa kapitbayan nitong estado ng Nagaland; dalawang nagpoprotestang taga Naga ang napatay ng pulis ng Manipur habang binabaklas ang demonstrasyon. Tanong ni Valley Rose, kababaihang aktibista at editor ng Tanghkul daily: "Talaga bang ang pinag-uusapan natin dito ay tungkol sa kapayapaan o ang pinag-uusapan natin ay ang grupo nyo o grupo ko? At hindi ba tayo lumilikha ng higit na pagkakaiba sa mga iba't ibang komunidad sa pamamagitan ng mga gawaing ito?[96]

Sa pagiging kumplikado ng malawak na espasyo sa Manipur, mayroong kritikal na pangangailangan sa kababaihan sa iba't ibang komunidad – sa Naga-Meitei, Kuki – na likhain ang pagpupursigi ng kababaihang Naga-Kuki o kababaihang Naga-Meitei na humingi ng bukas na dialogo upang mabawasan ang tension. Mayroon ding pangangailangan na maihiwalay sa isa't isa ang tradisyunal na Meira Paibis at ang modernong organisasyon ng kababaihan upang sumulong ito sa usaping politikal. Sa huli, samantalang kinikilala ang mapanganib na kapaligiran, kailangan ng Meira Paibis na isulong ang kanilang awtonomiya at magsalita laban sa paglabag sa karapatang pantao sa lahat ng panig kabilang ang puwersa ng military at rebelde.

Pokus sa Nagaland

Noong 2009, daan-daang miyembro ng paramilitary ang kumubkop sa kuta ng isa sa pinakamalaking grupong armado sa Naga,ang National Socialist Council of Nagaland–Isak-Muivah, (NSCN-IM) na nasa pamayanan ng Shirui sa Manipur. Sanhi nito, maraming sibilyan ang naipit. Labinlimang araw tumagal ang pagsit-in ng mga kababaihan ng Naga, hinihiling ang pag-alis ng paramilitary. Naging matagumpay ang ginawa ng mga kababaihan at naiwasan ang karahasan. *'Ginagawa lamang namin ang trabaho namin bilang mangangalaga ng kapayaan'* sabi ng mga kababaihan sa mga biguang opisyales ng militar.

96 Rose, Valley, "Role of Tribal Women in Peace Building in Manipur," in Dutta, Anuradha and Ratna Bhuyan (Eds.), *Women and Peace: Chapters from Northeast India,* (New Delhi: Akansha Publishing House, 2008), p.191.

Binago ng Kababaihan ng Naga ang tradisyunal na mga katungkulan

Makalipas ang siyam na buwan, sa Kohima, ang kabisera ng Naga, ang kababaihan ng Naga mula sa iba't ibang organisasyon ay naging mahalaga ang partisipasyon sa pagtuon at sa paglulunsad ng advocacy sa pakikipagtalastasan sa pagitan ng Home Secretary of the Government of India at kay Thuingaleng Muivah, General Secretary ng NSCN-IM. Nagulat ang mga opisyal ng pamahalaan na nag-anyaya si Muviah ng mga miyembro ng mga organisasyon sa pulong.[97] Kabilang sa mga organisasyon ay ang Naga Ho Ho, Naga Mothers' Association (NMA), at ang Naga Peoples Movement for Human Rights (NPMHR), na ang karamihan sa miyembro ay kababaihan. Bago nito, hiwalay na nakipagusap ang pamahalaan sa mga civil society representatives kasama na ang women interlocutors.

Tahimik subalit mahalagang paala ang pagpupulong na iyon sa Kohima noong 2010, kung paano binago ng mga kababaihang Naga ang kanilang pampublikong katungkulan: hindi na lamang mga pasibong tauhan sa mga seremonyang tanda ng kultural na identidad ng kanilang grupo kundi, mga direktang kabahagi sila bilang kapantay na kapulong. Ipinakita ng interaksiyon kung paanong kinikilala ng armadong rebelde at ang mga ahensiya ng pamahalaan ang mga kababaihang nagtataguyod ng kapayapaan sa usaping pangkapayapaan.

Ang pakikipaglaban sa Naga ang pinakamatandang etno-nasyonalistang pakikibaka na humahamon sa a post-colonial integrationist project ng Indian Union. Sa nakalipas na 60 taon, ang di-pagkakasundo sa pagitan ng pamahalaan ng India at ng mga "makabayang" rebelde ng Naga ay naturing na marahas na paghahati-hati ng mga tribong Naga at ng tensiyong inter-etnikong Naga Meitei. Sunod-sunod na mga kasunduan ang ginawa ngunit pinagwatak-watak lamang nito ang mga taga-Naga at hindi naresolbahan ang pinaka-protracted na di pagkakasundo sa India. Ang ugat ng pagnanais ng Naga na lumaya ay ang pagnanasa na magkaroon ng kaisahan at sariling pamumuno ng mga mamamayan ng 40 tribong naninirahan sa bulubundukin ng Naga sa hilagang-silangan ng India at hilangang-kanluran ng Burma. Ngunit patuloy ang karahasan bunsod ng di pagkakasundo-sundo ng mga tribo sa Naga at sa pagitan ng Naga

97 Sa tradisyunal na pagkilala ang 'civil society' ay tumutukoy sa sirkulo ng hindi pinilit at boluntaryong kolektibang aksiyon kaugnay ng iisa at magkakamukhang interes, layon at mga pagpapahalaga. Ngunit sa mga lugar ng Naga, gayundin sa karamihan ng nasa hilagang silangan, ang mobilisasyon ay ayon sa mga lahi/magkakamag-anak at kasapian sa tribu kung kaya ang Naga social solidarities at organisasyong pang-masa ng Naga ay nakabase sa identidad ng kasapian. May mga makapangyarihang papel din ang Simbahan: mahigit sa 90 porsiyento ng mga taga-Naga ay Kristiyano.

at ng pamahalaan. Ang pagkakaroon ng batayan para sa komong identidad ng Naga na iigpawan ang identidad ng mga tribo ay nanganganib dahil sa mobilisasyon at ng pagkakahati-hati batay sa mga tribo. Sa kasalukuyan, karamihan sa mga 2,300 napatay sa mga pakikipagdigmaan mula 1992 hanggang 2006 ay sanhi ng labanan sa pagitan ng magkakalabang grupo ng NSCN-IM at National Socialist Council of Nagaland–Khaplang (NSCN-K).

Kalagayan ng pangmatagalang usaping pangkapayapaan

Sa kasalukuyan, nakabinbin ang dayalogo sa pagitan ng NSCN-IM at ng Union Government. Sa humigit kumulang 70 pakikipag-usap, kakaunti o walang mahalagang punto ang naibigay sa mga isyung mahalaga. Iginigiit ng pamahalaan ang pakikipagkasunduan na nakapaloob sa the 'four corners of the Indian Constitution' na kung saan ginagabayan ito ng paghahati-hati ng mga Indian states. Iginigiit naman ng mga taga-Naga ang pagsasama ng mga distrito ng Naga Hills sa katabing Manipur state sa "Greater Nagaland." Noong Hulyo 1997, lumagda ang Union government ng kasuduan sa tigil-putukan sa pagitan ng NSCN-IM. Hinarang ng Manipur ang pagpapalawig ng tigil-putukan sa kanilang teritoryo hangga't hindi naisasalegal ang pag-aangkin ng Naga sa kanilang lupain. Matapos ang 1997 Ceasefire Agreement, nagkaroon pa ng mga usaping pangkapayapaan na isinagawa sa Paris at Amsterdam batay na rin sa kasunduan - sa 'pinakamataas na antas' at sa labas ng bansa – sa pagitan ng The Prime Minister (kalaunan ay kinatawanan na lamang ng emisaryo ng PM) at sina NSCN-IM Chairperson Isak Chishi Swuand at General Secretary Thuingaleng Muivah. Ang huling dayalago ay naganap noong 27 February 2011 sa New Delhi sa pagitan ni Prime Minister Manmohan Singh at kina Muvivah at Swu ng NSCN IM.[98] Kasabay ng mga 'high table' talks, pinamunuan ng mga lider ng NSCN-IM ang serye ng mga Peoples' Consultations; ang pinakamaayos ay ang dalawang 'Bangkok Consultations' noong 2002 (Enero at Hunyo). Dito, nakipagdayalogo sila sa mga organisasyon sa Naga, mga simbahan at mga grupo ng kababaihan tungkol sa mga opisyal na pakikipagkasunduan. Sanhi nito, nakarinig sila ng mga diretsang pagtuligsa at mga idea kung ano nga ba ang mahalaga sa mga tao, mga pagbabagong naganap habang nasa kagubatan ang mga lider at nakikipaglaban sa loob ng limang dekada. Gaya ng sinabi ni Muivah nang ginanap ang konsultasyon noong Enero, "walang kasunduan ang papasukin nang hindi naiinintidihan ng mga mamamayan;" wala

98 "NSCN-IM chief lands in Dimapur," *Assam Tribune,* 2 March, (2011). www.assamtribune.com/scripts/detailsnew.asp?id=mar0311/oth05. Accessed 3 March, 2011.

ring lihim na kasunduan ang gagawin.[99] Di umano'y tadtad ng panlilinlang ang mga kasunduan sa kaguluhan sa Naga, kung kaya kinakailangan ng malinaw na talakayan. Mahalaga ang partisipasyon ng mga civil society groups, gaya ng Naga Mothers' Association (NMA) at ang katuwang nito sa Manipur, ang Naga Women's Union of Manipur (NWUM) tungo sa pagiging muhon ng isang prosesong pangkapayapaan na makatao.

Ang papel ng ng Kababaihan sa pagbubuo ng kapayapaan

Ang papel ng mga kababaihan ng Naga ay sumasaklaw sa mga iba't ibang galaw ng mga proseso sa pagitan ng labanan at prosesong pangkapayapaan. Nagiging tagapagtaguyod ng kapayapaan ang mga kababaihan na siyang nakikipag-negosasyon sa pamahalaan at sa ibang mga kasali upang maprotektahan ang kanilang komunidad; nagsasagawa at humihingi ng hustisya sa mga nagawan ng pagkakamali, lalo na iyong mga nakaranas ng seksuwal na karahasan; tagapamagitan upang manatiling bukas ang daloy ng komunikasyon sa gitna ng mga pagkakahati-hati; pagtitiyak at pagtulong na mapanatili ang tigil-putukan; pagpapalawak ng suporta para sa kapayapaan; at pagtiyak na may pananagutan ang mga kasali sa usaping pangkapayapaan para sa mga mamamayan ng Naga. Nabago ang mga organisasyong pangkababaihan na nakatuon sa kabutihan ng pamayanan tungo sa malakas at mga "mother fronts" na usaping politika. Naging mga frontliners ang mga kababaihan ng Naga sa pagprotesta laban sa mga karahasan ng di-pagkilala sa mga karapatang tao at kawalang hustiya, gaya ng ginawa ng mga kababaihan ng Naga sa sit in sa Mao gate noong mayo 2010.[100] Nagbagong-anyo ang sit in na ito sa labanan sa pagitan ng mga tribong Naga-Meitei, na kung saan pinapakita nito ang limitadong epekto ng "mother fronts" sa parehong grupo na dapat sana'y kaya nitong igpawan ang ekslusibong pagtingin sa sariling tribo/identidad.

Ngunit, kinikilala pa rin ang mga kababaihan ng Naga bilang matatapang na aktibistang politikal, ginigiit ang pagkakapantay-pantay bilang interlocutors sa

99 Manchanda, Rita, *We Do More Because We Can: Naga Women in the Peace Process,* (Kathmandu: South Asyan Forum for Human Rights, 2004), p.67.

100 Ang Mao Gate ang hangganan sa pagitan ng Nagaland and Manipur at tinitirhan ng mga tribu ng Mao Naga. Ang krisis na ito ay umusbong nang biglaang hindi bigyan ng permiso ng Union Government ang NSCN-IM General Secretary na si Thuingaleng Muivah upang bisitahin ang kanyang pamayanang pinagmulan o kanyang ancestral village sa Manipur matapos ang apat na dekada nang di pagbabalik doon. Ang mga kababaihan ng Naga ay nagsagawa ng isang walang katiyakan ang tagal na protestang 'sit in' na siyang nagresulta sa curfew at pagtaas ng tensiyon kung saan ang puwersa ng Indian Reserve Battalion ng gobyerno ng Manipur ay nanakit ng kababaihan, gumamit ng tear gas at nakapatay ng dalawang estudyante sa kolehiyo. Naglagay ng barikada ang Naga Students Federation na siyang bumarang sa daan patungong Manipur.

> Nakaugat sa tradisyonal na tungkulin nila bilang tapagtaguyod ng kapayapaan sa pagitan ng mga magkakalabang pamayanan at tribo – bilang *demi* o kaya ay *pukrelia* na siyang namamagitan tuwing may digmaan at pinipigilan ang karahasan."

prosesong pangkapayapaan sa pagitan ng mga grupo sa pagitan ng mga taga-Naga at sa pamahalaan. Ilan sa mga kuwento tungkol sa karahasan sa Naga ay ang paggamit sa mga kababaihan para protektahan ang mga lalaking mandirigma, paghiga sa kalsada para harangin ang mga trak na puno ng kalalakihan na makakaranas ng brutal na pagtatanong, pagtiyak sa pagpapalaya ng mga bihag mula sa iba't ibang grupong militante, at higit sa lahat, ang pagpipigil ng karahasan sa pagitan ng mga taga-Naga. Gaya ng paglalarawan ng mga kababaihan ng pamayanan ng Jotsoma sa distrito ng Kohima: "*Nang dumating ang hukbong katihan ng India, ang mga babae ang siyang namagitan sa mga sundalo at mga naninirahan sa pamayanan. Tanging kababaihan lamang ang kayang mamagitan. Lagi naming kinakausap ang mga sundalo. Kaming mga ina ang pumupunta sa mga magkakalabang grupo at nakikiusap sa kanila na huwag magpatayan at huwag dahasin ang mga iba pang nasa pamayanan".*[101] Noong stand-off sa Mao Gate noong mayo 2010, ang mga kababaihan ang namagitan sa mga lokal na opisyal ng pamahalaan, sa mga emosyonal na mamamayan at sa pulisya ng Manipur.

Nakaugat ang panlipunang pagtukoy para sa partisipasyon ng kababaihan sa pangkapayapaang aktibismo sa tradisyonal na tungkulin bilang tapagtaguyod ng kapayapaan sa pagitan ng mga magkakalabang pamayanan at tribo – bilang *demi* o kaya ay *pukrelia* na siyang namamagitan tuwing may digmaan at pinipigilan ang karahasan. Ang naturang tungkulin ay naisabuhay ni Neidonuo Angami, na noo'y pangulo ng NMA, na siyang humarak sa pagitan ng dalawang nagkakagulong grupo sa distrito ng Phek noong 1998 at hiniling na "*makinig muna sa inyong ina bago ninyo patayin ang kapatid.*" Pinangangalagaan ng pagbibigay-diin sa pagka-ina bilang isang estratehiya sa pagmomobilisa ang social legitimacy, na walang bahid-politika ang NMA at ang pagsuporta nito na wala itong pinapanigan.

---

101 Focus group discussion sa mga kababaihan ng Jotsomo village May 2003, binaggit sa Manchanda, Rita (2004), p.36.

Pag-igpaw ng Kababaihan sa Pagkakahati-hating paksiyonal

Mahalagang pokus sa pagnanais ng kababaihan ng kapayapaan ang karahasang bunsod ng pagkakahati na lalong lumala noong 1980s at 1990s. Bilang tugon sa mataas na bilang ng mga bangkay na hindi kinukuha, pinamunuan ng NMA ang isang ritwal ng pagluluksa kasama ang mga simbahan. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang marangal na paglilibing gamit ang tradisyonal na balabal, ipinakita ng NMA na ang bawat buhay ay mahalaga. Noong 1994, inilunsad ng NMA ang kampanyang "Stop All Bloodshed." Nagtungo ang iba't ibang grupong walang kinikilingan sa iba't ibang opisinang pandistrito upang hikayatin na tigilan na ang karahasan. Noong 2003, muling nanawagan ang NMA na itigil ang pakikipaglaban – isang masalimuot na katotohanan na patuloy pa rin ang pagpapatayan sa pagitan ng iba't ibang grupo. Giniit ni Neidonuo Angami sa distrito ng Tuensang na "*Bilang mga ina, wala kaming kinikilingan,*" na unang kinausap ang mga "aroganteng" kadre ng NSCN-IM bago ang mga "nagmamalinis" na kadre ng Khaplang, kung saan naisalabas ang hinaing sa kawalan ng pagkakaisa at sa pag-iwas sa mga maling paghihinuha na nakaugat sa kawalan ng bukas na pakikipag-usap sa bawat isa.[102]

At, kahit na marami pa ring karahasan ang nagpapatuloy mula sa girian ng mga grupo, hinangad ng NMA at ng NWU na magkaroon ng bukas na pakikipag-usap sa pagitan ng mga nagkakagulong grupo. Noong 1999, tinulungan ng mga grupong kababaihan na magkaroon ng pag-uusap sa pagitan ng mga lider ng NSCN-IM at NSCN-K. Apat na kababaihan mula s a NMA at NWUM ang umakyat sa bundok at pumunta sa hanggangan ng Myanmar sa mga headquarters ng NSCN-K para katagpuin ang lider nito, si S.S. Khaplang. Kahit na hindi pumayag si Khaplang sa resolusyon sa tigil-putukan ngunit nakipagkasundo siya na hindi haharangin ang anomang prosesong pangkapayapaan at pigilan ang kasamahan sa karahasan. Sa kanilang pagbabalik, kinausap ng mga miyembro ng NMA at NWUM ang 16 sa mga pinamakatataas na lider ng NSCN-IM. Pinagkatiwalaan ang mga kababaihan ng Naga na maging interlocutors, na dati'y hindi man lamang sila pinagkatiwalaan na magdala ng mensahe. Kahit na mangilang beses na hinikayat ng mga kababaihan na magkaroon ng harapan ang mga lider ng NSCN, nagkaroon ng mahalagang hakbang na ibigay kay S.S. Khaplang ang mga detalye mula sa Bangkok People's Consultation sa usaping pangkapayapaan.kahit na hindi masyadong malaki ngunit mahalaga pa rin ang pagbaklas sa mga kawalan ng tiwala at pagkakaroon ng paghuhusga sa pagitan ng mga grupong naglalabanan.

---

102 Noong Abril 2003, sinamahan ni Rita Manchanda ang Presidente ng NMA sa distrito ng Tuensang para sa isnag misyon ng kapayapaan at rekonsilyasyon na naglalayong ayusin ang kawalan ng tiwala ng magkabilang grupo ng lihim na mga cadre mula sa NSCN at NSCN-K. Tingnan Manchanda, Rita (2004), p.48.

Sa matagalang pagkabinbin ng prosesong 'walang digmaan/walang kapayapaan, nagkaroon ng pagtaas ng dami ng karahasan dulot ng pagkakahati-hati, na siyang kinonsidera ng mga ahensiya ng pamahalaan na lumalaban sa mga tumitiwalag. Nakapag-udyok ang kaganapang ito sa mga grupong panlipunan ng Naga na muling gawan ng hakbang ang usaping pangkapayapaan sa pamamagitan ng Forum for Reconciliation, isang pulong ng mga matataas na opisyal noong 2008 sa Chiang Mai, Thailand. Sa pamamagitan ng nasabing pagpupulong, nahikayat ng mga organisasyong NMA, NWUM, ang mga simbahan, Naga Ho Ho, NSF, NPMHR and at iba pang grupo na ikontrol ng mga lider ng iba't ibang grupo ang pagpatay dahil sa kinabibilangang grupo at mas importante, iapela sa kanila na hikayatin ang partisipasyon ng mga kababaihan sa usaping pangkapayapaan. Nakatulong ang bagong pamamaraan at inisiyatibo, gaya ng 'Reconciliation Soccer' na bawasan ang tensiyon at iwasan ang karahasan sa pamamagitan ng mga pampalakasang paghaharap sa pagitan ng mga naglalabang tribo.

Diretsahang pinuna ng mga kababaihan ng Naga hindi lamang ang mga ahensiya ng pamahalaan kung hindi pati na rin ang mga rebelde sa pagabuso ng karapatang pantao. Sa isang pagpupulong kasama si S.S. Khaplang noong 2002, hiningan ng paliwanag ng NMA NWUM ang grupo ni Khaplang sa pagpatay kay Shelly Maring, isang tagapagsulong ng karapatang pantao. Kanila ring pinuna ang isyu ng mga di umano'y Metei 'undergrounds' na naghanap ng proteksiyon sa kanilang kampo, na siyang nakararanas ng kaniyang suporta.[103] Iginiit din ng kababaihan na malaman kung alam ba ni Khaplang ang pagpapahinto ng paggawa ng isang highway na magiging benepisyal sa mga mamamayan.[104]

Binigyang-tuon din ng mga kababaihan ng Naga ang isyu tungkol sa seksuwal na karahasan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga network ng iba't ibang tribu at sa mga kababaihan sa mga lihim na organisasyon. Matapos ang isang insidente ng panggagahasa na kinasasangkutan ng isang kadre ng NSCN-IM noong 1999 sa pamayanan ng Jotsoma, nakipag-ugnayan ang NMA sa mga kababaihan ng tribong Chakesang at sa mga kababaihan ng NSCN-IM upang makamit ang hustisya. Gumawa ang mga kababaihan ng paraan noong nasa kalagitnaan ng kaguluhan at kanilang isinagawa ang 'kitchen politics'. Halimbawa, kung pinag-iisipan ng mga kadre na sumugod sa kabilang pamayanan, iniimbita ng mga kababaihan ang mga kadre sa isang kainan upang mapagusapan ang mga posibleng kalalabasan ng kanilang plano, gaya ng paghihiganti at matagalang pagsasara ng mga paaralan at mga tindahan, at kung ano ang

103 Komunikasyon sa pagaitan nina Rita Manchanda and Gina Shankham ng Naga Women's Union of Manipur, Senapati, 4 May, 2003.

104 Manchanda, Rita (2004), p.47.

> “Para kanino kayo nakikipaglaban? Hindi sa inyong 60 o 70, kung hindi sa ating lahat.”
>
> Dr. Yangerla Ao, 2004

magiging epekto nito sa pamayanan, para hikayatin sila na huwag na lamang ituloy ang planong pag-atake. Hinikayat din ng kababaihan ang mga lider na huwag nang ipatupad ang oras ng hindi paglabas sa bahay. Gaya ng sinabi ni Dr Dr Yangerla Ao ng organisasyon ng kababaihan sa Aon a Watsu Mongdang sa mga mamamayan ng Naga na nakikipaglaban na nag-usig ng karahasan na siyang nagresulta sa pagsasara ng mga paaralan at mga negosyo, “*Kanino kayo nakikipaglaban? Hindi sa 60 o 70 ninyong mga nakikipaglaban, kung hindi sa ating lahat.*“[105]

Matapos ang kasunduan sa tigil-putukan noong 1997, maraming paglabag ang naitala na nagresulta ng pagtuturuan na siyang nagdulot ng panganib sa mismong pagkakaroon ng kasunduan. Nakisali ang NMA at NWUM sa i 22-member civil society Action Committee na siyang nagbabantay ng tigil-putukan. Sinabi ni NMA President Angami, *“Maaaring hindi sundin ng alinmang panig ang napagkasunduan. Pero, para kanino ba sila nakikipag-usap? Lahat tayo’y mga nakikinabang sa prosesong ito.”*[106] Itinulak ng Action Committee na maisama ang mga independent observers sa mekanismo ng pormal na tigil-putukan. Kahit na napagkasunduan sa usapan sa Amsterdam noong Setyembre 2001 sa pagitan ng pamahalaan at NSCN-IM na isama ang apat na mga kawaksing miyembro na tumatayo para sa mga NGOs, walang pagbabago ang naganap. Ngunit, sa patuloy na pagtutulak ng grupo, nabago ang mga probisyon sa “Ground Rules” ng tigil-putukan. Sa orihinal na mga pamantayan na napagkasunduan noong 1997, nakasulat na tanging ang seguridad lamang ng dalawang grupo ang tiniyak. Noong ika-13 ng Enero 2001, batay sa mga opisyal na dokumento, binago ang mga probisyon kung saan kinakailangan na ang dalawang grupong magkalaban ay gumawa ng paraan nahindi makakasira ng mga personal na pag-aari at makasakit ng mga mamamayan.

Usaping Pangkapayapaan

Nang magsimula ang pormal na talakayan hinggil sa kapayapaan, limitado ang suporta ng publiko para isulong ang negosasyong pangkapayapaan bago nailatag ang kaisahan sa apat na naglalabanang grupo ng Naga: ang NSCN-IM

105 Manchanda, Rita (2004), p.39.

106 Manchanda, Rita (2004), p.52.

at K groups, at pati na rin ang natitira mula sa Naga National Council (NNC) na nanguna sa kilusan ng Naga at nahati sa NNC (Adino) at NNC (Pangar). Naging mahalaga ang papel ng Naga civil society, kasama ang mga organisasyong pangkakabaihan upang makakuha ng pangkalahatang pagtanggap at legitimacy para sa NSCN-IM na tumayo para sa mga taga-Naga na makipagkasundo habang nakikipag-ugnayan sa ibang grupo para magkaroon ng kaisahan. Inakusahan ang NMA at NWUM ng pagkiling tungo sa mga NSCN-IM ng ilang kasamahan ng grupong Khaplang, kinakalaban ang paggigiit ng mga kababaihan na "hindi kami kumikiling." Sa katotohanan, hinihikayat ang mga kababaihan na sumali sa mga pagkakataon na may tensiyon sa pagitan ng mga grupo dahil pinagkakatiwalaan sila ng parehong grupo sa pamayanan at sa mga mga lider ng NSCN-IM at Khaplang.

Hinikayat ng mga kababaihan ng NMA at NWUM ang pamahalaan ng India at mga lider ng NSCN-IM na tuluyan nilang isangkot ang sarili sa kapayapaan kung saan binibigyang-diin nila ang kapayapaan na hindi lamang para sa mga magkakalabang grupo kung hindi sa buong grupo. Nang maaresto si Muivah noong Enero 2001 sa Bangkok papunta sa pakikipag-usap sa Amsterdam dahil sa paglabag sa kaukulang batas sa pasaporte, nagkaroon ng sunud-sunod na protesta ang NMA at ibang organisasyong panlipunan ng Naga. Hinihiling nila na umaksiyon ang pamahalaan at isangkot nila ang sarili sa usaping pangkapayapaan.

Lumahok din ang NMA at NWUM sa mga konsultasyon sa prosesong pangkapayapaan sa iba't ibang antas. Naimbitahan sila ng NSCN-IM sa 2002 Bangkok Consultations. Doon, nakasama nila ang 45 iba pang organisasyong panlipunan na nagpaghayag ng kanilang agam-agam at pagnanasa tungkol sa mga opisyal na pakikipag-usap at ang pagpapanagot sa mga lider ng NSCN-IM para makipag-usap para sa buong Naga. Sa unang pagpupulong, walang babae ang kabilang sa grupo ng NSCN-IM. Ngunit sa konsultasyon noong Hunyo, nagkaroon ng anim na babaeng lider ng NSCN-IM. Iniwasang magbigay-komento ng NMA sa politikal na agenda para mapanatili ang tiwala sa sa bawat panig. Samantala, ang kasamahan nilang organisasyon na NWUM sa Manipur ay nagsulong ng rights-based agenda, ginigiit nila ang karapatan ng kababaihan sa kasal, diborsiyo, ari-arian at representasyon sa Village Tribal Authorities at ang pinakamataas na opisina ng mga taga-Naga, ang United Naga Council of Manipur.

Tuloy tuloy na hamon para sa mga Kababaihan ng Naga

Alam ng mga kababaihan ng Naga na mahirap makamit ang kapayapaan para sa mga Naga kung patuloy ang 'di pagkakasundo-sundo sa pagitan ng iba't

ibang grupong etniko. Nagsimula ng ilang inisiyatibo ang NMA ay NWUM para buksan ang pakikipag-usap sa mga grupo ng Meira Paibis, ang impluwensiyal na grupong pangkababaihan ng Meitei sa Manipur. Halimbawa, nakipagtrabaho ang NWUM sa mga miyembro ng Miera Paibis para palayain ang mga bihag ng mga rebeldeng Naga at nakiisa rin sila sa protesta ng Meira Pabis. Pero, ayon sa mga aktibistang kababaihan ng Naga, ang ganitong uri ng pakikiisa ay nakatuon lamang sa iisang grupo. Sa katotohanan, lumaki ang di pagkakasundo at kawalan tiwala sa pagitan ng Meitei at Naga bunsod na rin ng bugso ng damdamin tungkol sa desisyon ng pamahalaan ng India na palawigin ang kasunduan sa tigil-putukan hindi lamang sa pagitan ng India at Naga kung hindi sa labas ng teritoryo ng Naga. Nakikita nila ito bilang paunang pamamaraan upang hatiin ang teritoryo ng Manipur. Ang naganap na standoff noong 2010 sa pagitan ng Naga at Meitei ay nakatulong lalo sa pagkakaroon ng krisis sa pagitan ng dalawang grupo.noong Setyembre 2010, nagkaroon ng unang pakikipag-dayalogo sa pagitan ng pamahalaan ng India, sa mga Naga ng Manipur at ng Meitei.[107] Bahagi ng usapang ito ang dalawang babae, sina Gina Shankham of the Naga Peoples Movement for Human Rights at Grace Satsang ng Naga Women's Union of Manipur. Nakalulungkot isipin na noong Disyembre 2010, walang babae ang naging bahagi ng dayalogo. Maaaring maipaliwanag ng paghahati-hati ng mga magkakadikit na mga pangkat etniko ang paglaban ng maraming pamanayanan sa hilangang-silangan ng India na tutol sa polisiya ng pamahalaan ng India na AFSPA, pero hindi pa nila nagpag-iisa ang kanilang tindig laban dito.

Subalit, sa labas ng mga pamayanang ito, nagkakaroon ng pagkakaisa – lalo na sa kontexto ng mga paaralan at unibersidad sa New Delhi kung saan malaking bilang ng impluwensiyal na mag-aaral at mga batang propesyonal ang naninirahan. Mahalaga ang mga indibiduwal na ito sa pagkakaroon at pag-debelop ng mas maugnaying politika sa hinaharap. Ang mga kababaihan ng Naga ng NPMHR ang nasa harap ng mga ganitong inisiyatibo, at kung minsan hinihikayat ang kalalakihan mula sa ibang pamayanan (gaya ng Meitei at Kuki) na hindi ikatuwa ang pagiging pasibo ng kanilang mga kababaihan.[108]

---

107 Kanglaonline, "First round of tripartite talks on UNC demands held at Senapati," December 3, (2010). http://kanglaonline.com/2010/12/first-round-of-tripartite-talks-on-unc-demands-held-at-senapati/. Accessed February 25, 2011.

108 Halimbawa, nang si Grace Satsang ng NWUM at ang tatlo pang kababaihan ay tumungo sa Myanmar upang makipag-usap kay S.S. Khaplang noong 2001, Sinabihan sila ng mga rebelde ng Meitei sa kampo, "Hindi ko iniisip na tutungo rito ang mga kababaihan ng Meitei. Ni hindi nila naisip na tumungo rito. Tingnan Satsang, Grace, "Tribal Women and Peace Initiatives in Manipur" in Dutta, Anuradha and Ratna Bhuyan (Eds.), *Women and Peace: Chapters from Northeast India,* (New Delhi: Akansha Publishing House, 2008), p.194.

Siyempre, humaharap pa rin sa mga balakid ang mga kababaihan ng Naga para makamit ang pagiging tagataguyod ng kapayapaan. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin binibigyan ng pormal na representasyon ang mga kababaihan ng Naga Ho Ho, ang pinakamataas na organisasyong pampamayanan sa Nagaland at ang kawangis nitong grupo sa Manipur, ang United Naga Council. Ngunit, ang pagbabago ng henerasyon sa pamumuno ay nagbubukas ng pinto, pero hindi pa rin ito nilulubayan ng pagkukuwestiyon.[109] Hanggang sa kasalukuyan, nanatiling patriyarkal ang Naga. Sa pamahalaan, wala pa ring kinatawang babae kahit na ang mga kababaihan ang pinakaaktibo sa mga pamayanan kapag panahon ng eleksiyon. Noong eleksiyon ng 2003, nangampanya ang mga kababaihan para sa maka-kapayapaang National People's Front laban sa Nagaland state Congress Party, kung saan hindi pinapansin ang prosesong pangkapayapaan.

Hindi nagiging sensitibo ang pamahalaan ng India sa kahalagahan ng kababaihan sa pagsulong ng kapayapaan at ang mga pagbabagong dumaraan hinggil sa usapin ng kasarian. Halimbawa, kadalasang ginagawa na ang kababaihan ang nakikipag-usap sa mga lokal na commanding officers (COs) ngunit, nagpahayag si Retired General R.V. Kulkarni, na siyang naging pinuno ng Ceasefire Monitoring mula 2001 hanggang 2007, na dapat ikonsidera ang mga kababaihan bilang mahalagang bahagi upang mawala ang tensiyon at mapanatili ang kapayapaan.[110] Higit dito, mayroon ding tendensiya na paalisin ang mga organisasyong panlipunan bilang mga tagapagsalita ng NSCN-IM. "*Ginagabayan sila ng ibang grupo ng tao*," ani niya.[111]

Pagpapanatili ng pag-uusap tungkol sa kapayapaan

Makalipas ang 13 taon mula nang pinirmahan ang kasunduan sa tigil-putukan, nasa peace table pa rin ang pamahalaan at ang NSCN-IM at pinapakita nito ang papel ng lipunan sa pagtiyak sa pamahalaan at NSCN-IM sa responsibilidad na hindi na masira pa ang usaping pangkapayapaan. Sa mga ganitong ka-iregular na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at mga rebelde, nagbigay ng direksiyon at patas na pagtingin ang lipunang Naga. Tunay nga na mahalaga

109 Sa distrito ng Pallel sa Manipur, si T. Shangnu ng NWUM ay nanguna sa pagsasaayos ng kaguluhan sa pagitan ng mga tribu sa mga komunidad sa panahon ng eleksiyon, gayundin ang pamamagitan upang matulungan nag mga naging bihag ng mga militante o mga kabataang kalalakihan na kinuha ng mga puwersang panseguridad. Nagreklamo siya na "babae at lalaki, tinudya kami" sinasabing "narito na ang mga makapangyarihang kababaihan. Diskusyon kasama si Rita Manchanda noong 2004.

110 Manchanda, Rita (2004), p.70.

111 Manchanda, Rita (2004), p.70.

> “. . . Tunay na mahalaga at espesiyal ang nakaatang na responsibilidad sa mga organisasyong panlipunan at pangkababaihan dahil ginagawa nilang lehitimo ang madalas ay tila pagka-ipit ng pakikibaka ng mga mamamayan sa pinababaw na negosasyong pangkapayapaan.”

at espesiyal ang nakaatang na responsibilidad sa mga organisasyong panlipunan at pangkababaihan dahil kanilang nabigyan ng boses ang kung minsang pag-iipit sa pagnanais ng mamamayan sa negosasyong pangkapayapaan. Sa kasalukuyan, nahinto ang prosesong pangkapayapaan at ang kawalan ng tulak ng pamahalaan tungo sa pakikipag-ayos ay unti-unting humihina. Dagdag pa rito, ang standoff sa pagitan ng Naga at Meitei ay nagpakita ng kawalan ng paggamit ng pamahalaan ng India na humanap ng solusyon para maiwasan ang pakikipagdigmaan.

Pinayagan ng pamahalaan ng India na makabisita si Muivah noong 2010 sa kaniyang pamayanan sa Ukhrul sa Manipur at sinabihan ang mga otoridad ng Manipur sa plano ni Muivah. Nang napagdesisyonan ng Manipur Chief Minister na gamitin sa politika ang kawalang-segurdiad ng karamihan ng mga pamayanan ng Meitei tungkol sa teritoryo sa Manipur at unti-unting hinahati dahil sa pagnanais ng na magkaroon ng Greater Nagaland at hindi pinayagan na makapasok si Muivah, hinayaan ng pamahalaan ng India na unti-unti itong lumala bago nanghimasok ang Punong Ministro at hinikayat na huwag na lamang ituloy ni Muivah ang planong pagbisita. Samantala, ang mga counter-insurgency agencies naman ay patuloy na nanghihikayak na magkaroon ng karahasan sa pagitan ng mga grupo-grupo at binabago at ang mga ugnayang tribo at sinisira an gang kilusan sa Naga.

Sa ngayon, mahalaga ang paglalagay ng responsibilidad sa mga organisasyong panlipunan – lalo na ang Naga Mothers Association – bilang mapagkakatiwalaang miyembro ng prosesong pangkapayapaan. Higit ngayon, mahalaga ang pagpupursirge na magkaroon ng pagkakaisa sa mga Naga. Maraming magagandang palatandaan, gaya na lamang ng pagkakabuo ng ‘Joint Working Group’ noong 2009 na kinabibilangan ng mga miyembro ng NSCN-IM, NSCN-K at isa pang grupong militante, Naga National Council. Dahil sa mas delikadong kaguluhan sa pagitan ng Naga at Meitei, umiikot ang responsibilidad sa mga kababaihan ng naga at Meitei na muling pagyamanin

at palakasin ang kanilang naisin na makipag-usap sa bawat isa. Walang kapayapaan sa Naga kung walang pakikipagkasundo sa mga karatig-pamayanan.

Tungkol sa Awtor: Si Rita Manchanda ay Research Director ng proyekto ng South Asya Forum for Human Rights (SAFHR) na may titulong 'Human rights audits of Partitions as a Method of Conflict Resolution'. Siya ay nagsilbi bilang eksperto sa gender para sa Commonwealth Technical Fund sa Sri Lanka at bumuo ng mga programa.

7. Solomon Islands

Rebecca Peters

Pinaigting ng armadong kaguluhan sa Solomon Islands ang mga pagkakaiba sa tradisyunal na gampanin ng mga kalalakihan at kababaihan. Ang labanan ay karaniwan sa pagitan ng mga kalalakihan, ngunit higit na nakapagpapahirap sa mga kababaihang nagpakita ng katapangan sa pagsubok na wakasan na ang labanan. Sa kabila ng negosasyon hinggil sa pagkakasundo sa humigit na anim na taon, hindi naanyayahan ang mga kababaihang makadalo. Bilang aktibista, sinabi ni Dr. Alice Pollard na: "Ang mga gawaing pangkapayapaan ay nagabayan ng mga tagapagpaganap na may kaunting naiambag mula sa mga biktima."[112] Gayundin naman, pagkatapos ng kaguluhan, hindi pa rin nakakalahok ang mga kababaihan sa pinakamahalagang usapan hinggil sa pagdedesisyon, ang pambansang parliyamentaryo. Walang mga kakabaihang nahalal sa eleksiyong pamparliyamentaryo noong 2001, 2006, maging 2010. Ang totoo, isang babae pa lamang ang nakapaglingkod sa parliyamentaryo ng Solomon Islands.

Ang pagkakakilanlan at kultura ng mga taga-Solomon Island ay naiuugnay sa tribo at isla ng pinagmulan sa loob ng kapuluan. Sa panahon matapos ang kolonyalismo, nagdulot ang kultural na pagkakahati-hati ng mga pagsubok nang ang mga taong naghahanap ng mapagtatrabahuhan ay umalis mula sa ibang mga probinsiya patungo sa mga malalaking isla ng Guadalcanal, lalo't higit sa kabisera nito, ang Honiara.

Mga kababaihan at 'ang mga tensyon'

Ang marahas na kaguluhan na tinaguriang 'mga tensyon' ay nagsimula sa iringan sa pagitan ng isang katutubong pangkat ng Guadalcanal, ang Isatabu Freedom Movement (IFM) at ng Malaitan Eagle Force (MEF) na siyang kumakatawan sa

112 Pollard, Alice Aruhe'eta, "The Women for Peace Analysis and approach," in Liloqula, Ruth and Pollard, Alice Aruhe'eta, "Understanding Conflict In Solomon Islands: A Practical Means To Peacemaking," *State, Society and Governance in Melanesia, Discussion Paper 00/7,* (Canberra: Australian National University: 2000), p.10.

mga naninirahan sa kalapit-pulo ng Malaita. (Tingnan ang Box 6, Kalikasan ng kaguluhan para sa karagdagang detalye). Ang kaguluhan sa pagitan ng dalawang pangkat ang nagbunsod sa pagkakahati ng kanilang lupain sa loob ng dalawang taon bago pa napalitan ng maraming krimen na nagdulot ng pagbagsak sa mekanismo ng estado. Ang mga kasunduang pangkapayapaan ay ginawa at hindi natupad hanggang 2003, at sa pagdating ng multinasyonal na operasyong nagpapanatili sa kapayapaan, ang Regional Assistance Mission to Solomon Islands (RAMSI). Napagtagumpayan ng grupo ang pagpapanumbalik maging ang pagbubuong muli ng mga institusyon sa gobyerno at maging ekonomiya. Nagsagawa ito ng matagumpay na pagdidisarma kung saan tumulong ang mga kababaihan na mahikayat ang mga kalalakihan na isuko ang kanilang mga armas.[113] Ang mandato na ito ng RAMSI ay tinasa noong 2007 at muling pinagtibay noong 2009.[114]

Sa usapin ng mga tahasang nasaktan, ang mga tensyon ay maaaring maituring bilang mababang antas ng kaguluhan – kulang sa 200 ang mga namatay at 450 ang mga nasugatan. Gayunpaman, nagdulot ito ng pagkatakot at pagkasira, kung saan mahigit sa 35,000 katao (8 bahagdan ng populasyon sa panahong iyon) ang nawala, dulot ng karahasan. Kabilang sa mga pinsalang naidulot ang panganib sa mga kababaihan: naging talamak ang sekswal na pang-aabuso sa mga kababaihan.[115] Bukod pa rito, sila rin ang pinakanaapektuhan ng pagsasara ng mga pagamutan at paaralan: *"Napilitan ang mga kababaihang isilang ang kanilang mga anak sa damuhan, at nadama rin nila ang takot na hindi mapabakunahan ang kanilang mga anak laban sa mga nakamamatay na sakit tulad ng TB at malalang pag-ubo."*[116] Kahit pa ang mga kalalakihan ay nahirapan din, hindi maitatangging ang mga kababaihan ang lalong naapektuhan, dahil sa pangamba nilang hindi matugunan ang mga tungkulin bilang mga ina.[117]

---

113 Muggah, Robert, "Diagnosing Demand: Assessing the Motivations and Means for Firearms Acquisition in the Solomon Islands and Papua New Guinea," *State, Society and Governance in Melanesia, Discussion Paper 2004/7,* (Canberra: Australian National University), p.8.

114 Partnership Framework Between Solomon Islands Government and Regional Assistance Mission to Solomon Islands, April 2009. See www.ramsi.org

115 Amnesty International, *Solomon Islands: Women confronting violence,* ASA 43/001/2004, (London: Amnesty International, 2004), pp.26-29.

116 Paina, Dalcy Tovosia, "Peacemaking in Solomon Islands: The experience of the Guadalcanal Women for Peace movement," *Development Bulletin 53,* November (Canberra: Australian National University, 2000), pp.47-48.

117 Leslie, Helen, "Gendering conflict and conflict management in the Solomon Islands," *Development Bulletin 60,* December (Canberra: Australian National University, 2002), p.15.

Box 6: Kasaysayan ng Kaguluhan

Ang Solomon Islands ay grupo ng halos 1000 na mga pulo kung saan 510,000 katao ang nagsasalita ng higit sa 60 na mga wika.[1] Noong 2010, ito ay ika-124 sa UN Human Development Index, mas mataas sa Papua New Guinea ngunit mas mababa sa Fiji, Micronesia at Timor Leste.[2] Mababa ang literasi rito at karamihan sa mga naninirahan ay kumukuha ng kanilang ikabubuhay sa kanilang kapaligiran.[3]

Nagsimula ang marahas na kaguluhan na tinaguriang 'ang tensyon' noong 1998, matapos takutin ng mga katutubong kalalakihan ng Gwale sa Guadalcanal Island ang mga naninirahan sa katabing isla, ang Malaita. Sila ay nagagalit sa hindi pagpapaabot ng pamahalaan sa kanilang mga hinaing tungkol sa usapin sa kawalang kabayaran sa mga nawalang lupain at mga gawaing pangkalinangan, karahasan ng mga nanghihimasok laban sa mga katutubo, at kawalang respeto sa katutubong kultura ng Guadalcanal. Binuo ng mga kaaway ang pangalang Isatabu Freedom Movement (IFM) at bilang pagtugon, isang pangkat na kinilalang Malaitan.[4] itinayo ang grupong tinawag na Malaitan Eagle Force (MEF). Sa paglalaban ng dalawang militia noong 1998-2000, mahigit 150-200 qng namatay at libo-libo ang nawalan ng tirahan. Ilang libo ang lumikas sa Guadalcanal at bumalik sa ibang probinsya kasama ang halos 25,000 na mga nagsibalik sa Malaita. Dagdag pa, ilang libong katutubong Guadalcanal ang lumikas sa kapitoyo na Honiara para sa ligtas na looban sa isla.

Noong 1999 ang bansa ay inilagay sa ilalim ng State of Emergency. Nag-isponsor ang Commonwealth ng dalawang kasunduang pangkapayapaan at isang Peace Monitoring Group para suportahan ang pulis at simulan ang isang programang nagbababa ng armas. Hindi ito sapat upang mapigilan ang isang kudeta noong Hunyo 5 2000 nang ang MEF suportado ng ilang hindi apektadong pulis ay hinostage ang Punong Ministro at hiningi ang kaniyang pagbibitiw. Ni-raid nila ang armory ng pulis para makakuha ng armas, hinawakan ang puwersa ng kapulisan at maging si Honiara mismo. Nagbitiw ang Punong Ministro at nagtalaga ng interim na kapalit ang parliamento. Matapos ang isang bigong tigil-putukan, nagsagaw ng isang kumperensya ng pangkapayapaan ang pamahalaan ng Australia at New Zealand sa Townsville, Queensland noong Oktubre 2000. Ang resulta ng Townsville Peace Agreement (TPA) ay isang pagtawag na wakasan na ang karahasan, isuko ang lahat ng armas at isang bagong eleksyon sa Disyembre 2001.

Nabuwag ang MEF at IFM pagkatapos ng Townsville subalit nanatili pa ring may hawak na armas mga lider ng military at maraming politico partikular ang malalakas na

---

1 Australian Government, "Solomon Islands country brief," Department of Foreign Affairs and Trade, updated August 2010.

2 UNDP, Human Development Index (HDI) 2010 rankings, http://hdr.undp.org/en/statistics

3 Government of Solomon Islands, *Solomon Islands Human Development Report 2002,* (Brisbane: University of Queensland Press, 2001), pp.21, 47, 91.

4 McGovern, Kieren and Choulai, Bernard, "Case Study of Solomon Islands: Peace and Conflict-related Development Analysis," Human Development Report Office, *Occasional Paper,* (New York: UN Development Programme, 2005).

kalibre ng armas na nakuha sa armory ng military. Tumaas ang krime kasama ang pangingikil, naging ordinary ang pagnanakaw at pananakit. Lumalala ang korapsyon, hindi naging epektibo ang estado at natigil ang industriya. Mas marami pang armas ang mga criminal kaysa awtoridad kung kaya humiling ng international military assistance ang Punong Ministro noong 2003. Sumang-ayon ang Pasipiko Islands Forum na suportahan ang isang rehiyunal na operasyon sa pagtataguyod ng kapayapaan na pinangunahan at pinondohan ng Australia at New Zealand. Ang Regional Assistance Mission sa Solomon Islands (RAMSI) ay nagsimula ng operasyon noong Hulyo 2003 na may 2200 pulis, sundalo at civilian staff mula sa saklaw ng mga bansa sa Pasipiko.

> Sa kabilang banda, dahil sa hindi makayanang panlipunan at pang-ekonomikong kalagayang dulot ng |mga tensyon, napagtanto ng mga kababaihan na nararapat lamang silang makisangkot sa pampublikong larang."

Ang pagbabago sa mga tradisyunal na gampanin ng mga kababaihan

Nakasanayan na ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga kababaihan ng Solomon Islands sa paglutas ng kaguluhan sa pamilya, tribo o komunidad, ngunit hindi sa saklaw ng pampublikong kaligtasan. Malinaw na ipina-pakita sa paghuhubog ng lipunan ang saklaw ng kababaihan tulad ng tahanan, halamanan at simbahan.[118] Sa kabilang banda, dahil sa hindi makayanang panlipunan at pang-ekonomikong kalagayang dulot ng mga tensyon, napagtanto ng mga kababaihan na nararapat lamang silang makisangkot sa pampublikong larang. Sa gitna ng armadong kaguluhan, pinasimulan nila ang mapayapang paraan ng pagtataguyod ng kapayapaan – pag-uusap, pakikinig, pagdara-sal, pagdadamayan, pagbabahagian ng pagkain – kung saan nagamit nila ang katungkulan bilang mga ina upang makipag-usap sa mga kalalakihang sundalo at sa iba pang mga kababaihan sa ibang bahagi ng bansa.

Pagkakaiba-iba ng mga samahan at gawaing pangkababaihan tungo sa kapayapaan

Binuo ang National Council of Women (isang samahan ng mga grupong pansim-bahan) noong dekada '80 upang paigtingin ang kanilang kamalayan sa karahasan sa pagitan ng asawa at pamilya. Sa panahon ng krisis, tahasang umapela ang NCW sa mga militante upang magdisarma, nagsagawa rin ng pormal na palitan ng pagkain sa pagitan ng mga kababaihan sa sentro at sa mga kababaihan sa labas ng Honiara; palitan ng bigas, asin, asukal at sabon para sa mga saging at gulay. Nangyari ito sa mga checkpoint kung saan sumama silang nagdasal at naghandog ng pagkain sa mga militante. Noong 2008, inanyayahan ng NCW ang gobernador-heneral, ang pinuno ng oposisyon at mga dayuhang

118 Webber, Katherine and Johnson, Helen, "Women, peace building and political inclusion: a case study from Solomon Islands," *Hecate* 34(2): 83-99, November (Brisbane: Hecate Press, 2008).

tagapamagitan sa isang gawang pansimbahan at pinakiusapan silang hikayatin ang dalawang magkaaway na grupo na isuko ang kanilang mga armas.[119]

Isa pang mahalagang samahan, ay ang Women for Peace, itinatag noong 2000, bunga ng krisis, sa paniniwalang *"nararapat na mag-ambag ang mga kababaihan sa gawaing pangkapayapaan gamit ang kanilang kakayahan bilang mga ina ng bansa."*[120] Ang Women for Peace (WFP) ay hiwalay na grupo ng mga kababaihan ng Guadalcanal at Malaitan na naninirahan sa Honiara; ang kapwa nila grupo, ang Guadalcanal Women for Peace ay binubuo naman ng mga kababaihang naninirahan sa labas ng kabisera.[121] Naging katuwang ng WFP ang mga pinuno, simbahan, samahang pangkomunidad, militanteng grupo, pamahalaang pambansa at mga nasa ibang bansa, kabilang ang kanilang mga gawain:[122]

- Pakikipagpulong sa dalawang militanteng grupo upang maipabatid sa kanila ang epekto ng kaguluhan sa buhay ng mga kababaihan at mga bata. Ang mga panauhin din mula sa WFP ay nagdasal, nagbasa ng Bibliya at nagbahagi ng pagkain sa mga militante, gayun din naman, sila ay naghandog ng mga 'payo mula sa mga ina'.
- Pakikipagpulong sa mga ministro ng gobyerno, matataas na opisyal at mga pulis.
- Pag-apela ng mga kababaihan para sa kapayapaan: isang pagsusumamo na binubuo ng 12 puntos, ipinakalat sa buong bansa na nananawagan sa mga tagapagpatupad sa lahat ng antas na kumilos upang wakasan ang krisis.
- Pagdalaw sa mga pamilyang napalayo dahil sa labanan at sa mga nasaktang biktima sa pagamutan, pagdadala ng pagkain, damit, sabon at lampin ng mga bata. Tulad ng NCW, nakipagpalitan din ang WFP ng pagkain at mga pangunahing pangangailangan sa mga kababaihan sa nayon na naglalayon na mapanumbalik ang kanilang tiwala sa sarili na mapalakas muli ang produksyon.
- Pakikilahok sa mga talakayan at kumperensiya, kabilang na ang National Peace Conference na binuo ng Solomon Islands Christian Association hinggil sa isang sasakyang pandagat ng New Zealand.

---

119 Weir, Christine, "The churches in Solomon Islands and Fiji: Responses to the crises of 2000," *Development Bulletin 53,* November, (Canberra: Australian National University, 2000), p.50. Pansinin: Ang kasalukuyang Presidente ng NWC, na si Hilda Kari, ang siyang tanging babae na nahalal sa parliyamento sa Solomon Islands, mula 1989 to 1997.

120 Pollard, Alice (2000), p.10.

121 Paina, Dalcy Tovosia (2000), p.48.

122 Pollard, Alice (2000), pp.11-12.

- Pagdalaw sa mga komunidad ng Malaita at mga probinsiya ng Gudalcanal kung saan pinapayuhan ang mga magulang na iiwas ang kanilang mga anak sa mga militanteng grupo. Binigyang-diin ang pangangailangan ng mga komunidad na tanggapin at muling pakisamahan ang mga mandirigma sa oras na sila ay magsibalik.
- Pakikilahok sa ilang mga usapan hinggil sa tigil-putukan sa pagitan ng pamahalaan, ang MEF at ang IFM. Ito ang pagkakataon kung kailan halos nangyaring nakaupo ang mga kababaihan sa negosasyon.

Ang mga hakbanging ito ng mga kababaihan ay tinitingnan bilang paglalapat ng isang makapagpapabagong representasyon ng aktibismo hinggil sa karapatang pantao at pagpapanumbalik ng katarungan. Sinikap nila na magkaroon ng pag-uusap at iginiit ang pagpapatupad sa karapatang pantao sa halip na magbigay-diin sa mga pang-aabuso. Makatutulong ang paraang ito sa pangmatagalang pag-iwas sa pamamagitan ng pagpapaunti ng mga maaaring pagmulan ng karahasan, pagpapalaganap ng pinagmumulan ng katarungang panlipunan at karapatang pantao, at higit na pagpapalakas ng kaligtasan sa buong komunidad.[123]

Kinikilala ngunit hindi pa rin kasama

Malawakang kinikilala ang pagpupursigi ng mga kababaihan sa panahon ng tensyon bilang mahalagang bagay sa pagpapatigil ng kaguluhan at paghahanda para sa kapayapaan. Subalit sa mga pagkakataon ng usapang pangkapayapaan, sila ay binabalewala. Nakilahok ang mga samahan ng kababaihan, simbahan at mga grupong panlipunang sibil sa mga usapin ukol sa tigil-putukan noong Hunyo at Hulyo 2000. Gayunpaman, napagkasunduan ang Townsville Peace agreement (TPA) noong Oktubre 2000 ng 143 kalalakihan na kumakatawan sa MEF at IFM gayundin ng mga pambansa at pamprobinsiyang pamahalaan. Sa pagpupumilit ng MEF, hindi isinama ang lahat ng mga grupong panlipunang sibil.[124] Dahil dito, ang kasama lamang sa usapan ay ang mga gumagawa ng gulo at hindi ang mga nagtataguyod ng kapayapaan.

Tinukoy ni Dr Alice Pollard, isa sa mga bumuo ng Women for Peace ang tatlong pinagmumulan ng kapangyarihan sa paglutas ng kaguluhan. Una, naniniwala

123 Snyder, Elizabeth, "Waging Peace: Women, Restorative Justice, and the Pursuit of Human Rights in the Solomon Islands," *Refugee Watch 34,* December (Kolkata, India: Mahanirban Calcutta Research Group, 2009), p.74.

124 Fraenkel, Jon, *The Manipulation of Custom: From Uprising to Intervention in the Solomon Islands,* (Wellington: Victoria University Press, 2004), pp.98-99.

Mga residente habang naghahanap ng mga delatang pagkain na maari pang magamit sa isang napinsalang tindahan sa Chinatown sa Honiara, kung saan sampung porsiyento lamang ng mga gusali ang hindi nasunog kasunod ng mga riot at kaguluhan pagkatapos ng nasyonal na eleksyon, Abril 20, 2006. © AP Photo/Rob Griffith

siya na likas sa mga kababaihan ng Solomon Island na maging tagapagtaguyod ng kapayapaan, kaiba sa mga kalalakihan, sapagkat ang kanilang tungkulin sa paggawa ng pagkain, pagpaparami, gawaing pampamayanan at kaligtasang pampamilya ay nangangailangan ng pagtutulungan. Ikalawa, ang mga kababaihan ng iba't ibang tribo ay may kani-kanyang kapangyarihan upang mapahinto ang kaguluhan – halimbawa, mula sa mga Areare ng Malaita, maaaring tumayo ang isang babae sa pagitan ng dalawang magkalaban na grupo at sabihing, 'tama na, tigilan na ninyo ang pag-aaway, kapag hindi pa kayo tumigil matapos akong magsalita, para na ninyo akong tinapakan.' Isa itong makapangyarihang pahayag sapagkat sa kultura ng mga Areare ay hindi dapat madikitan o matapakan ng isang lalaki ang katawan ng isang babae lalo pa't mayroon silang relasyon, bilang kamag-anak man o asawa. Nararapat na tumigil sa pag-aaway ang magkabilang grupo kung nagsalita na ng ganito ang isang babae at inaasahan ang pagkakaayos ng dalawang grupo. Ang ikatlong salik ay ang Kristiyanismo, ang relihiyon ng karamihan sa mga taga-Solomons na kung saan ang Bibliya ay tumutulong sa kakayahang mamuno ng mga kababaihan sa paglutas ng kaguluhan.[125]

125 Pollard, Alice (2000), pp.9-10.

> “Ipinapalagay ng ilang mga analitikona ang marubdob na pagtitiwala sa esensyal na katangian ng babae bilang payapa ang nagdulot ng pagbabalewala sa kanila sa mga usaping pangkapayapaan – sapagkat ang kanilang kontribusyong kanilang naibabahagi ay pinahalagahan lamang bilang likas na katangian sa halip na mga aktuwal na kasanayan.”

Dahil sa imahe ng pagiging ina ng mga kababaihan, nagdulot ito upang sila ay maging tagapagtaguyod ng kapayapaan na higit na tinatanggap ng mga kalalakihan, sa pamamagitan ng pag-iwas na magkaroon ng suliranin dulot ng hindi pantay na kapangyarihan. Sinabi ng isang babae na ang usapin sa pagkakapantay-pantay ng kasarian *“ay pinagtatawanan ng mga kalalakihan ng Guadalcanal. Para sa kanila, ito ay banta sa kanilang kapangyarihan sa mga kababaihan. Anumang samahang pangkababaihan, maliban sa mga may kaugnayan sa simbahan ay may negatibong dating para sa mga kalalakihan. . .”.*[126] Maging sa mga lugar na may matrilineal na paraan ng pag-aari ng lupa, ay mayroong mas mababang pagtingin sa kababaihan kumpara sa kalalakihan pagdating sa paggawa ng desisyon.[127] Ipinapalagay ng ilan na nagkaroon ng kamalian sa pagtingin na may angking kapayapaan ang mga kababaihan na nagdulot ng pagbabalewala sa kanila sa mga usaping pangkapayapaan – gayong hindi na ito gaanong napapahalagahan, tinitingnan na lamang bilang likas na katangian kaysa aktuwal na kasanayan.[128]

Pagbabagong naidudulot ng kaguluhan

Ang mga kaguluhan ay nagdudulot ng malaking pahirap sa mga kababaihan, ngunit sa ilang pagkakataon, ito rin ay nakapagpapabago sa pamamagitan ng pag-aantala ng ilan sa mga nakasanayan nang limitasyon sa kanilang mga gawain. Halimbawa, sa Rwanda, Burundi, Mozambique at Timor Leste, ang panahon matapos ang karahasan doon ay nagdulot ng higit pang pag-unlad

126 Paina, Dalcy Tovosia (2000), p.47.

127 Nelson, Gayle, “Review of the Gender Dimensions of Land-Based Conflict in the Pasipiko,” *Land Management and Conflict Minimisation Sub-Project 2.6,* Pasipiko Islands Forum Secretariat, 2007, p.16. Webber and Johnson, (2008).

128 Webber and Johnson, (2008).

ng kapangyarihang pampulitika ng mga kababaihan at pakikisangkot sa mga pampublikong usapin.[129] Ngunit ang pagbabagong ito ay hindi makikita sa Solomon Islands, isang patunay ang pagkabigo ng isang babae na makakakuha ng posisyon sa parliyamento noong 1997. (Lima pa sa mga bayan sa Pasipiko Islands – Tuvalu, Tonga, Palau, Nauru at Micronesia ay wala ring babae sa parliyamentaryo).[130] Bago pa man ang eleksyon noong 2010, isinulong na ng NCW at ng iba pang mas bagong grupong pangkababaihan tulad ng Vois Blong Mere ang pagtatalaga ng mga pwesto para sa kababaihan ngunit hindi ito sinang-ayunan ng kasakuluyang parliyamento. *"Ayon sa kanila, kinakailangan pa ng mas mahabang oras upang matalakay ang hinggil sa mga natatanging pamantayan para sa kababaihan,"* ayon kay Ethel Sigimanu, tagapagtaguyod ng karapatan ng mga kababaihan at ngayon ay permanenteng kalihim ng Ministry for Women, Youth and Children's Affairs. *"Sa kasalukuyan, sadyang mahirap para sa kababaihan na mahalal. Napaka-tradisyonal pa rin ng lipunan ng Solomon Islands, at walang ganoong kalaking pera ang mga kababaihan na kakailanganin sa kampanya sa eleksyon."*[131]

Sa mga unang taon ng misyon hinggil sa pagpapanatili ng kapayapaan ng RAMSI, hindi binigyan ng prayoridad ang mga kababaihan.[132] Noong 2006, pinuna ng mga peministang Australyano ang RAMSI sa hindi pagkakaroon ng yunit sa kasarian at sa hindi pagkakaroon ng ugnayan sa kababaihan ng Solomon Islands.[133] Gayun pa man, itinala sa RAMSI's 2009 Framework ang 'pagkakapantay-pantay ng mga kalalakihan at kababaihan' bilang isa sa mga prinsipyong pinangangatawanan nito, nagtataglay din ang pagpaplano ng mga bahagi sa pagsupil ng karahasan laban sa kababaihan at pagpapalkas ng pakikilahok ng mga kababaihan sa pamahalaan. Matatandaang noong 2008,

129 Whittington, Sherrill, "Women and decision–making in post-conflict transitions: Case Studies from Timor Leste and the Solomon Islands," Presentation to the Sixth Asya Pasipiko Congress of Women in Politics and Decision-Making, 10-12 February, (Makati City: Philippines Center for Asya Pasipiko Women in Politics, 2006).

130 Inter-Parliamentary Union, Women in national parliaments – Situation as of 31 December (2010). www.ipu.org/wmn-e/classif.htm. Accessed 22 January, 2011.

131 Ethel Sigimanu, isang pakikipag-usap sa telepono kay Rebecca Peters, 9 January 2011. Ang proposal ay para sa dagdag na 10 puwesto na siyang dapat nakapagdagdag ng kabuuang bilang ng mga puwesto sa parliamentaya sa 60 nang hindi naman binabawasan ang kasalukuyang bilang ng lalaking MP.

132 Whittington, Sherrill (2006).

133 Women's International League for Peace and Freedom, Australian section, "Inquiry into Australia's aid program in the Pasipiko," Submission to the Joint Standing Committee on Foreign Affairs, Defence and Trade, Human Rights Sub-committee, 14 June (2006). WILPF also said RAMSI had stopped representatives of the National Council of Women from entering the national parliament building where they were going as peacemakers.

kumuha ang RAMSI ng isang babaeng tagapayo na siyang nakakita ng bagong pag-uutos gaya ng paglalakip ng SCR 1325.[134]

Naghayag si Ethel Sigimanu ng isa pang positibong punto: nanindigan ang bagong halal na pamahalaan noong 2010 sa paglilinang ng isang National Action Plan on SCR 1325, humingi na rin ng tulong mula sa UN. Siya ay miyembro ng lupon ng Asya Pasipiko Advisory para sa SCR 1325 at ang local na grupong pangkababaihan na Vois Blong Mere ay bahagi ng kampanya sa buong Pasipiko para sa pagpapatupad ng resolusyon. *"Makakaasa lamang tayo na magdudulot ito ng mga pagbabago sa katayuan ng kababaihan sa usaping pampubliko sa Solomon Islands at maaaring sa susunod ay makakikita tayo ng babaeng mahahalal sa parliyamento."*[135]

134 Horiwapu, Lisa and Bhagwan Rolls, Sharon, "1325 Policy Document Paving the way for a SIG National Action Plan," *The Thirteen 25 Report, Fem'TALK MegaZine,* femLINKPASIPIKO, January (2010), p.18.

135 Ethel Sigimanu, isang pakikipag-usap sa telephone kay Rebecca Peters, 9 January 2011.

8. Nepal

Reecha Upadhyay

Ang taong 2010 ay isang mahalaga at magulong taon para sa prosesong pangkapayapaan ng Nepal. Ang itinakdang araw para sa pagsulat ng bagong Konstitusyon ay lumipas na at kinailangan pang iurong; mabagal ang progreso ng iba pang pangunahing gawain upang makumpleto ang proseso, partikular ang hinaharap ng mga dating nakipaglaban. Sa gitna ng lahat ng ito, ang politika ng identidad at mga etnikong pananaw ay lumakas. Dahil sa mga ito, kinailangang pinal na iurong ang pagtatapos ng misyon ng UN sa kalagitnaan ng Enero 2011.

Ang partisipasyon ng mga kababaihan sa prosesong pangkapayapaan ng Nepal ay patuloy na pawang mga kuwento lamang na walang mga nakamit o nawala.[136] Ito ay nagpapakita ng halimbawa kung paano ang mga kababaihan ay hindi napasasama sa pormal ng pagsusulong ng kapayapaan dahil sa pamunuan ng mga partidong politikal na kalahok sa usapang pangkapayapaan, habang patuloy na aktibo sa hindi-pormal na lebel. Ang mga partido sa mga usapang pangkapayapaan sa Nepal ay hindi kinabilangan ng mga kababaihan noong una; ang kanilang partisipasyon ay nadagdag na lamang. Bagama't mayroon din namang mahahalagang polisiya na naipaglaban, tulad ng nasasaad sa ibaba.

Ang Kaguluhan bilang Tagapagsulong ng kalayaan?

Upang maunawaan ang papel ng mga kababaihan sa prosesong pangkapayapaan, mahalaga na matukoy muna ang kanilang mga papel sa marahas na kaguluhan. Sa 'People's War' na tumagal ng dekada, at ipinaglaban mula sa

136 Tingnan Boyd, Sarah, *Women building peace. Locating agency and empowerment in rights-based approaches to women's community peacebuilding in Nepal,* Masters Thesis, (Melbourne: University of Melbourne, 2007); Baechler, Günther, 'A mediators perspective: women and the Nepali peace process', *Opinion Piece, Women at the Peace Table: Asya Pasipiko Opinion Series No. 1,* (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2010); Manchanda, Rita, 'Nepali Women Seize the New Political Dawn. Resisting marginalisation after ten years of war', *Opinion Piece, Women at the Peace Table: Asya Pasipiko Opinion Series, No. 3,* (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2010).

Box 7: Kasaysayan ng Kaguluhan

Ouseph Tharakan, HD Centre

Noong 1990, isang malawak na koalisyon ng mga partido politikal kasama ang mga partidong makakaliwa, ang puwersahang nagpabagsak sa monarkiya upang iwan ang lubos na kapangayarihan sa pamumuno. Ginawa ang bagong konstitusyon kung kaya naging isang konstitusyunal na monarkiya ang Nepal. Gayunpaman, nang lumaon, pinagpalagay ng maraming makakaliwang grupo na ang bagong konstitusyon ay hindi rin nakasasapat at ito ay hinubog ng mga grupong panggitna na komunsulta sa mga miyembro ng lumang administrasyon. Ang pangunahing politikal na partido ay nasira ng pagpapangkat-pangkat at ng mga sumunod na mga taon ay kinakitaan ng kawalan ng politikal na istabilidad, mga alegasyon ng kalat na korupsiyon, at limitadong panlipunan at ekonomiyang pag-unlad.

Noong Pebrero 4, 1996 ang Komunistang Partido ng Nepal (Maoist) ay naglabas ng memorandum na may 40 mga kahilingan na may kinalaman sa nasyunalismo, demokrasya at kabuhayan, kasama rin ang pag-alis ng mga pribilehiyo ng Hari at ang promulgasyon ng bagong konstitusyon. Hindi pinansin ng gobyerno ang mga kahilingang ito. Noong Pebrero 13, idineklara ng kilusan ng Maoist ang "People's War" sa Nepal na nagsagawa ng mga pag-atake sa pulis at mga instilasyon ng military sa anim na distrito sa kanlurang bahagi ng bansa. Ang rebelyon ng mga Maoist ay unti-unting lumakas at kanilang nakontrol ang malaki ring bahagi ng bansa, partikular ang mga lugar na rural.

Noong Hunyo 2001, binaril at pinatay ng Crown Prince ng Nepal ang siyam na miyembro ng kaniyang pamilya kasama ang Haring Birendra. Sumunod na umupo sa trono si Gyanendra, ang kapatid ng dating hari. Sa parehong taon, isinagawa ang unang tangka sa pag-uusap pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at mga Maoist, ngunit ang usapan at tigil-putukan ay bumagsak noong Nobyembre. Sa harap ng lumalalang karahasan at parliamentaryong *deadlock* tinanggal ng haring Gyanendra ang nahalal na gobyerno noong 2002 nahalal na gobyerno noong 2002 at namahala sa pamamagitan ng mga naitalagang Punong Ministro. Ang Parliamento ay nawala at ang mga nakaplanong eleksiyon ay nasuspinde. Noong Abril 2003, nagkaroon ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Maoist at Gobyerno na nasira din matapos ang tatlong pag-uusap. Noong 2004, kasunod ng mga protesta sa kalsada, pumili ang hari ng isa pang Punong Ministro na sinuportahan ng koalisyon ng apat na politikal na partido. Noong Pebrero 2005, inalis ng Hari ang gobyernong ito at siya ang muling direktang naghari sa bansa at ipinahayag na kailangan ito upang mas palakasin ang digmaan laban sa mga Maoist. Idineklara ang state of emergency at ang mga lider ng partidong politikal at civil society ay ikinulong. Dito nagkamali ang Hari, ang mga nahating politikal na partido ay nagsama-sama upang buuin ang Seven Party Alliance (SPA). Ang SPA ang pumasok sa pakikipag-usap sa mga Maoist at lumagda sa Twelve-Point Agreement noong Nobyembre 2005. Ito ang naglatag ng iisang bisyon para sa pagbuhay ng demokrasya at bigyang-daan ang pangmatagalang kapayapaan.

Noong Abril 2006, ang SPA sa suporta ng mga organisasyon ng civil society at ng mga Maoist ay nagmobilisa ng malawakang protesta at welga na sa kalaunan ay nagtulak sa Hari na ibalik ang Parliamento at ibigay ang kapangyarihan sa isang pansamantalang koalisyon ng gobyerno na binubuo ng SPA. Nagkaroon ng mga pag-uusap ang koalisyong

gobyerno at ang mga Maoist at sila ay nakarating sa serye ng mga kasunduan, na nagtapos sa paglagda sa Comprehensive Peace Agreement noong Nobyembre 2006 na siyang pormal na nagwakas sa mga kaguluhan.

Hinayaan ng CPA ang mga Maoist na makilahok sa popular na daloy ng politika at nagpasimula ng gawain para sa bagong serye ng eleksiyon upang buuin ang constituent assembly Ang mga sundalong Maoist ay dinala sa mga *cantonment* na minomonitor ng ispesyal na misyon ng UN, habang hinihintay ay pinal na desisyon kung paano sila isasama muli.

Ang eleksiyon ng Constituent Assembly ay idinaos noong Abril 2008 at nagresulta sa pagyanig ng istruktura ng politika kung saan ang mga Maoist ang lumalabas na nag-iisang pinakamalaking partido habang ang mga tradisyunal na partido politikal tulad ng Nepali Congress (NC) at ang Communist party Nepal (Unified Marxist-Leninist) CPN (UML) ay naging marginalisado. May mga bago ring nabuo dahil sa mga eleksiyon, mga partidong nakabase sa rehiyon tulad ng Madhesi Jana Adhikar Forum (MJF) at ang Terai-Madhes Democratic Party (TMDP) na naging mga actor din sa pangunahing daloy ng politika.

Pagkatapos, ang naging pokus ng mga politikal na gawain ay ang pagbubuo ng gobyerno sa halip na pagsusulat ng konstitusyon. Ang koalisyon ng gobyernong Maoist ay hindi nagtagal, at napalitan ng magkakasunod na di matatatag na koalisyon. Ang termino ng Constituent Assembly ay nadagdagan pa ng isang taon. Hindi umusad ang proseso ng integrasyon ng mga sundalong Maoist at nagtapos ang ispesyal na politikal na misyon ng UN noong kalagitnaan ng Enero 2011.

Ang nakakubling takot ng mga hindi-Maoist na partido ay kung patuloy na maging masigasig ang mga Maoist sa pagkuha ng estado at gawin ito sa pamamagitan ng pagbubuo ng gobyerno, pag-impluwensiya sa pagsulat ng konstitusyon, ang pagpapasok ng kanilang mga cadre sa sektor panseguridad at ang pagpapanatili ng mga armadong militia.

Ang pitong buwan na hindi pag-usad sa pamimili ng bagong Punong Ministro ay naresolba lamang noong Pebrero 2011 ngunit ang bagong gobyerno ay malayo sa pagiging matatag. May mga pagdududa kung matatapos ang pagsulat ng konstitusyon sa loob ng iniurong na takdang petsa. Ang hinaharap ng mga armadong cadre ng Maoist na nasa *cantonment* ay nananatiling hindi malinaw. Kung kaya kahit may kasalukuyang kapayapaan ito ay napakabuway at isang epektibong kooperasyon sa pagitan ng mga politikal na partido ang kailangan upang maipatupad ang mga probisyon ng CPA.

Tinatayang may 13 000 tao ang namatay dahil sa mga kaguluhan mula noong 1996 hanggang 2006.[1] Marami sa mga biktima ay sibilyan. Marami ring mga paglabag sa karapatang pantao at pagkawala na isinagawa ng magkabilang panig, na hindi na nalaman pa at naresolba.

---

1 United Nations Development Programme, Fast Facts – Nepal www.undp.org/cpr/whats_new/Regions/nepal.shtml. Accessed 21 February 2011. Nepal Advocacy Forum and International Center for Transitional Justice, "Across the Lines: the Impact of Nepal's Conflict on Women" (Kathmandu/New York: Nepal Advocacy Forum and International Center for Transitional Justice, December 2010). www.ictj.org/static/Publications/ICTJ_NPL_AcrosstheLines December2010.pdf. Accessed 21 February 2011.

Ang mga karahasang nakabatay sa gender, kasama ang mga seksuwal na karahasan ay karaniwang bahagi ng kaguluhan.[2] Malaking bahagi ng militar na sangay ng Maoist ay kababaihang sundalo, at ayon sa partido sangkatlo ng kanilang mga sundalo ay kababaihan.[3] Ngunit ang mga sundalong ito ay karaniwang naisasantabi sa mga pag-uusap kaugnay ng rehabilitasyon, at proseso ng integrasyon.[4] Ang mga panlipunan at politikal na aktibistang babae ay gumanap ng mahalagang papel sa kilusang pangmasa laban sa monarkiya noong 2006 ngunit halos hindi sila naka-katawan sa mga sumunod na mas-mataas na lebel ng negosasyon.

Isang malaking tagumpay ng kababaihan sa Nepal, ang pansamantalang konstitusyon na may mandatong nagtatakda na 33 porsyento ng mga representasyon sa Constituent Assembly ay dapat nakareserba sa kababaihan. Kung kaya, may 191 babaeng miyembro ang CA na may kabuuang miyembro na 601 (29 sa ilalim ng mayoryang sistema, 162 sa ilalim ng proporsiyonal na representasyon).[5] Matapos ang pangkalahatang eleksiyon ng 1999 kulang sa 6 na porsiyento o 12 sa 205 na mga kinatawan ay kababaihan.[6]

2 Nepal Advocacy Forum and International Center for Transitional Justice, "Across the Lines: the Impact of Nepal's Conflict on Women" (Kathmandu/New York: Nepal Advocacy Forum and International Center for Transitional Justice, December 2010). www.ictj.org/static/Publications/ICTJ_NPL_AcrosstheLinesDecember2010.pdf. Accessed 21 February 2011.

3 Integrated Regional Information Networks (IRIN), "Nepal: Reintegration challenges for Maoist female ex-combatants," 14 April (2010). www.irinnews.org/report.aspx?ReportId=88806. Accessed 21 February 2011.

4 Nepal Advocacy Forum and International Center for Transitional Justice (2010).

5 Inter-Parliamentary Union, PARLINE database on national parliaments – Nepal, Sambidhan Sabha (Constituent Assembly). www.ipu.org/parline/reports/2386_E.htm. Accessed 25 February, 2011.

6 Aryal, Mallika, "A Small Victory for Nepali Women," *Inter Press Service,* June 24, (2008). http://ipsnews.net/news.asp?idnews=42933. Accessed 25 February, 2011.

> ". . . ang mga ordinaryong kababaihan mula sa nayon na sumapi sa Hukbong Maoist ay natuto ng bagong 'bokabularyo ng liberasyon' na siyang nagtulak sa kanila upang maging kritikal sa mga tradisyunal na papel ng kababaihan."
>
> UN Development Programme, 2010

bahaging rural ng bansa, maraming mga kababaihan ang nakipaglaban sa magkabilang kampo at kanilang ginampanan ang pagsuporta sa People's Liberation Army (PLA). Habang di matiyak ang aktuwal na dami tinatayang nasa 20 porsiyento hanggang 40 porsiyento ng PLA ang babae[137] (mahirap malaman ang tunay na dami ng mga sundalong PLA dahil sa mga ulat na sila ay nagsagawa ng pwersahang pagpapasanib ng mga bata at kabataan).[138] Ang mga babae sa hukbo ng Nepal ay nasa 2 porsiyento lamang ng buong pwersa.[139] Ang mga kababaihan ay opisyal na sumanib bilang mga sundalo sa Maoist PLA at nagbigay din ng suporta sa PLA sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain at tirahan, at proteksyon sa PLA sa pamamagitan ng hindi pagsusumbong ng kanilang mga pagkilos sa pwersang panseguridad ng estado.[140]

Para sa mga kababaihan sa rural na bahagi ng Nepal, nakapagbigay ng oportunidad ang PLA upang sila ay mas makita at mapalakas, at maging kabahagi sa pagtatamo ng pagkakapantay-pantay at hustisya.[141] May 87 porsiyento ng mga kababaihang Nepali ay nakatira sa mga lugar na rural at bumubuo sa malaking proporsiyon ng rural na populasyon kumpara sa mga kalalakihan.[142]

---

137 Ariño, María Villellas, *Nepal: a gender view of the armed conflict and the peace process,* Peacebuilding Papers, Quaderns de Construcció de Pau No. 4, School for a Culture of Peace (Barcelona: Escola de Cultura de Pau, 2008, June), p.8.

138 Tiwari, Chirtra K., *Maoist Insurgency in Nepal: Internal Dimensions, Paper 187,* (India: South Asya Analysis Group, 2001). www.southAsyaanalysis.org/papers2/paper187.htm. Accessed December 12, 2010.

139 Nepal Army, "Women in Nepalese Army." www.nepalarmy.mil.np/wia.php. Accessed December 12, 2010.

140 Leve, Lauren, "'Failed Development' and Rural Revolution in Nepal: Rethinking Subaltern Consciousness and Women's Empowerment," *Anthropological Quarterly,* Vol 80, Number 1, (Washington: George Washington University, 2007), pp.127-172.

141 Yami, Hisila "Women's Role in the Nepalese Movement: Making a People's Constitution," *Monthly Review,* (2010). www.monthlyreview.org/comment.php. Accessed December 12, 2010.

142 Bhadra,C, Darshan Shrestha, Ava and Thapa, Rita, "On the edge: the impact of the insurgency on Nepali women," in Darshan Shrestha, Ava and Thapa, Rita (Eds.), The impact of armed conflicts on women in South Asya, (New Delhi: Manohar, 2007) p.107.

Ito ay magigiging mahalaga sa pagsiklab ng digmaan. [143] Ayon sa isang pananaw, "ang mga ordinaryong kababaihan mula sa nayon na sumapi sa Hukbong Maoist ay natuto ng bagong 'bokabularyo ng liberasyon' na siyang nagtulak sa kanila upang maging kritikal sa mga tradisyunal na papel ng kababaihan."[144] Sa isang bansa kung saan ang pag-aasawa at pagpapamilya ay sentral, ang digmaan ang nadulot ng mas maraming mga inang walang asawa at mga kababaihang puno ng kanilang mga tahanan, na siyang nagpabago sa tradisyunal na papel ng mga kababaihan at kalalakihan.

Aktibo sa Track 2, hindi kasama sa Track 1

Isang kritikal na salik kung paano nagkaroon ng papel ang Maoist sa People's Movement ay dahil sa masidhing panawagan para sa demokrasya ng mga taga-Nepal. Ang kalakasan ng panawagan ng mga Nepali para sa mapayapa at demokratikong Nepal ay makikita sa kanilang mga pampublikong protesta, matapos ng mga pangyayaring nagbunsod kay Haring Gyanendra na buwagin ang Parliamento noong Mayo 2002, at matapos ang pagkilos laban sa mga sumasalungat noong Pebrero 2005 kung saan may mga ipinakulong na lider politikal. [145] Ang pagkilos para sa demokrasya na nilahukan ng lahat ng klase ng tao kasama ang mga kababaihan, ang siyang nagtulak sa Seven Party Alliance (SPA) at ang mga Maoist upang lagdaan ang Comprehensive Peace Agreement (CPA) noong Nobyembre 2006. Sa kabila ng iba't ibang pinanggagalingang ng mga sumusuporta sa demokrasya, ang nasa likod na negosasyon sa pagitan ng ilang mga elitistang lider politikal at ang pamunuan ng Maoist ang siyang susi sa pagsusulong ng CPA noong 2006. [146]

Bago pa ang kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng SPA at rebeldeng Maoist, ang mga babaeng Nepali ay aktibo nang nakikilahok sa pagsusulong ng katahimikan sa mga lugar na apektado ng digmaan sa lebel ng komunidad at pinakamababang antas ng lipunan. Ang network o samahan ng mga pangkababaihang organisasyon ay binuo upang humingi ng katahimikan at bigyang wakas ang mga karahasang may kinalaman sa gender. Halimbawa, ang Shanti Malika ('Babae ng Kapayapaan') ay isang network ng organisasyon

143 Ariño, María Villellas, (2008), p.7.

144 UN Development Programme Regional Centre for Asya, *Power, Voice and Rights: A Turning Point for Gender Equality in Asya and the Pasipiko,* (India: Macmillan, 2010), p.99.

145 Para sa Pagkakasunod-sunod ng mga pangunahing pangyayari sa Nepal Kasaysayan nito tingnan ang British Broadcasting Corporation, Timeline: Nepal, updated 17 February 2011. http://news.bbc.co.uk/2/hi/south_Asya/1166516.stm. Accessed February 25, 2011.

146 Para sa kopya ng CPA tingnan ang www.unmin.org.np/downloads/keydocs/2006-11-29-peace_accord-MOFA.pdf. Para sa kopya ng pansamantalang Konstitusyon tingnan ang www.unmin.org.np/downloads/keydocs/Interim.Constitution.Bilingual.UNDP.pdf

ng mga kababihan na nagpalakas ng pakikisangkot ng mga kababaihan sa pagsusulong ng kapayapaan, nagpalakas sa kanilang ekonomikal at sosyal na kalagayan, at tinugunan ang problema ng karahasan na pinasimulan kapwa ng mga Maoist at pwersang panseguridad ng estado. Pinagsama ng network ang mga kababaihan mula sa magkakaibang politikal na partido upang hilingin na ang kanilang mga boses ay marinig sa mga negosasyon at prosesong pangkapayapaan.

Sa oras na magsimula na ang pormal na prosesong pangkapayapaan, ang mga kababaihan ay karaniwan nang nasasaisantabi mula sa mga 'pormal' na usapang pangkapayapaan kung saan ang negosasyon ay sa pagitan na lamang ng mga elistista sa SPA at sa pamunuan ng Maoist. Nagkaroon ng mga kritikal na yugto ang prosesong pangkapayapaan ang Nepal: ang usapang pangkapayapaan noong 2001 na bumagsak; ang ikalawang tigil-putukan na napagk asunduan noong Enero 2003 at ang mga usapan noong Agosto ng taong iyon, na siyang naghudyat sa pagwawakas ng pahinga ng labanan; ang unilateral na tigil-putukan noong Setyembre 2005 ng mga Maoist na hindi tinugunan ng gobyerno (na noon'y kontrolado ng hari), na nagtulak sa mga Maoist na makipagnegosasyon sa mga politikal na partido na

Kumokontra sa monarkiya at sumasang-ayon sa "Twelve Point Agreement" na inilabas ng Nobyembre.[147] Pagkatapos ay bumuo sila ng alyansa laban sa monarkiya at nagkasundo sa isang mas malawak na balangkas para sa prosesong pangkapayapaan; at nitong Abril 2006, isa pang tigil-putukan at usapang nagresulta sa pagkakalagda ng CPA noong Nobyembre. Walang kahit na isang babaeng negosyador o kinatawan sa kahit na alin sa tatlong yugto, maliban kay Anuradha Koirala na noo'y *Assistant Minister for Children and Social Welfare*, bagama't naging limitado sa pagkuha ng tala ang kanyang naging papel sa mga usapan noong 2003. Ang mga problemang may kinalaman sa gender ay hindi mahalagang isyu kapwa sa 2001 at 2003 na serye ng mga usapan. [148] Ang mga isyu ng karapatang pantao ay bitbit ng mga NGO ngunit hindi ito naging bahagi ng agenda para sa mga pormal na pag-uusap hnggang 2006. Ang mandato na dapat ay isangkatlo ng mga kinatawan ng Constituent Assembly (CA) at ng mga Komite ng Kapayapaan sa lebel ng distrito ay kababaihan, ay isang mahalagang resulta ng maraming politikal na pag-uusap na ginanap noong 2006, na itinulak ng masidhing advocacy mula sa grupo ng kababaihan.[149]

147 Matapos ang isang buwan na ekstensiyon ng unilateral Maoist ceasefire noong Disyembre, Bumalik sila sa pakikipaglaban at ang target ay ang gobyerno. (na kontrolado pa rin ng hari).

148 Komunikasyon sa pagitan nina Reecha Upadhyay and Bandana Rana, President ng Saathi, Kathmandu, February 15, 2010. Ang focus ng Saathi ay ang karahasang nakaugnay sa gendera at ito ay mahalagang actor sa pagsulong ng SCR 1325 NAP para Nepal.

149 Local Peace Committees Terms of Reference, p.2, article 3.2 www.peace.gov.np/uploads/Publication/LPC-ToR-Eng-%202065-10-20.pdf. Accessed 18 February 2010.

Box 8: A Pananaw ng isang Tagapamagitan

Ambassador Gunther Baechler, dating Swiss Special Adviser para sa Pagsusulong ng Kapayapaan sa Nepal sa pagitan ng 2005-2007

Sa panahon ng prosesong pangkapayapaan sa Nepal noong 2006, isang grupo ng 24 na kababaihan ang napili para sa pagsasanay sa *Track one and a- half* na negosasyon at pamamagitan sa ilalim ng rubrik ng "Women to the negotiation table" o "Kababaihan sa hapag ng Negosasyon." Kasama sa mga paksa ay kung paano mahusay na makikilahok sa negosasyon, pakiki-*bargain*, istilo at pamamaraan ng negosasyon, ang proseso ng pamamagitan, *role-play* ng pamamagitan, pagpapalakas ng papel ng kababaihan sa loob ng politikal na partido at proseso, at kung paano makarating sa lamesa ng negosasyon.

Tinalakay din ng mga kalahok ang mga isyung nakalatag sa usapang pangkapayapaan, at ang kumplikadong kalikasan ng konstitusyunal na pagbabago. Sila ay nagsulat ng "*Charter for Equality*"

O "Charter para sa Pagkakapantay-pantay" na naindorso ng isang pambansang kumperensiya ng kababaihan. Ang charter ay bahagi na ngayon ng gawain ng Constituent Assembly. *Itinaguyod ng Gobyerno ng Swiss* ang *South Asyan Conference on Violence against Women in Politics;* kanila ding sinuportahan ang mga palihan ng mga kababaihang nakikilahok sa federalism at sa reporma sa estado ng Nepal. Sa mga seminar sa Switzerland tungkol sa federalismo, siniguro ng mga tagapag-organisa na 50 porsiyento ng partisipasyon ay kababaihan upang bigyang diin ang kahalagahan ng aktibong pagsasama ng kababaihan. Ngayon ang Constituent Assembly ay may mahigit na sa 30 porsiyentong kababaihan.

Ang aming pamamaraan bilang tagapagpadaloy ay ituring ang mga kababaihan na mga ahente ng pagbabago, at maaari kong sabihin na ang aming mga gawain ay nakapagbuo ng kumpiyansa sa panig ng kababaihan at ito ang nakatulong upang maging mas makapangyarihan, mas mabisa, at mas mahirap ipagwalang bahala ng mga kalalakihang nakaluklok, ang kanilang mga advocacy at teknikal na kontribusyon.

Ang mga pagsisikap na magbukas ng lugar para sa civil society at sa mga babae, ay ipinaliwanag pa ni Sharada Jnawali:

> "[a] ang track 1.5 na proseso ay sinimulan noong 2005: Nepal Transition to Peace Initiative (NTTP). Ang ideya ay lumikha ng isang lugar para sa impormal na pag-uusap kung saan ang pitong pangunahing partidong politikal at mga kinatawan ng civil society ay makapag-uusap ng kanilang mga pagkakaiba bago gumawa ng mga pormal na desisyon… Hindi ito itinututring na isang prosesong pangnegosasyon na inaasahang humantong sa pagkakasundo, bagkus ay bilang isang konsultasyon kung saan maaaring makabuo ng bagong mga saloobin at maging batayan ng teknikal na kaalaman at inspirasyon para sa mga partidong sangkot. Ito ay isang proseso ng pagpapadaloy sa halip na pamamagitan . . . Nakagawa ang NTTP ng ilang mga mahahalagang kontribusyon . . . Ito rin ang sumuporta sa pagkatatag ng *Women Peace Building Network* na binubuo ng 11 malalaking asosasyon, na karaniwang may mga karanasan sa pag-unlad, at may malawak na kasapian sa bansa. Sinubukan nitong kumilos ng pahalang sa pagitan ng tracks 1, 1.5 at 2 upang bumuo ng lokal na kapasidad para sa kapayapaan."[1]

1 Sjnawali, Sharada, "The Nepal Transition To Peace Initiative and the Women Peace Building Network: an effective way to include women?," HD Centre Peacetalks blog post, 8 February (2011).

Sa wakas, pwesto ng kababaihan sa Constituent Assembly. May boses din kaya?

Noong Enero 2007, matapos malagdaan ang CPA, isang pansamantalang gobyerno ang itinatag ng SPA at ng Maoist (pormal na kilala bilang Communist Party of Nepal Maoists o CPN-M) upang maghanda para sa mga eleksiyon ng CA. Binuo ang isang Komite na may 16 na kasapi, na susulat ng Pansamantalang Konstitusyon, apat diot ay babae,.. Ang Komiteng ito ay naglagay ng mga probisyon na nagsusulong sa mga karapatan ng kababaihan na dating hindi naprotektahan tulad ng pagbibigay ng karapatan ng pagkamamamayan sa mga bata sa pamamagitan ng kanyang pinagmulan sa bahagi ng ina man o ama. Sa pansamantalang konstitusyon, makikita ang mas siguradong karapatan ng mga kababaihan sa trabaho, ang karapatan ng mga inang walang asawa at biyuda, at pinakamahalaga sa lahat ang sangkatlong representasyon ng kababaihan sa Constituent Assembly at iba pang mga institusyon. Ang pagsusulong ng karapatan ng kababaihan sa ilalim ng IC at nang lumaon sa bagong konstitusyon (kasalukuyang sinusulat at dapat matapos sa Mayo 2011) ay bunga ng dalawang kritikal na mga salik: ang lakas ng kilusan ng kababaihan sa Nepal at ang retorika (at sa isang banda ay implementasyon) ng pagkakapantay –pantay sa kilusan ng Maoist at PLA. Naninindigan ang pamunuan ng Maoist ng kahalagahan ng pagkakapantay-pantay ng kababaihan at humihingi ng pagwawakas sa piyudal at patriarchal na istruktura ng lipunang Nepali. Ang gobyerno ng Maoist, sa pagpasok sa popular na politika, ay nagpatuloy na tagapagtaguyod ng karapatan ng kababaihan at hustisyang panlipunan na nagtulak sa mga nakapaloob na probisyon sa IC kaugnay ng gender, caste at pagkakaibang etniko sa Nepal.[150] Ngunit kung ano ang ibig sabihin nito sa tunay na proseso ay kailangan pang makita. Tulad ng sinabi ng isang tagamasid, “ang karapatan ng kababaihan ay naging isang kasangkapan sa kompetitisyon sa pagitan ng mga politikal na partido, na determinado na maunahan ang bawat isa sa mata ng internasyunal na komunidad.[151]

Ang isang mahalagang mandato ng pansamantalang gobyerno ay ang magtakda ng eleksyon ng CA at bumuo ng pansamantalang konstitusyon. Ang eleksiyon ng CA noong Abril 2008 ay isang mahalagang pangyayari sa demokrasya ng bansa. Ang pananagutan ng IC sa pagdadala ng kababaihan ang nagbigay ng kasiguruhan na ang kababaihan partikular iyong mga nanggaling sa marginalisadong komunidad, ay makakapasok sa lugar ng politika kung saan

150 Tamrakar, Tek, *Nepal Interim Constitution 2007 and New Constitution: Social Inclusion,* Nepal Dalitinfo, March 1, (2007) http://nepaldalitinfo.net/2007/03/04/198/. Accessed December 12, 2010.

151 Diskusyon sa pagitan nina Cate Buchanan, HD Centre, and anonymous Nepali, Sydney, July 8, 2010.

Isang babae ang sumisigaw ng slogan sa isang protestang sibil laban sa mga kalupitan ng mga rebeldeng Maoist, sa harap mismo ng bahay ng Prime Minister ng Nepal, Oktubre 12, 2006. Sinikap ng mga negosyador na matapos ang mga huling yugto ng kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng mga rebeldeng Maoist ng Nepal at ng pamahalaan noong Huwebes, ilang oras bago ang pagpapatuloy ng pag-uusap sa pagitan ng mga lider. © Reuters/Gopal Chitrakar

sila ay tradisyunal na hindi nakabilang. Sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng bansa, ang mga babae ng Dalit ay tumatakbo para sa posisyong politikal. Matagumpay na nakapaghalal ang CA ng 33 mga babae, na kumakatawan sa maraming uri ng kababaihan. [152] Bagama't ang partisipasyon ay ang siya lamang unang hakbang. Binangggit ni Bandana Rana na ang mga nahalal na kababaihan ay nagiging biktima ng mga hindi magagandang salita ng mga kasamang kalalakihan, "Kayo ay mga naging kinatawan lamang dahil sa quota: kayo ay nariot upang making at matuto, at hindi upang magsalita."[153] Sa kabila ng mga balakid, ang mga organisasyong pangkababaihan tulad ng Didi Bahini at tumutulong sa mga nahalal na kababaihan upang mapahusay ang kanilang kakayahan. Nakipagtulungan din ang Didi Bahini sa Women's Caucus sa CA at

152 Jagarn Nepal, *Women Empowerment Bulletin, Women in First Republic Government,* (2010). http://jagarannepal.org/userfiles/images/news/2010/Feb/we%205th%20issue.pdf. Accessed December 12, 2010.

153 Presentasyon ni Bandana Rana, sa pulong ng CSDN/EPLO tungkol sa Women's Participation in Peace Processes, Brussels, November 23, 2010.

ang Inter-Party Women's Alliance. Ang dalawang forum na ito ang naging daan upang mapagsama-sama ang iba't ibang uri ng kababaihan na magsulong ng iisang layon.[154] Sa katotohanan, nakatutuwang banggitin na ang kilusan ng mga kababaihang Nepali, sa kabuuan ng bansa, ay pinaghihiwalay pa rin ng mga hamon ng uri at etnisidad. Ngunit ang pakikipaglaban para makapasok sa mga prosesong pangkapayapaan at ang paghalal ng mga kababaihan sa CA ang nagbigay sa kanila ng iisa at nagbubuklod na layunin kung kaya kanilang nalagpasan, kahit sa ilang panahon lamang ang kanilang mga pagkakaiba.

Ang mga eleksiyon ng IC at CA at ang pagsulat ng bagong konstitusyon ay mga mahahalagang hakbang sa prosesong pangkapayapaan sa Nepal. Ngunit ang katahimikan sa Nepal ay hindi pa lubos na nakakamit. Ang politika ng Nepal ay nagulo sa pagbaba ng nahalal na lider ng Maoist na si Pushpa Kamal Dahal; ang pagkamatay ni Girija Prasad Koirala (lider ng Nepal Congress Party at mahalagang personahe sa pagsusulong ng kapayapaan); at ang hindi kumpletong DDR at ang kinakailangang prosesong pagbabago sa sektor ng seguridad. Dagdag pa sa mga politikal na dibisyon sa sentral na gobyerno, ang mga pagaaway sa pagitan ng rehiyunal at etnikong grupong politikal ay nagpatuloy sa maraming bahagi ng bansa. Habang nagsisikap ang Nepal na buuin ang prosesong pangkapayapaan, ang mga isyu ng hustisya, pagbabayad pinsala at rekonsilyasyon (lalo na sa mga dumaan sa mga karahasang may kinalaman sa gender sa kamay ng pwersang panseguridad ng estado at ng PLA) ang mga pagbabago sa sektor ng seguridad ay mahalaga upang maseguro ang inklusibong demokrasya.

UN Security Council Resolution 1325 sa Nepal

Ang mga pagpupunyagi ng mga kababihang tagapagsulong ng kapayapaan sa Nepal, at ang gamit ng SCR 1325, ay nanatiling nasa tabi lamang sa mga pormal na proseso hanggang sa pagkabuo ng bagong gobyerno noong 2006. Halimbawa, noong 2006, ang Institute of Human Rights Communication Nepal ay bumuo ng mga kampanya tulad ng Community Women Peace Volunteers sa limang distrito upang itaguyod ang monitoring ng mga karahasang nakaugnay sa gender sa mga distrito ng *cantonment*. Bagama't maraming maliliit na inisyatibo na karaniwang nasa lebel ng polisiya (na pinamunuan ng koalisyon ng mga NGO na nakabase sa Kathmandu at ahensiya ng UN) na walang mekanismong nag-uugnay sa pambansa at lokal na lebel.

154 Pag-uusap sa pagitan nina Reecha Upadhyay and Saloni Singh, Executive Director of Didi Bahini, Kathmandu, May 15, 2010.

> Kung hindi sa pagkakataong makapagsulong ng advocacy na nasasaad sa mandato ng 1325, sa harap ng patriarchal na istruktura at kawalan ng kagustuhang politikal, ang mga nangyayari sa Nepal ay hindi magaganap nang kasimbilis ng mga pangyayaari ngayon. Ang 1325 ang nagbigay daan para magkaroon ng mas malawak na pag-uusap sa pinakamataas na antas ng paggawa ng polisiya."
>
> Bandana Rana, 2010

Nakapagpatupad na ang Nepal ng isang mahalagang element ng SCR1325, ang inklusiyon ng kababaihan sa parliament at sa mga proseso nito sa pagdedesisyon. Sa pagsesegurong 33 porsiyento ng CA ay kababaihan, umabante ang Nepal sa pagpapasok ng usapion ng pagkakapantay ng gender at ng mga pangangailangan ng kababaihan sa bagong konstitusyon. Kung paano ito makakatulong sa karapatan ng kababaihan ay kailangan pang makita, dahil hindi lahat ng mga kababaihan sa parliamentarya ay may kaalaman sa usapin ng gender o sa interesado sa pagsusulong sa mga ito- gaya ng kawalan ng interes ng maraming kalalakihan dito.

Ang mga internasyunal na kalakaran tulad ng 1325 ay malamang magkaroon ng mahalagang papel sa pagmobilisa sa panahon ng matapos makamit ang kapayapaan: "Dahil sa ito ay isang internasyunal instrumento, napataas nito ang estado ng mga kahilingan, sa dati'y kadalasang hindi pinapansin."[155] Noong Oktubre 2010, ang SCR 1325 *High Level Steering Committee* na pinamumunuan ng Katuwang ng Punong Ministro ay nag-endorso sa Nepal 1325 at sa 1820 *National Action Plan. Ito ay resulta ng* dalawang taon na proseso na sinimulan noong 2008 ng mga ahensiya ng UN at miyembro ng *Peace Support Working Group (PSWG).*[156] Nitong Pebrero 2011, pinagtibay ng gobyerno ang plano, kung kaya ang Nepal ang naging unang bansa sa Timog Asya na gumawa nito. Sa pagbubuo ng NAP, nakatulong ang Nepal upang magkaroon ng mga lugar para sa pag-uusap at instrumento sa gobyerno upang

155 Ariño, María Villellas, (2008), p.11.

156 Ang PSWG ay isang consortium ng mga ahensiya ng UN, bilateral and multilateral donor na nagsusulong ng implementasyon ng SCR 1325 sa Nepal mula pa noong 2007.

maisagawa ang pangako nito na isang balanseng pamamaraan ng pagsusulong ng kapayapaan para sa mga gender. Sa repleksiyon ni Bandana Rana, miyembro ng komiteng sumulat ng draft ng NAP," Kung hindi sa pagkakataong maka-pagsulong ng advocacy na nasasaad sa mandato ng 1325, sa harap ng patriarchal na istruktura at kawalan ng kagustuhang politikal, ang mga nangyayari sa Nepal ay hindi magaganap nang kasimbilis ng mga pangyayaari ngayon. Ang 1325 ang nagbigay daan para magkaroon ng mas malawak na pag-uusap sa pinakamataas na antas ng paggawa ng polisiya.[157]

Ang hinaharap

Ang CPA at ang proseso ng pagsusulat ng konstitusyon sa Nepal ay mga makasaysayang hakbang sa pagkakaroon ng inklusibo at demokratikong republika. Ngunit may may seryosong hamon sa prosesong pangkapayapaan kasama ang pagpapasok ng mga miyembro ng PLA na natitira pa sa mga *cantonment* sa pambansang hukbo na isang mahalagang hakbang para sa prosesong pangkapayapaan. [158] Ito ay isang partikular na problema ng mga babaing sundalo at kanilang mga taga-suporta na dumaranas ng *stigma* o kasiraang-puri na iba sa kanilang mga kasamahang kalalakihan, kapag sila ay bumalik na sa mga dating komunidad at sila ay karaniwang hindi na lumalahok sa proseso ng beripikasyon. Mayroon din silang mga partikular na pangangailangan katulad ng pagkakaroon ng trabaho o pagkakamit ng mga serbisyong panlipunan. Ibig sabihin, mahalaga ang mga bagong mekanismo na nasasaad sa IC at Nap ay maipatupad upang maseguro na may sapat na pagtutuon sa gender, caste at pagkakaibang etniko sa DDR at proseso sa reporma sa mga sistemang pan-seguridad. Ang mga nakapasok nang miyembrong kababaihan ng PLA ay dapat mabigyan ng pantay na oportunidad upang masanay at makapasok na rin sa pambansang sektor ng seguridad sa lebel ng gumagawa ng desisyon, at nangangailangan ng dedikadong teknikal na suporta at ang kinakailangang pondo. Ang proseso ng rekonsilyasyon sa mga kababaihang nakaranas ng karahasang nakaugnay sa gender ay dapat maisalugar bago pa man sila muling mapahalo, at ispesyal na atensiyon ang dapat maibigay upang maseguro na ang mga kababaihang nakilala na bilang mga nakipaglaban ay hindi nasa peligro ng karahasan sa kanilang komunidad.

Ang isa pang mahirap na hamon para sa mga babaeng Nepali ay kung paano maseseguro na ang tagumpay sa representasyon ay maisasalin sa mga

157 Pag-uusap sa pagitan nina Cate Buchanan, HD Centre and Bandana Rana in Kathmandu, July 15, 2010.

158 Guruswamy, Menaka, "Integration of the Army and the New Constitutionalism in Nepal," *Economic and Political Weekly,* February 27, (2010).

bagong oportunidad na mapasok ang mga kababaihan mula sa pinakamababang antas ng lipunan sa politika sa unang pagkakataon. Kinakailangang magkaroon sila ng sapat na kasanayan upang tunay na makalahok sa sa isang tradisyunal na patriarkal na sistemang politikal. Ibig sabihin, mahalaga para sa mga organisasyon tulad ng Didi Bahini at Jagaran Nepal na maipagpatuloy ang kanilang mga pagsisikap na magsanay at makipagtulungan sa mga miyembro ng CA upang makapagsulong ng pagpapahusay ng kakayahan, pagkakapantay-pantay ng gender at mga institusyunal na istrukltura ng inklusibong demokrasya habang umuunlad ang bansa.

Kasabay ng mga hamong ito, marami ring mga oportunidad habang umuunlad ang Nepal. Ang mga oportunidad para sa mga kababaihan ng pumasok sa politika ay makakatutulong upang umusad ang usapin sa pagkakapantay ng gender sa lokal at pambansang agenda. Ang sapat na pagsasanay para sa mga kababaihan upang makapasok sa politika at mga istrukturang susuporta sa mga babaeng politiko, ay mahalaga upang maseguro na ang mga kababaihan ay makabuluhang makapag-aambag sa proseso ng pagbuo ng kapayapaan sa bansa. Ang mataas na lebe l ng internasyunal na interes at sigasig sa NAP ay dapat na samantalahin at isalin sa isang matatag na politikal at piskal na denominasyon ng mga tagapagsulong ng 1325 sa loob at labas ng Nepal upang maging makatotohanan ang kanyang implementasyon.

Tungkol sa Awtor: Si Reecha Upadhyay ay nagtataguyod ng pagkakapantay ng gender sa mga isyu ng kapayapaan at seguridad mula pa noong 2001. Noong 2002 siya ay naging miyembro ng unang board ng Nepali Women's Global Network, ang network ng mga kababaihang Nepali na masidhing nagsusulong ng pagkakapantay ng gender sa mga kababaihan ng Nepal at sa mga usapin ng diaspora. Sa kasalukuyan, si Reecha ay isang independiyenteng consultant at katuwang ng Jamun Media Collective sa New Delhi.

9. Mga Mungkahi

Batay sa mga aktuwal na karanasan na inilarawan sa itaas ng mga kalahok sa prosesong pangkapayapaan kasama ang mga tagapamagitan, tagapagpadaloy, partidong magkaaway, mga tagamasid at taga-analisa, ang HD Center ay nagbibigay ng mga istratehiko at praktikal na suhestiyon kung paano mas mapapaganda ang resulta ng prosesong pangkapayapaan sa pamamagitan ng mas pinaigting na partisipasyon ng kababaihan at ang pagsasama ng mga perspektibo at prioridad ng gender.

Ang pag-analisa ng gender ay isang teknikal na kasanayan – isama ito nang ganito:

Ang mga tagapamagitan ay magdadala ng mga eksperto sa mga isyu tulad ng paghahati ng kapangyarihan, usapin kaugnay ng awtonomiya, seguridad at pagbawas ng karahasan at gayundin ang eksperto sa gender. Iimbitahin ang eksperto sa gender nang maaga at siya ay makikilahok sa lahat ng lebel ng proseso ng kapayapaan. Maaari silang magbigay ng payo, suporta at magbigay ng pagsasanay kung kinakailangan para sa lahat ng kasangkot at kasama sa mga partidong may away at mga ikatlong partido. Kanilang tinitingnan hindi lamang ang nilalaman ng karahasan at kasunduang pangkapayapaan kundi pati na rin ang proseso at ang produkto nito (agenda, posisyong papel, sinulat na kasunduan, at iba pang mahalagang dokumento). Dapat ring makakita ang mga kababaihan ng eksperto sa ibang usapin (konstitusyunal na pagbabag, seguridad at iba pa). Ang eksperto sa gender ay maaaring makapagbigay ng pagtatasa at payo kung paano makagagawa ng mga pagbabago kung kinakailangan at maitahi ang pamamaraan na sensitibo sa usapin ng gender sa mga ng pinal na kasunduan at implementasyon ng mga estratehiya- at upang magawa ito, kailangan nilang makapasok sa buong nasasakupan ng diskusyon at kasunduang pinag-uusapan (mahalaga sa kaso ng mga konpidensiyal na usapan). Ang mga ekspertong ito ay makakatutulong din sa mga tagapamagitan

at tagapagpadaloy upang sila'y makabuo ng mas malawak at mas malalim na konsultaasyon sa mga kababaihan/ grupo ng kababaihan sa mga lugar na may kaguluhan. Upang magkaroon ng ugnayan sa mga civil society, ang isang lokal na consultant sa halip na isang dayuhan ang pinagpapalagay na mas epektibo. Maaari ring kumuha ng internasyunal na tagapayo na magtatrabaho kasama ng lokal na eksperto.

Oryentasyon sa Gender:

Ang mga partidong magkaaway at ang ikatlong partido ay karaniwang humihingi ng oryentasyon sa maraming tema sa iba't ibang bahagi ng prosesong pangkapayapaan. Ang gender ay maaaring isang solong tema o isang isyu na kailangang isama sa iba pang oryentasyon, halimbawa ay mga problema sa gender na konektado sa distribusyon at pagmamay-ari ng lupa. Ang mga oryentasyong ito ay maaaring maglaman ng mga pananaw mula sa kababaihan at kalalakihan sa mga isyu ng gender sa lugar ng kaguluhan upang mas lalong maunawaan ang kasaysayan at kalikasan ng relasyon ng mga gender sa lugar, gayundin ang mga bagong hamon at mithiin na maaaring makamit sa iba't ibang clause ng kasunduang pangkapayapaan at istratehiya ng implementasyon.

Pagkomisyon at paghiling ng mga papel:

Ang ibang paraan upang makakuha ng input sa mga problema ng gender ay ang pagpapagawa ng mga teknikal na input at posisyong papel. Ang kinakailangang teknikal na input ay napakahalaga sa prosesong pangkapayapaan. Dapat makipag-ugnayan at sumuporta ang mga tagapagpadaloy ng prosesong pangkapayapaan sa mga organisasyon ng kababaihan upang kanilang isulat ang input ng prosesoi; halimabawa ang mga papel tungkol sa estado ng kababaihan, ang kanilang mga prioridad, problema sa gender, o particular na mga paksa tulad ng reporma sa sistemang panseguridad, trabaho, proteksiyon, at hustisya. Habang nagaganap ang proseso, ang mga grupo ng kababaihan at/o eksperto sa gender ay maaaring mahingan ng komento sa lahat ng aspekto ng proseso at sa mga lumalabas na kasunduan hindi lamang ang seksiyon na may kinalaman sa kababaihan halimbawa ay panlipunang kagalingan, at kahit na anong may kinalaman sa mga bata at mga nakaligtas sa digmaan. Sa pamamagitan ng paglalabas ng mga isyung kritikal sa pagsusulong ng kapayapaan mula sa pananaw ng iba't ibang grupo, kasama ang kababaihan, ito ay makatutulong upang alisin ang misteryo sa ideya ng pag-analisa ng gender at perspektiba nito para sa lahat ng mga actor sa prosesong pangkapayapaan (tingnan sa Annex 2, Mga sanggunian para sa magkatunggaling partido at tagapamagitan at Annex 3 Mga gabay para sa Grupong Namamagitan)

Imapa ang mga istruktura sa pagresolba ng kaguluhan at ipasuri ito sa mga eksperto sa gender:

Bilang bahagi ng pagmapa ng kaguluhan, nararapat na masigurong makasama ang malinaw na pokus sa gender. Ito rin ang pagkakataon upang humanap ng mga pinakamagagaling sa mahalagang isyu, at kunin ang kanilang suporta upang magsulong ng karapatan ng kababaihan at mga holistikong lapit sa gender. Siguruhing ang alin mang yunit o grupo na dapat magsulong ng karapatan ng kababaihan o isyu ng gender ay may titulo at pumapaloob sa mga institusyunal na relasyon na nagbibigay ng kapanagyarihan sa halip na marginalisasyon (pag-uugnay sa kanila halimbawa sa opisina ng PM). Dagdag pa, siguruhing mayroon silang sapat na pinansiyal at organisasyunal na suporta upang maging epektibo (tingan sa annex 2 Mga sanggunian para sa magkatunggaling partido at tagapamagitan at Annex 3 Mga gabay para sa Grupong Namamagitan)

Paggamit sa mga Internasyunal na batas tungkol sa karapatan ng kababaihan bilang sanggunian sa mga kasunduang pangkapayapaan upang mabigyan ito ng kredibilidad, impluwensiya at kumpiyansa:

Ang dumarami at magkakatulad na halimbawa ay nagpapakita na ang mga legal na instrumento at kalakaran sa karapatan ng kababaihan tulad ng Beijing Platform of Action, SCR 1325 at CEDAW at nakakatulong sa mga kababaihan na pagtibayin ang kanilang mga kahilingan, makipaglaban para sa mas maraming representasyon, ilatag ang pundasyon para sa pangmatagalang pagpapalakas ng karapatan ng kababaihan. Ang batayang sanggunian para sa karapatang pantao ay hindi sapat dahil ang mga ito ay karaniwang hindi naipakikita ang progreso ng karapatan ng mga kakabaihan. Ang mga tagapamitan at nagtutunggaling politikal na partido ay maaaaring instrumental sa pagseguro sa malakas na pagpapasok ng mga internasyunal na tratado at batas sa kasunduang pangkapayapaan at istratehiya sa pagpapatupad. (Tingnan ang Annex 1, Mga Pangunahing Internasyunal na kalakaran.)

Lumikha at sumuporta ng mga ligtas na Lugar sa mga kababaihan upang makapaghanda sa partisipasyon:

Kinakailangan magkaroon ang kababaihan ng lugar kung saan sila maaaring makapagpulong at mag-organisa ng kanilang mga sarili bago pa magsimula ang mga usapang pangkapayapaan (at mga kasunduan sa pagtatamo ng kapayapaan upang matalakay ang mga istratehiya sa pagpapatupad). Ang mga impormasyon ay dapat na maibahagi at makapagbuo ng iisang agenda, lalo na

kung paglalapitin ang dalawang magkaibang panig ng kaguluhan. Ang serye ng mga pagpupulong ang makakatutulong sa mga kababaihan upang makabuo ng posisyon, ideya at istratehiya. Ideyal, kung ang mga ito mismo ang tatanungin kung paano nila nais iorganisa ang proseso. Ang pagkuha ng serbisyo ng mga walang kinikilangang tagapag-ugnay ay mahalaga upang mas maraming kababaihan ang makalahok.ANg mga pagtitipong ganito ay maaaring kasama o maiugnay sa "grupong sumusuporta sa 1325" na siyang magmomonito at susuporta sa prosseso. Ang grupo/mga grupo ay maaaring mabigyan ng organisasyunal na suporta (halimbawa,kung paano gumawa ng mga agenda at posisyong papel) dahil maaaring wala pa silang ganitong kasanayan bilang mga kalahok. Dapat magkaroon ng isang paraan ng komunikasyon na magbibigay daan sa isang pag-uusap sa pagitan ng mga nagtutunggaling partido, gayundin ang mga oryentasyon para sa mga tagapamagitan, tagapagpadaloy at donor.

Humanap ng paraan upang maisama ang kritikal na bilang ng kababaihan, at hindi isang kinatawan lamang:

Kailangan ng isang determinadong babae o kahit lalaki na matagumpay na makapagsulong ng karapatan ng kababihan kung siya lamang ang tanging gumagawa nito. Ayon sa HD kailangan din ang kritikal na dami ng parehong babae at lalaki sa grupo ng tagapamagitan at negosasyon- para sa pagpapasok ng isyu ng gender at mas sustenableng kasunduang pangkapayapaan. Ang gawi sa internasyunal na kalakaran sa larangan ito ay humihingi na magkaroon ng 4o porsiyento kababaihan, 40 porsiyento kalalakihan at 20 porsiyentong hindi tukoy (40/40/20 na mungkahi), upang makuha ang kinakailangang kritikal na bilang. Ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng mga quota o pagbuo ng mga pormal na kasunduan na siyang nagtatakda ng isang delegasyong may balanseng gender. Ang partikular na sensibilidad ay kinakailangan sa mga kaguluhang ugnay sa mga panlipunan at etnikong tensiyon. Bagama't ang mga ito ay may pagkasensitibo, napatunayan nang epektibo ang mga quota upang makasilip ng mga bakanteng pwesto sa maaaring mapunuan ng kababaihan. Maaaring iayos at ipaalam ang mga ito bilang unang hakbang at maaaring may takdang panahon at nakaugnay sa mga transisyunal na usapan upang maiwasan ang negatibong reaksiyon. Ipinapahayag ng kasaysayan na kapag ang mga kalalakihang lider ay nagipit kasama ang mga kababaihan, karaniwang pinipili ang mga mababa o mas mahinang mga indibidwal. Ibig sabihin, ang kahusayan at karanasan ng kababaihan ay dapat na ikonsidera nang magkapantay kung paano pinipili ang mga kalalakihang lalahok sa mga panel ng negosasyon: sang-ayon sa merito, kakayahang kumatawan at kapasidad. Ang mga grupo ng tagapa-

magitan, gamit ang kanilang mga saliksik na iminamapa ay maaaring makapagdulog ng mga konstruktibong mungkahi sa mga kanditong may kakayahan na ikinokonsidera.

Hayagang magkaroon ng tinig ang kababaihan, kahit na wala sila sa mismong lugar:

Sa mga pagkakataon kung saan mahirap maipakita ang mismong kalagayan ng kababaihan dahil sa mga kaugalian at paniniwala tungkol sa mga kasarian (pero dapat isinasaalang-alang ng mga tagapagdaloy ng prosesong pangkapayapaan na hindi ito maging dahilan upang hindi nila marating ang kanikanilang lugar), kinakailangang bigyang-diin ang makabagong pamamaraan upang magkaroon ng tinig ang kababaihan sa mga negosasyon. Maaaring ang mga pamamaraang ito ay paghahanap ng mga kalalakihan mula sa mga grupo na may kakayahan at payag na isulong ang karapatan ng kababaihan at mga usapin hinggil sa kasarian; pagbubuo ng hiwalay na grupo (sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng konsultasyon na binabanggit sa ibaba) kung saan magkakaroon ng impormasyon at may kakayahan na talakayin ang mga paksa na nagmula sa mga opisyal na usaping pangkapayapaan. Maaari rin silang makapagbigay ng espesipikong datos gaya ng inimumungkahi sa mga susunod. Kahit na mahirap para sa mga naturing na nmga grupo na mag-usap at maimpluwensiyahan ang kanilang sariling "kinatawan" (mga grupong nagkakalaban-laban), maaari silang makipagkita sa mga grupong internasyonal na siyang magbubuo ng kanilang kredibilidad at tiwala sa sarili. Lahat ng mga gawaing nabanggit ay nagkaunting pananalapi at suporta ng eksperto para ng maging epektibo.

Tiyakin na maisasama ng iilan ang boses ng nakararami:

I-mapa ang mga nasasakupan ng (mga) babaeng kinakatawan na siyang posibleng maging bahagi ng usaping pangkapayaan upang matukoy ang kanilang irerepresenta (o maaaring irepresenta) mula sa mga pamayanan sa labas. Ngangangahulugan nito na kinakailangang magkaroon ng maayos konsultasyon, kinakailangan na maisama ang mga lokal na organisasyon at mga ugnayan upang matukoy nang husto ang mga suportadong kinatawan ng mga organisasyon. Labis na kakain ito ng oras at panahon ngunit isa itong gawaing may kahalagahan. Gagamitin din ang parehong mga ugnayan (hindi lamang ng mga babaeng kinatawan) upang matukoy ang mga pangangailangan at mga isyu ng mga kababaihan sa pamayanan para maisama nang maayos sa mga diskusyon. Karaniwang ang lahi at estado sa buhay ang nagsisilbing sanhi ng hindi pagkakaunawaan (o sa mga isyu sa kontexto), ang kawalan ng pagka-

kaugnay sa mga babaeng natukoy bilang mga kinatawan ay magiging mahalagang bahagi ng gawain ng grupo sa pag-aayos.

Bumuo ng mga pagsasaayos na praktikal na susuporta sa partisipasyon ng kababaihan:

Upang matiyak ang partisipasyon ng kababaihan, kinakailangang matukoy at matanggal ang mga balakid bago magsimula ang pormal na negosasyon. Kasama rito ang mga paghahanap ng tagapamagitan at tagapagdaloy sa abot ng makakaya, ang mga alternatibong pag-aaruga sa mga bata tulad ng pag-babayad para sa kamag-anak para makapunta sa pagdarausan ng usapan para sa kapayapaan para maisama ang mga bata sa malapit na lugar; pagbayad sa akma at mataas na kalidad na pag-aaruga ng bata na babayaran ang gastusin sa pang-araw-araw na pangangailangan at pamasahe; pagtiyak na akma ang mga pasilidad (e.g. banyo sa kababaihan at mga lugar para sa pagdarasal); pagbibigay ng suporta para sa mga naiwang may nangangailangan; pati ang pagtiyak ng proteksiyon at seguridad kapag may paglalakbay at partisipasyon. Sa proseso, kinakailangang hanapin ng mga tagapamagitan ang pananaw ng mga dumalo nang madalas hinggil sa kung may kakayahan silang ibahagi ang sarili na akma sa proseso o kung may ibang gawain na maaaring gawin para suportahan sila. Mapagpaplanuhan ang aspektong ito at makahanap ng pondo para suportahan ang usapan; hindi ito magiging mahal pero makapagbibigay ito ng makabuluhang pagbabago. Dapat na nakapaloob sa pangkahalahatang badget ang gastusing ito, at hindi dagdag na gastusin. Kapreho nito, hindi dapat nakaliligtaan ang kababaihan kung ang partisipasyon nila sa sa implementasyon ng kapayapaan sanhi ng mga parehong isyung teknikal. (Tingnan ang Annex 3 Mga Gabay para sa mga grupong tagapamagitan)

Ang pamumuno bilang halimbawa ng mga pamayanang gumagawa na ng kapayapaan:

Ang mga pagtatangka ng mga internasyonal na komunidad na isulong ang prosesong pangkapayapaan na malay sa kasarian ay magiging epektibo kung ang mismong intersyonal na komunidad mismo ay may sapat na bilang ng mga kababaihan at mga lider na babae at pinapansin ang mga usaping pangkasarian sa lahat ng antas, kasama ang paghahanap ng mga pangangailangan sa kaka-yahang teknikal. Kinakailangang parating pagbuhusan ng pansin at i-apoint ang mga kababaihan na pupuno sa mga posisyon sa delegasyon kasama ang gampaning pang-tagapamagitan. More effort is needed to continuously identify and appoint women to fill positions in delegations including mediation roles. Kinakailangang nagagamit ang lapit at istandard na 40/40/20 sa lugar na ito.

Aksiyon ng Donor:

Marami sa mga mungkahing nailahad sa itaas ay nangangailangan ng panahon at imahinasyon ngunit ang lahat ay nangangailangan ng pondo. Kailangang maipakita ng donor na may nangyayari sa implementasyon ng mga internasyunal na kalakaran ngunit karaniwan kailangan nila ng tulong at mahusay na ideya upang makakuha ng pondo para sa gawaing ganito. Ang mga proposal para sa Grant upang masuportahan ang prosesong pangkapayapaan ay maaaring maglaman ng mga seksiyon tungkol sa implementasyon ng kalakaran para sa mga gawaing katulad ng iminumungkahoi sa itaas. Maaari ring manghingi ng rekomendasyon ang mga donor, halimbawa, mahusay na eksperto sa gender na may ispesipikong teknikal na kasanayan. Ang mga donor ay maaari ring sumuporta at makilahok sa SCR 1325 na grupong sumusuporta para sa partikular na proseso gayundin ang magbigay ng pondo para sa partisipasyon ng kababaihan. Dagdag pa, maaari silang tumulong sa iba pang mga larangan kasama ang pagtulong sa paglalathala at pagkakalat ng mga papel gayundin ang pagtulong sa pagpapaunlad, ngunit ang pinakaimportante, ang implementasyon ng National Action Plans para sa SCR 1325. Ang mga donor ay makakahiling din ng ilang pamantayang dapat maisakatuparan na ugnay sa gender kasama ang pagpapasok ng pagmamapa ng gender; pagtatalaga ng tagapayo sa gender; atensiyon sa isyu ng logistics para sa partisipasyon ng kababaihan; pagsasanay sa ilalim ng mga grupong tagapamagitan at nagtutunggaling partido gayundin sa mga network ng kababaihan sa prosesong pangkapayapaan.

Pagtatala ng mga karanasan:

Krusyal ang paglalathala ng impormasyon at analisis sa mga ginawa para makapagbahagi ng kaalaman, matuto ng mga kaalaman at makabuo ng ugnayan. Posible ang iba't ibang uri, gaya ng: pagtatalaga ng mga maiikling sulatin mula sa mga taong direktang kasangkot sa prosesong pangkapayapaan, pagsasagawa ng Q&A sa mga mahahalagang tao at paglalathala ng artikulo. Nakatutulong din ang pagkuha ng mas maraming impormasyon mula sa publiko upang maging malinis ang grupo ng tagapamagitan sa usapin ng pagkiling. Mula sa mga 2010 indicators, na binuo ng UN Secretary General on Women, Peace and Security Matters, ay isang paraan upang makabuo ng impormasyon para sa mas maayos na polisiya at pagsasagawa sa bahaging ito (Tingnan ang Annex 1, Key International Norms).

Annex 1
Pangunahing Internasyunal na Kalakaran

Convention on the Elimination of Discrimination Against Women (1979)

www2.ohchr.org/english/bodies/cedaw/index.htm and
www.unwomen.org/about-us/guiding-documents/

Tinutukoy rin bilang International Bill of Rights for Women, binubuo ang Convention o CEDAW ng isang komprehensibo at masaklaw na instrumento upang alisin ang diskriminasyon laban sa kababaihan. Binuo ng UN Commission on the Status of Women, tinutugunan ng Convention ang pagsusulong ng mga kababaihan, inilalarawan ang kahulugan ng pagkakapantay-pantay at nagtatakda ng mga panuntunan kung paano ito matatamo. Naghahain din ito ng agenda para sa pagkilos sa mga bansang nag-apruba nito na magkasunod na gumawa ng mga nararapat na hakbang upang paunlarin ang estado ng kababaihan at tapusin ang diskriminasyon at karahaasan laban sa kababaihan. Tatlong pangunahing punto ang pokus nito: karapatang pantao at ang legal na estado ng kababaihan, karapatan sa kalusugang-pangkababaihan at mga salik na bunsod ng kultura na nakaiimpluwensiya sa ugnayang pangkasarian. Tanging ang CEDAW ang kaisa-isang kasunduang pang-karapatang pantao na pinatutunayan ang karapatan sa kalusugang-pangkababaihan at tinutuunan ang kultura at tradisyon na impluwensiyal sa salik na humuhubog ng papel ng kasarian at ugnayang pampamilya. Pinatutunayan din nito ang karapatan ng kababaihan na makakuha, baguhin at panatilihin ang kanilang pagkamamamayan at ang pagkamamamayan ng kanilang mga anak. Pinagkasunduan din ng mga estado na gumawa ng mga naaayong hakbang laban sa mga pang-aabuso sa kababaihan. Sa kasalukuyan, may 186 bansa ang nakibahagi sa Convention.

Beijing Declaration and Platform for Action (1995)

www.un.org/womenwatch/daw/beijing/index.html
www.unwomen.org/about-us/guiding-documents/

Kilala ang dokumentong ito bilang pinakakumprehensibong polisiya sa mundo upang matugunan ang pagkakapantay-pantay ng kasarian, kaunlaran at kapa-

yapaan. Pinagtibay ng mga pamahalaan sa 1995 Fourth World Conference on Women in Beijing, itinatakda ng dokumentong ito ang pagsunod ng mga pamahalaan para paghusayin ang karapatan ng kababaihan. Tunguhin ng kumperensiyang ito na matasa ang debelopment mula nang Nairobi World Conference on Women in 1985 at gumawa ng mga hakbang, nakatuon sa mga mahahalagang isyu na natukoy bilang mga balakid sa pagsulong ng kababaihan sa buong mundo.

Tinukoy nito ang 12 mahahalagang isyu: kahirapan; edukasyon at pagsasanay; kalusugan; karahasan laban sa kababaihan; armadong pakikibaka; ekonomiya; kapangyarihan at pagsasagawa ng desisyon; mekanismong institusyonal; karapatang pantao; kalikasan at mga dalaga.

Narebyu ang Platform for Action sa ilalim ng paggabay ng Commission on the Status of Women na may limang taon na pagitan. Dagdag na impormasyon sa ibaba ay ang mga paglalagom sa mga prosesong ito at ang kinalabasan ay makukuha sa www.un.org/womenwatch/daw/beijing/index.html.

Beijing +5 review (2000):

Bilang karagdagan sa mga pagkilos hinggil sa 12 kritikal na aspekto na binibigyang halaga, binigyang-pansin ng +5 review ng 2000 ang mga bagay na naging mahalaga mula pa noong nagkaroon ng Kumperensiya sa Beijing. Binigyang diin ang pakikisangkot ng mga kababaihan sa pagdedesisyon lalo't higit sa mga hakbang tungo sa pagtataguyod ng kapayapaan; mga tunguhin sa HIV/AIDS at makataong krisis na sensitibo sa usaping pangkasarian; pagbabago sa daloy ng migrasyon; makabagong teknolohiya; karahasan laban sa mga kababaihan, tulad ng trafficking at armadong kaguluhan; at ang pagpapatupad sa kabuuang pagdanas ng pang-ekonomiya, pangkiltura, pansibiko at pampulitikang karapatan ng mga kababaihan. Binigyang pansin din ng pagkilos ang mga pagsubok na kinakaharap ng globalisasayon para sa pagpapatupad ng Beijing Declaration and Platform for Action. See www.un.org/womenwatch/daw/followup/beijing+5.htm

Beijing +10 review (2005):

Katulad ng sa +5 review, nakakitaan ang +10 review ng pag-unlad, bagamat sa hindi regular na pamamaraan at nagbigay diin sa mga aspektong nararapat na bigyang-pansin tulad ng pagbaba ng kahirapan; gampanin ng mga kababaihan sa pagdedesisyon sa pampubliko at pampribadong sektor; diskriminasyon sa mga empleyado; at hindi pagkakapantay-pantay na paggamit sa mga yamang panlipunan at pang-ekonomiya. Gayon din naman, isinasaalang-alang ng review kung paano makakamtan ng pagsisikap ang Millennium Development Goal 3

(tingnan sa ibaba) tungo sa pagpapakilala at pagpapalakas ng mga kababaihan na makatutulong upang ipakalat at ituon ang pansin sa pagsusumikap upang makamtan ang mga pinanghahawakan ng Platform for Action.

Pinaigting ng review ang ilan sa mga usapin hinggil sa higit na pagtataguyod sa mga karapatan ng mga kababaihan:

- Pangangailangan sa higit na pagpapabuti sa pagkakaroon, kalidad at gamit ng mga datos hinggil sa sekswalidad at mga impormasyong pangkasarian.
- Kahalagahan ng mas pinalakas na pagsusumikap sa pakikisangkot ng mga kalalakihan.
- Posibilidad para sa mas epektibong ugnayan sa pagitan ng gobyerno at mga samahang pangkababaihan at mga aktibista.

Pangangailangan upang makilala at kumilos hinggil sa mga natatanging pangangailangan ng mga samahang pangkakabaihan.

See www.un.org/womenwatch/daw/beijing/beijingat10/

Beijing +15 review (2010):

Kasabay ng pagkakaroon ng natatanging pag-unlad sa edukasyon at sa pagbubuo ng mga batas at alituntuning sensitibo sa usaping pangkasarian, binigyang-pansin sa +15 review ng 2010 na ang pag-unlad ay nananatiling hindi patas at ang pagkakaiba-iba (tulad ng lokasyon, kalagayan sa lipunan, etnisidad, edad at kakulangan) ay nananatiling salik na nakapipigil sa mga suliranin at balakid sa antas na rehiyunal at pandaigdigan.

Muli nilang tiningnan ang mga binibigyang-diin na mga usaping hinggil sa higit sa pagtataguyod sa mga karapatan ng mga kababaihan:

- Kakulangan sa kinatawan ng mga kababaihan sa mga katungkulang may kinalaman sa pagdedesisyon sa lahat ng sektor.
- Karahasan laban sa mga kababaihan.
- Limitadong pakikisangkot ng mga kalalakihan.
- Hindi patas na gampanin ng mga kababaihan sa usaping pantahanan.
- Higit na paglaganap sa hindi pantay na pagtingin sa kasarian.

Binigyang-diin din ang pangangailangan sa pagpapatupad ng mga alituntunin at batas gayundin ang mahalagang gampanin ng kalayaan sa usaping pampulitika at pamumuno.

See www.un.org/womenwatch/daw/beijing15/outcomes.html and www.un.org/womenwatch/daw/beijing15/media/Beijing15_Backgrounder_FINAL.pdf

United Nations Security Council Resolution 1325 (2000)

www.un.org/ga/search/view_doc.asp?symbol=S/RES/1325%282000%29

Ginamit noong 2000 ang SCR 1325 ng UN Security Council sa pagtatalaga ng mga layunin na nag-uugnay sa naidudulot sa mga kababaihan ng marahas na kaguluhan at pagbangon mula sa giyera. Pinaaalalahanan nito ang lahat ng kasangkot (estado o hindi estado) sa karahasan at ang kanilang hakbanging isaalang-alang ang mga sumusunod na usapin: tungo sa ikatitigil ng mga karahasang may kinalaman sa usapin ng kasarian at pagpapanagot sa mga taong nasa likod ng mga karahasang ukol sa kasarian at sekswalidad; pakikisangkot ng mga kababaihan sa pagdedesisyong may kinalaman sa pagtataguyod ng kapayapaan; gayun din sa pag-aangkop ng mga usaping pangkasarian sa mga gawain hinggil sa pagpapanatili ng kapayapaan. Ipinapakita rin nito ang kahalagahan ng mga pagsasanay tungkol sa kasarian at karapatan ng mga kababaihan sa pagitan ng mga miyembro ng militar, pulis, at mga may kinalaman sa karapatang pantao. Tinatawagang pansin nito lalo't higit ang paglalahok ng mga kababaihan sa lahat ng antas ng paggawa ng desisyon sa mga usaping may kinalaman sa negosasyon tungo sa kapayapaan.

United Nations Security Council Resolution 1820 (2008)

www.un.org/ga/search/view_doc.asp?symbol=S/RES/1820%282008%29

Iginigiit ng SCR 1820 ang mga Member State ng UN upang kilalanin ang paggamit ng karahasang sekswal bilang kasangkapan sa giyera at litisin ang mga nasa likod ng nasabing karahasan sa panahon ng armadong kaguluhan, ang pagturing dito bilang mga krimeng panggiyera at krimeng laban sa pagiging makatao. Binibigyang-pansin din nito ang pangangailangan upang hindi ibilang ang mga ganitong karahasan sa pagbibigay ng amnestiya sa anumang gawain hinggil sa pagtataguyod ng kapayapaan tulad nang nakalahad sa mga kasunduan. Iginigiit din nito ang UN upang sanayin ang mga miyembro ng militar gayundin ang mga estado upang palakasin ang kanilang kakayanan, kabilang na sa sektor ng kalusugan upang maiwasan, mabigyang-pansin at matugunan ang mga karahasang sekswal sa mga taong walang kamalay-malay sa panahon ng kaguluhan.

United Nations Security Council Resolution 1888 (2009)

www.un.org/ga/search/view_doc.asp?symbol=S/RES/1888%282009%29

Iginigiit ng SCR 1888 ang pagtatalaga ng Secretary General ng isang Special Rapporteur na mangunguna sa pamumuno, pakikipag-ugnayan at paghahan-gad na maipatupad ang SCR 1325 at 1820 at kumilos sa pamamagitan ng

pangunguna sa loob ng ibang ahensya, ang 'United Nations Action Against Sexual Violence in Conflict'. Naganap na ito noong Pebrero 2010 sa pagtatalaga kay Margot Wallström bilang Special Representative sa Sexual Violence in Conflict. Iginigiit sa panukala na ipatupad ang mga hakbanging legal at naaayon sa batas upang maisaayos ng mga biktima at ng mga nakaligtas ang pagsasagawa ng paghingi ng kabayaran mula sa mga taong nasa likod ng karahasang sekswal. Tinatawagan ng pansin ang mga tagapayo para sa proteksyon sa mga kababaihan mula sa grupo ng mga tagapayong pangkasarian at sa loob ng yunit na nangangalaga sa karapatang pantao. Tinatawagan ang UN upang palakasin ang mga kasalukuyang hakbangin sa pagbabantay, at pag-uulat tungkol sa, proteksyon ng mga kababaihan at mga bata mula sa mga karahasang sekswal at may kinalaman sa kasarian.

Security Council Resolution 1889 (2009)

www.un.org/ga/search/view_doc.asp?symbol=S/RES/1889%282009%29

Nilalayon ng SCR 1889 na palakasin ang pagpapatupad at pagbabantay sa SCR 1325. Binbigyang diin nito ang kautusang higit na makalahok ang mga kababaihan at mapaigting ang pagbibigay-pansin sa pakikisangkot ng mga pagtingin ukol sa kasarian sa mga prosesong may kinalaman sa paggawa ng desisyon, lalo't higit sa mga unang bahagi ng pagtataguyod ng kapayapaan matapos ang giyera. Sa madaling salita, hinahangad ng SCR 1889 ang paglilinang ng mga pag-uulat, higit na pakikisangkot ng mga kababaihan at pagpapalakas ng pagpapatupad ng batas at pagtigil ng karahasan.

Security Council Resolution 1960 (2010)

www.un.org/ga/search/view_doc.asp?symbol=S/RES/1960%282010%29

Naipasa ang resolusyon sa ikasampung anibersaryo ng SCR 1325 dahil sa pagbibigay-pansin sa mabagal na paglutas sa usapin ng karahasang sekswal sa panahon ng armadong kaguluhan, lalo pa laban sa mga kababaihan at mga bata. Bukod sa paggigiit ng mga punto sa mga nakaraang resolusyon, ipinaguutos din nito ang pagbuo ng isang mekanismong magbabantay at mag-uulat para sa mga karahasang sekswal sa panahon ng kaguluhan na bubuo sa mga datos at listahan ng mga taong nagpapasimula nito.[159]

159 There was significant outcry from civil society that this resolution had been passed without adequate consultation with women, that it still treats women only as victims and does not recognise the roles their agency and increased participation can, and could, play in reducing their vulnerability to this phenomenon. See, Global Network of Women Peacebuilders, "Letter: UNSCR 1960 and The Need for Focus on Full Implementation of UNSCR 1325 Open Letter to Member States of the Security Council, Re: Res 1960 (Appeals & Demonstrations)," 7 January, (2011). www.peacewomen.org/portal_initiative_initiative.php?id=829. Accessed 25 January, 2011.

Millennium Development Goal (MDG) 3

www.undp.org/mdg/goal3.shtml

Ikatlo ang MDG 3 sa walong Millennium Development Goals na tinanggap ng mga namumuno sa mundo noong 2000 na makakamit sa 2015. Nagbibigay ang mga MGD ng mga tiyak na numerikong batayan upang mapigilan ang sobrang kahirapan at ang mga kaugnay nito. Nagbibigay din ang mga MGD ng balangkas para sa pangkalahatang pandaigdigang komunidad upang magtulong-tulong tungo sa iisang layunin – matiyak na ang pag-unlad ng mga tao ay makaaabot kahit kanino, kahit saan. Napaghati-hati ang walong MGD sa 21 quantifiable targets na nasusukat sa pamamagitan ng 60 indicators.

Hangarin ng MGD 3 na mapalaganap ang pagkakapantay-pantay sa usapin ng kasarian at mapalakas ang mga kababaihan na nagtitiyak na maialis ang diskriminasyon sa kasarian sa mga pamprimarya at pansekondaryang edukasyon sa 2005, at sa lahat ng antas sa 2015. Ang mga palatandaang ginagamit nito ay:

- Ratio ng mga babae sa mga lalaki sa primarya, sekondarya at tersyaryang edukasyon.
- Pakikibahagi ng mga kababaihan sa pagiging empleyado sa labas ng agrikultural na sektor
- Pagkakahati-hati ng mga posisyong hinahawakan ng mga kababaihan sa pambansang parliyamentaryo

Upang pag-aralan muli ang progreso tingnan ang www.undp.org/mdg/progress.shtml

UN Indicators on women, peace and security (2010)

www.peacewomen.org/assets/file/Indicators/sg_report_on_1889-op17.pdf

Noong 2010 ang Secretary General ay naglabas ng isang set ng indikador na sumasakop ng isang malawak na sakop at isyu kaugnay ng kababaihan, gender, kapayapaan, at seguridad. Gamit ang mga indicator na ito para magtalaga at sumukat ng tagumpay ay isang paraan upang makapag-ambag makalikha ng impormasyon at ebidensya para sa kinabukasan ng paggawa ng polisiya at mga gawaing operasyunal.

Ang kasayasayan at iba pang dokumento sa mga indikador na ito ay matatagpuan sa www.peacewomen.org/security_council_monotor/indicators

Annex 2
Mga Batis para sa kaguluhan ng mga partido at tagapamagitan

Ang ilang pangunahing website tungol sa karapatan ng kababaihan, gender, at pagtataguyod ng kapayapaan:

- UN Women: www.unwomen.org/ - partikular tungkol sa Kapayapaan at Seguridad: www.unwomen.org/focus-areas/?show=Peace_and_Security
- WomenWarPeace: www.womenwarpeace.org
- UN: nagbibigay impormasyon at resorses tungkol sa pagkakapantay-pantay ng gender at pagbibigay kapangyarihan sa kababaihan www.un.org/womenwatch
- UN Peacemaker: isang online na mediation support tool para sa internasyunal na pagtataguyod ng kapayapaan na propesyunal at isang ekstensibong databank ng makabagong mga kasunduan sa kapayapaan http://peacemaker.unlb.org/index1.php
- Ang NGO Working Group tungkol sa Kapayapaan at Seguridad ng Kababaihan www.womenpeacesecurity.org/
- Siyanda: isang Online database ng mga materyales sa gender at debelopment mula sa buong mundo. Isa rin itong interaktibong espasyo kung saan ang mga kalahok nito ay nagbabahaginan ng mga idea, karanasan, at resorses. www.siyanda.org
- WISCOMP: Women in Security, Conflict Management and Peace ay may matatag na pagtutok sa proseso ng kapayapaan sa Timog Asya www.wiscomp.org/
- Peace Women: isang proyekto ng Women's International League for Peace and Freedom (WILPF) na nagmomonitor sa UN Security Council, ang UN system, at nagbibigay ng isang lugar para sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa kababaihan, kapayapaan, at seguridad www.peacewomen.org

- Surian para sa inklusibong Seguridad: may aktibong papel hinggil sa pananaliksik at dokumentasyon, partnersyip at pagsasanay.www.inclusive security.org
- Joan B. Kroc Institute for Peace and Justice: www.sandiego.edu/peace studies/ipj/ particular sa Women Peace Makers Program www.sandiego.edu/peacestudies/ipj/programs/women_peace_makers/index.php
- FEMLINK Pasipiko: ay may matatag na pagtutok sa proseso ng kapayapaan sa Pasipiko www.femlinkPasipiko.org.fj
- International Civil Society Action Network (ICAN) ay nagbibigay ng resorses at networking sa partisipasyon ng kababaihan tungkol sa kapayapaan, katarungan, at pagsisikap na magka-ayos www.icanpeacework.org
- United States Institute for PeaceCenters for Innovation, Gender and Peacebuilding initiative www.usip.org/programs/centers/gender-and-peacebuilding-initiative
- Women in International Security: http://wiis.georgetown.edu/
- Centre for Humanitarian Dialogue: www.hdcentre.org/projects/gender-mediation

Ilang Piling batis:

Ariño, María Villellas, *Nepal; A gender view of the armed conflict and the peace process* in *Peacebuilding Paper 4, School for a Culture of Peace*, (Barcelona: Escola de Cultura de Pau, 2008).

Bell, Christine, "Women address the problem of peace agreements," in Coomaraswamy, Radhika and Fonseka, Dilrukshi (Eds.), *Peace Work: Women, Armed Conflict and Negotiation,* (New Delhi: Women Unlimited, 2004).

Bell, Christine and O'Rourke, Catherine, "Peace Agreements or Pieces of Paper? The Impact of UNSC Resolution 1325 on Peace Processes and Their Agreements," *International and Comparative Law Quarterly*, Vol. 59, October (2010).

Bhagwan Rolls, Sharon, *Women as Mediators in Pasipiko Conflict Zones* (Philippines: ISIS, 2006) www.isiswomen.org/downloads/wia/wia-2006-2/02wia06_03Sharon.pdf

Chhabra, Satbeer, *Gender perspectives in peace initiatives: Opportunities and challenges*, (New Delhi: Women Development Division, NIPCCD, 2005).

Gender Action for Peace and Security, *Report on Involving Men in the Implementation of UN Security Council Resolution 1325 on Women, Peace and Security* (London: International Alert, 2007).

www.international-alert.org/pdf/GAPS_Men1325_report.pdf

Initiative for Quiet Diplomacy, *SCR 1325 and Women's Participation: Operational Guidelines for Conflict Resolution and Peace Processes,* (Colchester: Initiative for Quiet Diplomacy, 2010).

http://iqdiplomacy.org/images/stories/handbook/pdf/scr1325_iqd.pdf

Institute for Inclusive Security,*Inclusive Security, Sustainable Peace: A Toolkit for Advocacy and Action*, (Washington DC: Institute for Inclusive Security, 2004).

www.huntalternatives.org

Manchanda, Rita, *Women War and Peace in South Asya: Beyond Victimhood to Agency,*(New Delhi: Sage, 2001).

Page, Michelle, Whitman, Tobie and Anderson, Cecilia, *Strategies for Policymakers: Bringing Women into Peace Negotiations*, (Washington DC: The Institute for Inclusive Security, 2009).

www.huntalternatives.org/pages/7640_strategies_for_policymakers.cfm

Samuel, Kumudini, *Women's Agency in Peace Making within the context of Democracy and Citizenship – the Case of Sri Lanka*, Development Alternatives with Women for a New Era, (Quezon City: DAWN, no date).

www.dawnnet.org/uploads/documents/PAPER_KUMI_Womens%20Agency%20in%20Peacemaking.pdf

Skjelsbaek, Inger and Smith, Dan (Eds.), *Gender, Peace and Conflict,* (London: Sage and Oslo: International Peace Research Institute, 2001).

Steinberg, Donald, *Beyond Words and Resolutions: An Agenda for UNSCR 1325*, (Brussels: International Crisis Group, 2010, June 30).

www.crisisgroup.org/en/publication-type/commentary/steinberg-beyond-words-and-resolutions-an-agenda-for-unscr-1325.aspx

UNIFEM, *Women's Participation in Peace Negotiations: Connections between Presence and Influence,* (New York: UNIFEM, 2009). www.realizingrights.org/pdf/UNIFEM_handout_Women_in_peace_processes_Brief_April_20_2009.pdf

United Nations, *Peace agreements as a means for promoting gender equality and ensuring participation of women –A framework of model provisions,* Report of the Expert Group Meeting, Ottawa, Canada, 10-13 November, United Nations Division for the Advancement of Women, Office of the Special Adviser on Gender Issues and Advancement of Women, Department of Political Affairs, (New York: UN Division for the Advancement of Women, 2003).

UNIFEM, *Securing the Peace: Guiding the International Community towards Women's Effective Participation throughout Peace Processes,* (New York: UNIFEM, 2005). www.unifem.org/resources/item_detail.php?ProductID=53

United Nations, *Inventory of UN Resources on Women, Peace and Security*, (New York: United Nations, 2006).

www.un.org/womenwatch/osagi/resources/wps/Inventory-27Oct2006.pdf

Centre for Humanitarian Dialogue publications

From the Women at the Peace Table: Asia Pacific Opinion Piece Series:

Baechler,Günther, "A mediator's perspective: women and the Nepali peace process," *Opinion Piece, Women at the Peace Table: Asya Pasipiko Opinion Series, No. 1,*(Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2010).

Samuel, Kumudini, "The importance of autonomy: Women and the Sri Lankan Peace Negotiations," *Opinion Piece, Women at the Peace Table: Asya Pasipiko Opinion Series, No. 2,*(Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2010).

Manchanda, Rita, "Nepali women seize the new political dawn," *Opinion Piece, Women at the Peace Table: Asya Pasipiko Opinion Series, No. 3,* (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2010).

Bell, Christine and O'Rourke, Catherine, "UN Security Council 1325 and Peace Negotiations and Agreements," *Opinion Piece, Women at the Peace Table: Asya Pasipiko Opinion Series, No. 4,* (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2011).

Potter, Antonia, 'G is for Gendered: taking the mystery out of engendering peace agreements', *Opinion Piece, Women at the Peace Table: Asya Pasipiko Opinion Series, No. 5*, (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2011).

From the 'Women at the Indonesian Peace Table' project:

Women at the Indonesian peace table: Enhancing the contributions of women to conflict resolution. Report and policy recommendations with the Indonesian Institute of Sciences, (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2010). Available in English and Bahasa Indonesia.

Oslo forum papers and Opinion Pieces:

Potter, Antonia, "We the Women: Why conflict mediation is not just a job for men," *Opinion Piece*, (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2005).

Potter, Antonia, "Gender sensitivity: nicety or necessity in peace process management," *Oslo forum paper,* (Geneva: Centre for Humanitarian Dialogue, 2008).

Annex 3
Mga Gabay para sa mga grupong tagapamagitan

Ang pag-unawa sa mga paraan kung saan dapat isama at makita ang perspektiba ng kasarian sa proseso ng kapayapaan ay isang batayang kahingian para sa komunidad na nagtataguyod ng kapayapaan. Ito ang nasa sa isip nang buuin ang simpleng gabay na ito at upang kumatawan sa pangunahing mga element na dapat bigyang halaga sa oriyentasyon, pagmamapa, pagpaplano at konsultasyon. Ang mga gabay ay hindi nabubuo bilang mga tanong kundi bilang isyu at tema na dapat ikonsider. Hindi ito komprehensibo subalit nagbibigay ng pagsisimula para sa kaninuman na sangkot sa isang proseso ng medyasyon na gagamitin. Ang indikador ng UN noong 2010 tungkol sa kababaihan, kapayapaan, at seguridad ay dapat ding tingnan dito.

Kalagayan ng Kababaihan:

- Antas ng literasi ng mga kalalakihan at kababaihan, at mga batang babae at lalaki.
- Antas ng edukasyon ng mga kalalakihan at kababaihan, at mga batang babae at lalaki.
- Kalagayan ng kalusugan ng ina.
- Bilang ng kababaihan sa pambansa at parliamentong antas ng estado, pansinin ang sakop ng paglikha ng desisyon na naabot ng mga kababaihan.
- Bilang ng kababaihan sa pambansang gabinete o panloob ng ministri.
- Antas at anyo ng pagmamay-aari ng kayamanan ng kababaihan, estado ng batas sa pagmamay-ari kaugnay ng mga babae (lalo na kaugnay sa, halimbawa iyong balo/nag-iisa sa bahay, iba pang uri ng ulo ng pamilya na nagresulta sa kaguluhan, batas sa mana)
- Mga papel ng kababaihan na may kaugnayan sa mahalagang kapangyarihan ng lalaki (halimbawa asawa ng pangulo).

- Mga papel ng kababaihan at batang babae sa mahalagang sector ng ekonomiya.
- Kalagayan ng batas pangmag-asawa at kaugnay na mga karapatan.
- Kalagayan ng civil society sa pangkalahatan (bukas/sara, mature/umuunlad/ sumisibol).
- Kalagayan ng kilusang kababaihan/ grupong (tingnan sa ibaba sa grupo ng kababaihan).

Karahasan Laban sa Kababaihan /Violence against women (VAW):

- Insidente at pananatili ng pagkakaroon ng VAW at mga pangunahing anyo, partikular kabilang ang digmaan/kaguluhan kaugnay sa karahasang sekswal.
- Balangkas ng batas at mga polisiya sa lugar.
- Saklaw ng mga karahasang sekswal sa mga lugar na may kaguluhan.
- Posible ang mga panukat, o sa lugar, para sa pagsasakdal para sa karahasang sekswal (halimbawa para sa grupong lumilibot para mangolekta ng ebidensya kaugnay ng forensic, lumilibot ng korte).

Mga epekto ng kaguluhan:

- Ang I-mapa ang iba't ibang epekto ng kaguluhan sa mga kababaihan at kalalakihan, ng mga batang babae at lalaki.
- Paghiwa-hiwalayin (o hilingin) ang mga datos sa pamamagitan ng kasarian (halimbawa, populasyon, kaguluhan ng pagkamatay, pagkawalay, pagkakasangkot sa armadong kilusan ng rebelde/pwersang military/partidong politikal, mga papel sa mahalagang sector pang-ekonomiya).
- Makilala ang 'mga ganansiya" na nakuha ng mga kababaihan sa pamamagitan ng labanan hindi lang ang 'nawala' (halimbawa, mas malaking kalayaan, kapangyarihan, ekonomiko at iba pang anyo ng control).

Ang naglalabanang puwersa at ang sector ng seguridad:

- Bilang ng mga lalaki at babae sa armadong grupo, hukbong military, militia at iba pang armadong kilusan.
- Uri ng papel ng kababaihang (batang babae) ginampanan sa lumalabang puwersa: kabilang ang mga armado, mensahera, tagasuporta at tagasunod sa kampo.

- Pagkakaroon at pananatili ng puwersahang pagre-recruit ng kababaihan at batang babae.
- Antas at uri ng posisyon ng pamumuno na hinahawakan ng kababaihan (pormal at impormal).
- Pagkakaroon at pananatili ng karahasang sekswal sa pamamagitan ng puwersang lumalaban sa mga sibilyan at kasapi ng lumalabang puwersa.
- Pagkakaroon ng pagpapanatili ng eksploytasyong sekswal ng mga tagapag-ingat ng kapayapaan.
- Uri ng mga isyu na kinasangkutan ng mga kababaihan sa itaaas na kahaharapin matapos ang di pagkilosl at bilang bahagi ng pagsasamang muli.
- Bilang at papel ng kababaihan sa serbisyo ng pulis, serbisyo ng intelihensya, militar, hudikatura at serbisyo sa preso.

Tigil-Putukan:

- Ang pagsasama sa usapin ng gender sa mga nakaraang kasunduang pangkapayapaan ay kasama ngunit hindi limitado sa pagtigil sa lahat ng anyo ng karahasang sekswal; ang puwersahang pagre-recruit o pagsasali sa mga batang lalaki at babae sa puwersang lumalaban; at ang pagkakasangot ng kababaihan sa pagmomonitor ng proseso.
- Pagmomonitor ng mga mekanismo sa mga nakaraang tigil-putukan at kung papaano ito mapapahusay sa mga susunod na kasunduan, partikular kaugnay ng karahasang nakabatay sa gender.
- Kakayahan sa pagsasanay ng grupong nagmomonitor ng tigil-putukan sa pagmomonitor at pagpigil sa karahasang gender at sekswal.
- Bilang ng kababaihan sa grupong nagmomonitor ng tigil-putukan.

Negosasyon sa Kapayapaan:

- Ang posibilidad na mabigyan ang mga naglalabanang partido ng mga resources na may impormasyong puno ng makabuluhang norm at pamantayan (tingnan ang Annex 2, Resources para sa may gulong partido at mga tagapamagitan).
- Ang mga inangking papel ng kababaihan (dati nang papel na ginampanan) sa usaping pangkapayapaan.

- Mga paraan kung saan ang kababaihan ay higit na makakasama sa paggamit ng lapit at pamantayan sa pagkakaroon ng representasyon/ pagsasama ng 40% ng kababaihan, 40% ng kalalakihan at 20% ng di kilala (40/40/20 na iskema).
- Ang posibilidad ng pagsusulong ng pagkakaroon ng kinatawan ng kababaihan na isasama bilang kalahok na tematiko sa usapan ng kapayapaan.
- Ang posibilidad ng pages-set ng quota sa partisipasyon ng kababaihan.
- Kakayanan ng usapan na magsagawa ng konsultasyon sa kinatawan ng kababaihan sa pangkalahatan.
- Ang mga paraan kung saan ang pananaw at karapatan ng kababaihan ay inuunawa at isinama sa mga talakayan tungkol sa mga isyu tulad ng pagbabahagi ng kapangyarihan, pamamahala ng resources, pagmamay-ari ng lupa, DDR, pagbawas ng seguridad/karahasan, katarungan at pagiging tapat (Ilan lang sa iba pang isyu).
- Ang posibilidad ng suportang logistiks upang bigyang pagakataon ang mga kababaihan sa negosasyon (halimbawa, transportation, seguridad, pag-aalaga ng bata at kinakailangang pasilidad).

Kasunduang Pangkapayapaan:

- Ang posibilidad ng makagawa ng kasuduan na nakaayon sa internasyunal na kalakaran (Annex 1, Pangunahing Internasyunal na Kalakaran)
- Ang pagsasama ng mga bahaging may ugnay sa gender at lengguaheng sensitibo sa gender sa mga naunang kasunduang pangkapayapaan.
- Mga mekanismo sa pag-monitor sa mga naunang kasuduan at kung paano mas mapahuhusay ang mga ito sa mga hinaharap na kasunduan, partikular ang mga may kaugnayan sa karapatan ng kababaihan at mga polsiiyang may kinalaman sa gender.
- Pag-aralan ang kasunduan kung ito ay gumagamit ng lengguaheng sensitibo sa gender.
- Mga uri ng mekanismo sa implementasyon kasama ang impormasyon para sa pagiging sustenable (pondo, yamang-tao o mga tauhan), panahon ng implementasyon, mandato, pag-aralan ang mgsa proseso at pananagutan.
- Pagkakapantay ng gender sa mga komiteng nagpapatupad, at mga ang mga grupo sa komisyon.

Mga Grupong Namamagitan:

- Ang pananaw ng lider ng grupo sa usapin ng gender.
- Pagsasama ng gender sa mga grupong tagapamagitan.
- Mga posibilidad sa pagpapahusay ng pagsasama ng gender alinsunod sa 40/40/20 na pamamaraan at istandard.
- Pagtatalaga ng isang tagapayo at eksperto sa gender.
- Ang istratehiya sa pagsasalin ng kaalaman at kakayahan sa grupo upang magkaroon ng kahusayan sa gender gayundin upang mas tumaas ang senyoridad ng kababaihan sa grupo.
- Pangangailang para sa pagsasanay sa mga grupo ng tagapamagitan.
- Regular na pag-aaral sa mga pagpupunyagi ng grupo ng tagapamagitan at kanilang mga layon sa gender (halimbawa, isang pangkalahatang pag-aaral ng bawat sangkapat na bahagi ng taon at ang isang detalyadong pag-aaral tuwing 6-12 buwan).

Mga Panel at grupo ng mga partidong kasangkot sa kaguluhan:

- Paghahalo ng kasarian para sa mga panel o grupo ng mga partidong sangkot sa kaguluhan.
- Mga posibilidad kung paano mas mapahusay ang pagsasama ng gender gamit ang 40/40/20 na pamamaraan at pamantayan.
- Oportunidad para sa dumaraming bilang ng kababaihan kasama ang mga pondong kinakailangan upang magawa ito.
- Oportunidad at suporta para sa lalaking miyembro ng panel o grupo upang maisulong ang karapatan ng kababaihan at usapin ng gender.
- Mga pamamaraan upang makapaghayag ang mga partidong may tunggalian, tagapamagitan at iba pang tagapagpadaloy sa mga grupo ng kababaihan at network.

Suporta para sa mga Internasyunal na Kalakaran:

- Pagkakaroon ng mga “Grupo ng Kaibigan” para sa prosesong pangkapayapaan; pokus sa gender at pakikilahok ng kababaihan sa prosesong nabanggit
- Pagkuha ng pambansang mga lagda at ratipikasyon para sa mga Internasyunal na tratado at istandard na kaugnay sa karapatan ng kababaihan. (Tingnan ang Annex 1, Pangunahing Internasyunal na kalakaran.)

- Lagda at ratipikasyon ng mga mahahalagang kasunduan sa rehiyon.
- Mga istratehiya at/o pag-unlad sa pagsusulong ng mga tratado at kalakaran sa pambansa at rehiyunal na lebel.

Mga Organisasyon at Network ng Kababaihan:

- Mga uri ng grupo at network ng kababaihan.
- Pakikiugnay sa mga grupo at network ng kababaihan.
- Ugnayan sa pagitan ng mga grupo ng kababaihan at mga kinatawan/ delegado sa usapang pangkapayapaan..
- Lebel at kapasidad ng kababaihan na maaaring makilahok sa prosesong pangkapayapaan.

Impormasyon:

- Impormasyon at pagsusuri na kailangang paunlarin.
- Impormasyong maaaring isapubliko tungkol sa usapin ng gender sa usapang pangkapayapaan.
- Posibilidad ng pagsasagawa ng mga pampublikong gawain (halimbawa, forum at pagbibigay oryentasyon) tungol sa gender, karapatan ng kababaihan at prosesong pangkapayapaan.